



**Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng mga Eleksyon
Pamplet ng Impormasyon para sa Botante**

Hunyo 7, 2022

Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon

**Gumawa ng pagbabago
sa inyong lungsod at estado!**

VOTE

**Sa Araw ng Eleksyon,
huwag magpahuling bumoto!**

Para sa eleksyon na gaganapin sa Hunyo 7, padadalhan ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng aktibo na rehistradong botante ng balota sa koreo sa unang bahagi ng Mayo at magaalok din ng mga opsiyon sa pagboto nang personal bago o sa Araw ng Eleksyon.

Para sa Halimbawang Balota ng eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng mga nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa [sfelections.org](https://www.sfelections.org).

Mabilisang Gabay para sa Hunyo 7, 2022 na Eleksyon



Mga Highlights ng Eleksyon

- Ipadadala ang mga balota sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng rehistradong botante. Nangangahulugan ito na maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang botante sa halip na pumunta pa sa botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Maaaring ma-access ng sinumang rehistradong botante ang kanilang balota gamit ang Sistema ng Accessible na Vote-by-Mail sa sfelections.org/access.
- Mayroong oportunidad na makaboto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall at sa mahigit 588 na lugar ng botohan.

Kasama sa loob ng pamplet na ito ang karagdagang impormasyon ukol sa mga opsyon sa pagboto.

Mga Mahahalagang Petsa

Mayo 9 • Magsisimulang dumating ang mga balota sa mailbox ng mga botante. Magbubukas din ang Sistema ng Accessible na Vote-by-Mail (AVBM) para sa lahat ng lokal na rehistradong botante. Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balota. Magagamit ang 34 na opisyal na kahon na hulugan ng balota sa buong San Francisco.

Mayo 23 • Huling araw ng pagpaparehistro upang makaboto at makatanggap ng balota sa koreo. Matapos ang Mayo 23, maaari pa ring personal na magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan ang sinumang kuwalipikado na bumoto.

Mayo 28–29 at Hunyo 4–5 • Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon. Ang mga oras para sa mga Sabado at Linggo ay mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.

ARAW NG ELEKSYON, Martes, Hunyo 7 ★ Bukas ang lahat ng lugar ng botohan para sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail at sa pagboto nang personal mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Para mabilang, dapat mai-postmark bago o sa araw ng Hunyo 7 ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo, at ang mga balotang ibabalik nang personal ay dapat maihatid sa Sentro ng Botohan sa City Hall, sa kahon na hulugan ng balota o sa lugar ng botohan nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7.



Gusto ba ninyong kumita ng pera habang tumutulong sa inyong komunidad?

Sumali bilang manggagawa sa lugar ng botohan – maaari kayong makatanggap ng sahod na aabot sa \$240 habang nagsisilbi sa mga botante sa lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon! Espesyal kaming nangangailangan ng mga indibidwal na nagsasalita ng iba't ibang wika! Mag-sign up sa sfelections.org/pwa o tumawag sa amin sa (415) 554-4395.

Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon – Hunyo 7, 2022

Pangkalahatang Impormasyon

Mahahalagang Petsa at Bagay	
Tungkol sa Eleksyon (loob ng harap na pabalat)	
Sulat mula sa Direktor	2
Pangkalahatang Buod ukol sa Opisyal na mga Mapagkukunan ng Impormasyon ng Botante	3
Ang Ballot Simplification Committee	3
Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)	3
Mga Bagong Linya ng mga Pinagbobotohang Distrito para sa 2022	4
Bagong Mapa ng mga Distrito ng Asembleya	5
Bagong Mapa ng mga Kongresyonal na Distrito	5
Mga Opsiyon sa Pagboto	6
Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo	6
Bumoto nang Maaga sa Sentro ng Botohan sa City Hall	7
Bumoto sa Itinalaga para sa inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon	7
Mapa at Lokasyon ng mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco	8
Nangangailangan ang San Francisco ng mga Manggagawa sa Lugar ng Botohan	10
Batas sa mga Karapatan ng Botante	11
Accessible na Pagboto at mga Serbisyo	12
Tulong sa wikang Filipino	15
Libreng mga Klase sa Ingles	15
Pagmamarka sa Inyong Balota	16
Paano makakukuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo	16
Mga Madalas Itanong ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco	29
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro	29
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)	30
Mga Madalas Itanong (FAQs) tungkol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail	30
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal	31
Impormasyon Ukol sa mga Ipinagbabawal na Gawain sa Eleksyon	68
Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod	70
Panatiliing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante	71
Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante	71
Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)	71
Worksheet ng Balota	72
Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan (loob ng harap na pabalat)	
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Website ng Departamento ng mga Eleksyon(likod na pabalat)	
Address ng inyong lugar ng botohan(likod na pabalat)	

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng mga Kandidato

Primaryang Eleksyon ng California	18
Impormasyon Tungkol sa Kandidato at Katungkulan	18
Mga Pag-endoso ng Partido	19
Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos	20
Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado	25
Kandidato para sa Abugado ng Lungsod	28

Mga Lokal na Panukalang-Batas sa Balota

Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento	33
Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco	34
Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman	36
A Bond (utang ng gobyerno) para sa Pagiging Maaasahan ng Muni at Kaligtasan sa mga Kalye	38
B Building Inspection Commission (Komisyon sa Pag-iinspeksiyon ng mga Gusali)	42
C Iskedyul ng mga Gawain para sa Recall (Pagpapaalis sa Katungkulan) at Pagtatalaga para sa Nabakanteng mga Katungkulan	46
D Office of Victim and Witness Rights (Opisina para sa mga Karapatan ng mga Biktima at Saksi); Serbisyo Legal para sa mga Biktima ng Karahasan sa Tahanan	50
E Behested Payments (Perang Hinihiling ng Pampublikong Opisyal para sa Layuning Lehislatibo, para sa Gobyerno, o Pangkawanggawa)	55
F Pangongolekta at Pagtatapon sa Basura	58
G Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan	62
H Panukala ukol sa Recall (Pagpapaalis sa Katungkulan) ni Chesa Boudin	66

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* sa Mayo 25 at 26.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnica
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC



Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Direktor

Mahal na Botante ng San Francisco,

Abril 6, 2022

Ang Consolidated Statewide Direct Primary Election (Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon) sa Hunyo 7, 2022 ang unang eleksyon na gagamit ng bagong mga lehislatibong hangganan ng mga distrito para sa pederal at pang-estadong katungkulan, na iginuhit ng California Citizens Redistricting Commission (Komisyon ng mga Mamamayan para sa Muling Pagdidistrito ng California) at nakabatay sa impormasyon na mula sa tuwing ika-sampung taon na senso noong 2020. Isang epekto ay ang posibilidad na “naninirahan” na ngayon ang maraming botante na hindi lumipat kamakailan sa bagong lehislatibo na mga distrito. Isa pang epekto ang hindi na paglilista sa mga balota ng mga nasa katungkulan na mula sa “dating” distrito ng ilang botante.

Bisitahin ang aming website na sfelections.sfgov.org/maps para sa ilang mapa na nagkakaloob ng bagong mga hangganan o boundaries para sa Pang-assemblya ng Estado at Kongresyonal na mga Distrito sa San Francisco. Nagkakaloob ang mga mapa ng paraan ng pagtingin na nagpapakita ng mga seksiyon ng Lungsod kung saan makararanas ang mga botante ng pagbabago sa kanilang pederal at pang-estado na lehislatibong mga distrito at kinatawan.

Maaari din ninyong gamitin ang “Voting Districts Lookup Tool (Kasangkapan para sa Paghahanap ng mga Distrito sa Pagboto)” ng Departamento sa aming website na sfelections.org/myvotingdistrict upang malaman kung nagbago na ang inyong lehislatibong distrito. Nagkakaloob ang online tool na ito ng listahan ng dati at bagong mga distrito, na nagpapahintulot sa mabilisang paraan upang malaman kung nagbago na ang alinman sa inyong lehislatibong distrito. Maaari din ninyong mahanap ang inyong mga distrito sa pabalat na nasa harapan ng pamplet na ito para sa pagbibigay ng impormasyon sa mga botante. Nakalimbag sa pinaka-ibaba ng pabalat ang numero ng mga distrito para sa Kongresyonal (CD) at Pang-assemblya ng Estado (AD) na mga distrito.

Isa pang bagay na dapat ninyong bigyan ng pansin ay ang pagkakasama sa inyong balota ng dalawang labanan para sa Senado ng Estados Unidos. Ang unang makikita na labanan para sa Senado ng Estados Unidos ay maghahalal ng kandidato na maglilingkod sa bagong termino na magsisimula sa Enero 2023. Ang ikalawang makikita na labanan para sa Senado ay maghahalal ng kandidato na maglilingkod para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino, na magtatapos sa Enero 2023.

Pagsasauli ng Inyong Balotang Vote-by-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

Kapag inihulog ninyo ang sobrang naglalaman ng inyong balota sa asul na kahon ng USPS, o sa letterbox, pakitiyak ang araw at petsa na kokolektahin ng USPS ang inyong balota. Ang dahilan nito ay ang pagbilang lamang ng Departamento ng mga balota na nasa [sobrang may marka ng koreo bago ang, o sa petsa, ng Araw ng Eleksyon, na Hunyo 7](#). Puwede ninyong mahanap ang pinakamalapit na kahon ng USPS at ang mga oras ng pagkuha sa usps.com/locator.

Simula Mayo 9 at hanggang 8 p.m. ng Araw ng Eleksyon, magkakaloob ang Departamento ng 34 opisyal na drop box para sa balota sa mga komunidad sa kabuuan ng San Francisco. Sinumang botante ay maaaring piliin ang paggamit ng opisyal na drop box para sa balota sa pagsasauli ng kanyang nabotahan nang balota. Matatagpuan ninyo ang kinaroroonan ng mga drop box para sa balota sa pamplet na ito na nagbibigay ng impormasyon sa botante, at sa aming website, na sfelections.org/balotdropoff.

Sa Araw ng Eleksyon, puwede rin ninyong isauli ang inyong nabotahan nang balota sa alinman sa 588 lugar ng botohan sa komunidad, na bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Pagsabaybay sa Katayuan ng Inyong Balotang Vote-by-Mail

Maaaring masubaybayan ng mga botante ang kanilang balota habang dumaraan ang mga ito sa mga hakbang ng pagsasama-sama, paghahatid, pagpoproseso, at pagbibilang sa sfelections.org/voterportal. Puwede ring magpalista ang mga botante upang makatanggap ng abiso sa katayuan ng kanilang balota sa pamamagitan ng email, text, o voice message sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Sistemang Vote-by-Mail na Puwedeng Magamit Kahit mula sa Ibang Lugar

Simula sa Mayo 9, magagamit na ng sinumang botante ang aksesibleng sistema na vote-by-mail (AVBM) ng Departamento sa sfelections.org/access at nang makuha at mamarkahan ang kanyang balota gamit ang sariling pantulong na teknolohiya. Matapos markahan ang AVBM na balota, kailangan i-print out ng botante ang balota, ilagay ito sa sobre, at isauli ang sobre ng balota sa Department of Elections.

Pagboto nang Personal o In-Person

Sa Mayo 9, buksan ng Departamento ang Voting Center (Sentro ng Botohan) nito na matatagpuan sa loob ng City Hall, at magagamit ito ng lahat ng botante.

Bukas ang Voting Center mula Lunes hanggang Biyernes (maliban sa Memorial Day o Araw ng Paggunita sa Lunes, Mayo 30) nang 8 a.m. – 5 p.m., sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Mayo 28 – 29, at Hunyo 4 – 5), 10 a.m. – 4 p.m., at sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, 7 a.m. – 8 p.m. Paglilingkuran ng Voting Center ang lahat ng residente ng Lungsod na gustong bumoto nang personal, ihulog ang kanilang nabotahan nang balota, gumamit ng aksesibleng kagamitan sa pagboto, o, matapos ang Mayo 23 na huling araw ng pagpaparehistro, probisyonal na makapagparehistro at makaboto.

Sa Araw ng Eleksyon, magbubukas ang mga lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at mga serbisyo para sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Nakasulat ang kinaroroonan ng inyong lugar ng botohan sa likod na pabalat ng pamplet na ito.

Para sa iba pang impormasyon, tawagan ang Departamento sa (415) 554-4310, mag-email sa sfvote@sfgov.org, o bumisita sa sfelections.org.

Gumagalang,
John Arntz, Direktor



Pangkalahatang Buod ukol sa Opisyal na mga Mapagkukunan ng Impormasyon ng Botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inihahanda ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang Voter Information Pamphlet (VIP, o Pamplet ng Impormasyon para sa Botante) bago ang bawat eleksyon at ibinibigay ito sa bawat rehistradong botante ayon sa hinihiling ng batas.

Nilalaman ng pamplet na ito ang impormasyon tungkol sa pagboto para sa Hunyo 7 na eleksyon, mga kandidato na tumatakbo para sa panlokal at ilang mga pang-estado at pampederal na katungkulan, pati na rin ang tungkol sa mga lokal na panukalang-batas sa balota. Kung nais ninyong makita ang inyong halimbawang balota, mangyaring tingnan ang Ingles na bersiyon ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante na ipinadala sa inyo.

Makukuha rin online ang pamplet na ito sa mga format na PDF, HTML, o XML sa sfelections.org/vip. Makakukuha ng bersiyon na malaki ang pagkaka-imprensa kung hihilingin, tumawag lamang sa (415) 554-4310.

Ang Gabay na Impormasyon para sa Botante ng California

Binibigay ng Kalihim ng Estado ng California (California Secretary of State, SOS) ang Voter Information Guide (VIG, o Gabay na Impormasyon para sa Botante), na may impormasyon tungkol sa mga kandidato sa ilang pang-estado o pampederal na katungkulan at mga pang-estadong panukalang-batas sa balota. Maaari ninyong makuha ang gabay sa voterguide.sos.ca.gov.

Nais ba ninyong makatipid ng papel? Alinsunod sa batas sa eleksyon, kailangang padalhan ng mga opisyal ng eleksyon ang lahat ng rehistradong botante ng naka-imprentang kopya ng pamplet, maliban na lang ang mga tumanggap mapadalhan ng naka-imprentang kopya at ginusto ang elektronikong pagpapadala. Para piliin o tanggihan ang pagpapadala sa koreo ng naka-imprentang kopya ng pamplet, mangyaring isumite ang inyong kahilingan sa sfelections.org/voterportal o tumawag sa (415) 554-4310.

Ang Ballot Simplification Committee

Bago sumapit ang bawat eleksyon, nagtatrabaho ang Komite para Gawing mas Simple ang Balota (BSC) sa mga pampublikong pagpupulong para maghanda ng walang kinikilingang pagbubuod sa simpleng salita ng bawat lokal na panukalang-batas sa balota. Tumutulong din ang BSC sa paghahanda ng "Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman" (Words You Need to Know) at ang "Mga Madalas Itanong" (Frequently Asked Questions, FAQs) na mga seksiyon ng VIP.

Ang mga miyembro ng BSC ay mga boluntaryo na nanggaling sa iba't ibang karanasan, kasama na ang pamamahayag, edukasyon, at nakasulat na komunikasyon. Ang mga kasalukuyang miyembro ng BSC ay sina:

Betty Packard, Tagapangulo

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences

Ann Merrill

Nominado ng:

League of Women Voters

Scott Patterson

Nominado ng:

National Academy of Television Arts and Sciences

Michele Anderson

Nominado ng:

Pacific Media Workers Guild

Andrew Shen, *ex officio**

Deputy City Attorney

Ana Flores, *ex officio**

Deputy City Attorney

**Ayon sa batas, ang City Attorney, o ang kinatawan niya, ay naglilingkod sa Ballot Simplification Committee at maaaring magsalita sa mga pagpupulong ng BSC ngunit hindi maaaring bumoto.*

Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)

Ginagampanan ng Elections Commission ang pagiging awtoridad sa paggawa ng polisiya at sa pangangasiwa sa lahat ng pampubliko, pampederal, pang-estado, pandistrito at pang-munisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco. Naatasan ang Komisyon sa pagtatakda ng mga pangkalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon, at responsibilidad nito ang tamang pamamahala sa Departamento na sinasaklaw ng mga probisyon ng Tsarter ukol sa badyet at pinansiya. Ang kasalukuyang mga miyembro ng Komisyon para sa mga Eleksyon ay sina:

Lucy Bernholz, Presidente

itinalaga ng Treasurer (Tesorero)

Becca Chappell, Bise Presidente

itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

Charles Jung

itinalaga ng Mayor (Punong-bayan)

Cynthia Dai

itinalaga ng City Attorney (Abugado ng Lungsod)

Christopher Jerdonek

itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Robin M. Shapiro

itinalaga ng District Attorney (Abugado ng Distrito)

Bakante

itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)



Mga Bagong Linya ng mga Pinagbobotohang Distrito para sa 2022

Bawat sampung taon, matapos ilabas ng U.S. Census Bureau (Kawanihan ng Senso ng U.S.) ang bilang ng lahat ng naninirahan sa loob ng Estados Unidos, gagamitin ng mga lokal at pang-estadong komite sa muling pagdidistrito ang nasabing datos para gumuhit ng mga bagong hangganan ng mga pinagbobotohang distrito para mapanatili ang pantay na bilang ng mga taong naninirahan sa loob ng bawat pinagbobotohang distrito. Maaaring nagbago na ang inyong pinagbobotohang distrito bilang resulta ng natapos kamakailan lamang na senso at proseso ng muling pagdidistrito.

Aling mga pinagbobotohang distrito ang nagbago?

Sakop ng mga pinagbobotohang distrito ang mga distrito para sa Board of Equalization (Lupon ng Tagasingil ng Buwis), State Senate (Senado ng Estado), State Assembly (Asembleya ng Estado), pati na rin ang U.S. Congressional (Kongresyonal ng U.S.), BART, at Supervisorial (Superbisoryal) na mga Distrito. Bagama't walang magbabago sa mga linya ng hangganan ng Distrito ng Board of Equalization ng San Francisco o ng State Senate, mayroon namang pagbabago sa State Assembly, U.S. Congressional, BART, at Supervisorial na mga Distrito.

Kailan ipatutupad ang mga pagbabagong ito?

Sisimulang gamitin ng San Francisco ang mga bagong mapa para sa State Assembly at U.S. Congressional District sa Hunyo 7, 2022, Pinagsamang Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Eleksyon. Gagamitin naman ang bagong mga mapa para sa BART at lokal na Supervisorial District simula sa Nobyembre 8, 2022, Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon.

Paano ako maaapektuhan bilang botante nitong mga bagong linya ng pinagbobotohang distrito?

Dahil ang kombinasyon ng mga pinagbobotohang distrito kung saan kayo nakatira ang tutukoy sa inyong kasalukuyang mga kinatawan at mga kandidatong nakalista sa inyong balota kapag kayo'y bumoboto, ang inyong balota para sa Hunyo at/o Nobyembre 2022 ay maaaring may magkaibang mga kandidato kaysa sa nakalista sa ilalim ng dating linya ng pinagbobotohang mga distrito. Gayunpaman, hindi maaapektuhan ang lahat ng botante sa lungsod nitong bagong linya ng mga pinagbobotohang distrito.

Paano ko malalaman kung nagbago na ang aking mga pinagbobotohang distrito?

Maaari ninyong suriin ang mga mapa ng mga bagong pinagbobotohang distrito ng San Francisco sa sfelections.sfgov.org/maps o gamitin ang online na tool ng Departamento ng mga Eleksyon sa sfelections.org/myvotingdistrict para hanapin ang inyong pinagbobotohang mga distrito.

Maaari din ninyong gamiting sanggunian ang mga mapa sa susunod na pahina na nagpapakita ng mga bagong linya ng State Assembly at U.S. Congressional District na paiiralin simula sa eleksyon sa Hunyo 7.

Paano ko malalaman kung nagbago na ang aking pinagbobotohang presinto?

Ang mga pinagbobotohang presinto ay mga heograpikal na lugar na ginagamit para iorganisa ang mga lugar ng botohan sa komunidad. Matapos makompleto ang mga pang-estado at panlokal na proseso ng muling pagdidistrito sa panahon ng tagsibol ng 2022, iguguhit muli ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga hangganan ng linya ng kanyang mga presinto para matiyak na wala sa mga ito ang mahahati nang dahil sa mga bagong pinagbobotohang mga distrito.

Tulad sa bawat nakaraang eleksyon, makatatanggap kayo ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante humigit kumulang isang buwan bago mag-eleksyon sa Hunyo at Nobyembre 2022. Makikita ninyo ang itinalaga para sa inyong lugar ng botohan sa likod ng inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante o online sa sfelections.org/voterportal.


Sino ang gumawa ng mga pagbabago sa mga linya ng distrito at paano nangyari ito?

Noong Disyembre 2021, muling iginuhit ng California Citizens Redistricting Commission (Komisyon para sa Muling Pagdidistrito ng mga Mamamayan ng California) ang mga linya ng hangganan ng mga distrito ng California State Assembly, State Senate, at State Board of Equalization, pati na rin ang U. S. Congressional na mga distrito. At noong Marso 2022, muling iginuhit naman ng BART Board of Directors' Redistricting Committee (Komite para sa Muling Pagdidistrito ng Lupon ng mga Direktor ng BART) ang mga distrito ng BART. At sa wakas, noong Abril 2022, iginuhit muli ng lokal na Task Force para sa Muling Pagdidistrito ang mga linya ng hangganan ng lokal na Superbisoryal na Distrito ng San Francisco. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang wedrawthelinesca.org, bart.gov/news/articles/2021/news20211105, at sfelections.org/rdtf.


May mga tanong pa ba kayo? Tawagan lamang kami sa (415) 554-4310, mag-email sa sfvote@sfgov.org, o bisitahin ang tanggapan ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, Room 48.



Bagong Mapa ng mga Distrito ng Asembleya



Bagong Mapa ng mga Kongresyonal na Distrito





Mga Opsiyon sa Pagboto

Bilang botante ng San Francisco, maaari ninyong piliin na bumoto sa Hunyo 7 na eleksyon sa **pamamagitan ng koreo** o **nang personal** sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Permanente na ang pagboto sa pamamagitan ng koreo. Alinsunod sa kamakailang mga pagbabago sa batas ng estado, padadalhan na ng balota ang bawat aktibo at rehistradong botante at may opsiyon sila na ibalik ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, nang personal, o sa opisyal na kahon na hulugan ng balota.

Bandang Mayo 9, sisimulang ipadala ng Departamento ng mga Eleksyon ang mga vote-by-mail (VBM) na pakete na naglalaman ng opisyal na balota, mga instruksiyon, “Bumoto Ako!” na sticker, at pambalik na sobre na bayad na ang selyo, sa lahat ng lokal na rehistradong botante. Bubuksan din ng Departamento sa Mayo 9 ang sistema ng aksesibleng vote-by-mail (AVBM), na may mga balotang nababasa sa screen na akma sa mga personal na aparatong pantulong, sa sfelections.org/access. Maaaring ma-access ng sinumang rehistradong botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng sistemang AVBM.

Gumamit man kayo ng papel o aksesibleng balota, may tatlong hakbang na kailangan ninyong kompletuhin:

	Papel na Balotang Vote-by-Mail	Aksesible na Balotang Vote-by-Mail
1: Markahan ang inyong Balota	Basahin ang mga instruksiyon na naka-imprensa sa inyong balota bago kayo gumawa ng mga pagpili.	Pumunta sa sfelections.org/access para ma-access ang inyong balota at basahin ang mga online na instruksiyon bago kayo gumawa ng mga pagpili.
2: Ihanda ang inyong Sobre	Alisin ang lahat ng resibo mula sa itaas ng mga kard ng balota, magkahiwalay na tiklupin ang bawat kard ng balota, at ipasok ang nakatiklop na mga kard sa loob ng pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang likod ng sobre, at isara ito nang mabuti.	I-print ang inyong balota at ipasok ito sa pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang likod ng sobre, at isara ito nang mabuti.
3: Ibalik ang inyong Balota	<p>Para mabilang, kailangang malagyan ng postmark nang hindi lalagpas sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo. (Hindi na kailangan ng selyo kung ipadadala sa pamamagitan ng USPS.)</p> <p>Kung ipadadala ninyo ang inyong balota sa Araw ng Eleksyon, mangyaring tiyakin ang oras ng huling koleksyon — kung nangyari na ang huling koleksyon ng koreo, huli na ring malalagyan ng postmark ang inyong balota at hindi na ito mabibilang.</p> <p>Para mabilang, kailangan namang maihulog nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7 ang mga balotang ibabalik nang direkta sa Departamento ng mga Eleksyon. Mula Mayo 9 hanggang Hunyo 7, maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Sentro ng Botohan sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan nang hindi lalagpas ng 8 p.m.</p> <p>Bilang bagong serbisyo na inilunsad sa unang bahagi ng taong ito, mag-aalok ang Departamento ng mga Eleksyon ng 34 na opisyal na kahon na hulugan ng balota sa buong Lungsod. Magbubukas nang 24 oras araw-araw ang mga kahon na hulugan simula Mayo 9 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7. Ang mga kahon na hulugan ng balota na ito ay nagbibigay sa mga botante ng ligtas, aksesible, at walang kontak na paraan ng pagbalik ng kanilang balotang pang-koreo. May bandilang Amerikano at opisyal na tatak ng Lungsod at County ng San Francisco ang bawat kahon at may malinaw na marka na “Official Ballot Drop Box”. Makikita sa pahina 8–9 ang mapa at listahan ng lokasyon ng mga kahon na hulugan ng balota at makikita rin ito sa sfelections.org/balлотdropoff. Para magbigay ng suhestyon o puna ukol sa kasalukuyang mapa ng mga kahon na hulugan ng balota, pumunta lamang sa sfelections.org/balлотboxfeedback.</p>	



Bumoto nang Maaga sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa lahat ng taga-San Francisco na nais magparehistro upang makaboto o bumoto nang personal, makagamit ng aksesibleng kagamitan sa pagboto, makatanggap ng personal na tulong, o magbalik ng kanilang balota:

- Lunes–Biyernes, mula Mayo 9 hanggang Hunyo 7 (maliban sa Mayo 30, Memorial Day), mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Huling dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon (Mayo 28–29 at Hunyo 4–5), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Sa Araw ng Eleksyon, Martes, Hunyo 7, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Bumoto sa Itinalaga para sa inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

Mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, magbubukas ang 588 lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at para sa mga serbisyo sa paghuhulog ng balota.

Maaaring nagbago na ang inyong lugar ng botohan para sa eleksyong ito! Tingnan ang address ng itinalaga para sa inyong lugar ng botohan, pati na rin ang impormasyon ukol sa aksesibilidad ng lugar, sa likod na pabalat ng pamplet na ito. Kung sakaling magbago ang itinalaga para sa inyong lugar ng botohan matapos ilimbag ang pamplet na ito, susubukan ng Departamento ng mga Eleksyon na bigyan kayo ng notipikasyon sa pamamagitan ng postcard at abiso na ipapaskil sa dati ninyong lugar ng botohan. Bago kayo bumoto sa Araw ng Eleksyon, maaari kayong bumisita sa sfelections.org/MyVotingLocation para kumpirmahin ang address ng inyong lugar ng botohan.

Mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco



Maaaring piliin ng sinumang botante na gumamit ng opisyal na kahon na hulugan ng balota sa San Francisco para ihulog ang kanilang balota o ang balota ng iba pang botante ng California na nagbigay sa kanila ng awtorisasyon para gawin iyon.


Matatagpuan sa labas ng mga gusali ang bawat kahon para sa balota at ilalagay ang mga ito sa lugar na madaling madaraan ng lahat. Mayroon itong simpleng lusutan para sa pagdedeposito ng balota na pinosisyon nang humigit-kumulang sa 42 pulgada mula sa lupa, at nang masigurado na madali itong maaabot ng mga botanteng gumagamit ng wheelchair o ng iba pang kagamitan na pantulong sa paggalaw. Lahat ng abiso sa bawat kahon ay gagamit ng matitingkad at malalaki ang pagkaka-imprensa na letra na pininturahan sa paraan na hindi nakasisilaw sa mata at dinisenyo para madaling mabasa ng lahat ng botante. Mayroon din itong nakaumbok na instruksiyon sa Braille para gabayan ang mga botante na matukoy kung saan ang lokasyon ng siwang para sa pag-deposito ng balota. Naka-imprensa ang lahat ng instruksiyon sa Ingles, Tsino, Espanyol, Filipino, Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese.



Mapa at Lokasyon ng mga Opisyal na Kahon na Hulugan ng Balota sa San Francisco

Legend

-  Kahon na Hulugan ng Balota
-  2022 Hangganan ng mga Presinto





Kahon na Hulugan ng Balota	Lokasyon	Address
1	Cabrillo Playground	853 38th Ave
2	Richmond/Senator Milton Marks Branch Library	351 9th Ave
3	Golden Gate Valley Branch Library	1801 Green St
4	Presidio Branch Library	3150 Sacramento St
5	City College of San Francisco - Chinatown Center	808 Kearny St
6	Huntington Park	California St and Taylor St
7	North Beach Branch Library	850 Columbus Ave
8	Ortega Branch Library	3223 Ortega St
9	Parkside Branch Library	1200 Taraval St
10	Sunset Branch Library	1305 18th Ave
11	Park Branch Library	1833 Page St
12	Western Addition Branch Library	1550 Scott St
13	City College of San Francisco - Downtown Center	88 4th St
14	City Hall	1 Dr Carlton B Goodlett Pl
15	Father Alfred E. Boeddeker Park	246 Eddy St
16	Mission Bay Branch Library	960 4th St
17	Ship Shape Community Center	850 Avenue I
18	Forest Hill Station (Muni Metro)	380 Laguna Honda Blvd
19	Ingleside Branch Library	1298 Ocean Ave
20	Merced Branch Library	155 Winston Dr
21	Eureka Valley Recreation Center	100 Collingwood St
22	Glen Park Branch Library	2825 Diamond St
23	Harvey Milk Recreation Center	50 Scott St
24	Noe Valley/Sally Brunn Branch Library	451 Jersey St
25	Bernal Heights Branch Library	500 Cortland Ave
26	City College of San Francisco - Mission Center	1125 Valencia St
27	Portola Branch Library	380 Bacon St
28	Bayview/Linda Brooks-Burton Branch Library	5075 3rd St
29	Potrero Branch Library	1616 20th St
30	Zuckerberg San Francisco General Hospital and Trauma Center	1001 Potrero Ave
31	Visitacion Valley Branch Library	201 Leland Ave
32	Crocker Amazon Playground	799 Moscow St
33	Excelsior Branch Library	4400 Mission St
34	Ocean View Branch Library	345 Randolph St

Nangangailangan ang San Francisco ng mga Manggagawa sa Lugar ng Botohan para sa Hunyo 7 at Nobyembre 8 na mga Eleksyon!

"Kapag nakita mo kung paano ang proseso at gaano kahalaga ito, magkakaroon ka talaga ng panibagong respeto sa karapatan para bumoto, kaya't hinihikayat ko kayo na maransan ito." – J.L.

"Kapag nagtatrabaho ka sa lugar ng botohan, pakiramdam mo na parte ka ng isang bagay na may mahabang kasaysayan at may espesyal na lugar sa mundo." – B.C.

"Ramdam ko talaga na may ambag ako sa komunidad." – T.L.

"Dama mo na may nagtiwala sa iyo. Alam nila (mga botante) na protektado ang kanilang boto kaya't may tiwala sila sa atin." – G.L.

"Gusto ko lang talaga ang pakiramdam na lumabas at kumilos para sa komunidad." – C.C.

Kami dito sa Departamento ng mga Eleksyon ay inaanyayahan kayong sumali sa aming San Francisco Poll Worker Team para sa mga Eleksyon na gaganapin sa Hunyo 7 at Nobyembre 8!

Ang mga poll worker o manggagawa sa lugar ng botohan ang mga tumutulong sa pangangasiwa sa pagboto sa mga lugar ng botohan sa komunidad sa Araw ng Eleksyon. Kasama sa kanilang responsibilidad ang pag-set up at pagsara ng lugar ng botohan, pag-check in sa mga botante gamit ang listahan sa presinto, pagsagot sa tanong ng mga botante, at pagbibigay ng mga materyales tulad ng mga balota, form para sa pagpaparehistro ng botante, at ang "Bumoto Ako!" na mga sticker.

Para sa kanilang isang araw na serbisyo, makatatanggap ang mga poll worker ng sahod mula \$180 hanggang \$240, pati na rin ang nakokolektang pin na espisipiko sa bawat eleksyon bilang pagkilala sa kanilang pagsisikap.

Para sa maraming indibidwal, makabuluhang paraan ng pagbibigay tulong sa kanilang komunidad ang pagsisilbi bilang poll worker. Sa katunayan, nagboluntaryo na ang ilang manggagawa sa botohan sa San Francisco sa mahigit 50 na eleksyon! Ang Departamento ng mga Eleksyon ay nagpapasalamat sa maraming mga boluntaryo na nangakong tutulong sa amin na isagawa ang paparating na mga eleksyon sa Hunyo 7 at Nobyembre 8.

Umaasa kami na kayo rin ay makasasama sa amin para mapaglingkuran ang ating Lungsod!

Para mag-apply bilang poll worker, mangyaring bumisita sa sfelections.org/pwa o tumawag sa (415) 554-4395.



Batas sa mga Karapatan Ng Botante

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

- 1. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi nakabilanggo para sa isang peloni
- 2. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3. Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
- 4. Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5. Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
 - Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isang bagong balota; o
 - Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan; o
 - Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota,** kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- 6. Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-employo o kinatawan ng unyon.
- 7. Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan sa California.**
- 8. Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- 9. Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10. Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
 - Sa web sa www.sos.ca.gov
 - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
 - Sa mail sa elections@sos.ca.gov

Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.



Accessible na Pagboto at mga Serbisyo

Nagbibigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng iba't ibang accessible na programa at mga serbisyo upang makatulong sa mga botante na bumoto nang pribado at independiyente.

Accessible na mga Materyales para sa Eleksyon

Makukuha ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (VIP) sa mga sumusunod na accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa format na PDF, HTML, at XML.
- Large print (malaki ang pagkakaimprenta).

Para humiling ng accessible na format ng VIP, tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Accessible na Sistemang Vote-By-Mail

Nagpapahintulot ang Accessible na Sistemang Vote-by-Mail (AVBM) sa sinumang botante na markahan ang online na balotang nababasa sa screen. Akma rin ito sa mga personal na aparatong may teknolohiyang nakatutulong, tulad ng head-pointer at sip-and-puff. Upang ma-access ang Sistemang AVBM, bumisita sa *sfelections.org/access*. Bukas ang sistemang AVBM mula Mayo 9, 2022 hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, 2022.

Para sa mga dahilan na panseguridad, hindi nag-iimbak o nagpapadala ng mga boto ang sistemang AVBM sa internet. Pagkatapos markahan ang AVBM na balota, kailangang i-print at ibalik ng botante ang balota nang personal o sa pamamagitan ng koreo.



Ballot-Marking Devices (Mga Aparatong Pang-Marka ng Balota)

Mayroong mga accessible na ballot-marking device ang lahat ng lokasyon kung saan maaaring bumoto nang personal. Dahil hindi nagbibilang ng boto ang ballot-marking device, kailangang i-print ng botante ang papel na balota at i-scan ito gamit ang parehong makina na ginagamit upang i-scan ang mga regular na papel na balota.

Pinahihintulutan ng accessible na ballot-marking device ang sinumang botante na tingnan o masagutan ang iba't ibang bahagi at markahan ang kanyang balota gamit ang alinmang kombinasyon ng mga sumusunod na accessible na katangian:

- Mga opsiyon sa format na touchscreen, audio, o touchscreen/audio ng mga balota.
- Mga keypad na audio-tactile ang interface at may nakaumbok na Braille.
- Mga opsiyon para baguhin ang wika, laki ng letra, bilis ng audio, lakas ng tunog, at kulay.
- Mga instruksiyon na audio sa wikang Ingles, Cantonese, Mandarin, Espanyol, at Filipino.
- Mga privacy screen para sa mga touchscreen at headphone na natatanggal ang suklob.
- Akma sa sip-and-puff, paddle, head-pointer at iba pang aparato.
- Audio o biswal na pagsusuri sa mga pinagpilian sa pagboto sa lahat ng labanan.

Personal na Tulong at mga Opsiyon sa Pagpapadala ng Balota

Maaaring humiling ang sinumang botante ng hanggang sa dalawang tao (maliban sa tagapag-empleyo ng botante, ahente ng tagapag-empeleyo ng botante, o opisyal o ahente ng unyon na miyembro ang botante) na tulungan siya sa pagmamarka ng kanyang balota.



Maaari ding magtanong ang botante sa mga manggagawa sa lugar ng botohan para sa mga nabanggit na tulong. **Hindi dapat manghimasok sa proseso ng pagboto o gumawa ng desisyon para sa botante ang sinumang tumutulong sa botante sa pagmamarka ng kanyang balota.**

Maaaring humiling ang sinumang botante na bumoto sa “gilid ng daan” sa kahit saanmang lugar ng botohan na maaaring bumoto nang personal sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310 o pakikiusap sa kasama na pumasok sa loob ng botohan upang humiling na ipadala sa botante sa labas ang mga materyales sa pagboto.

Simula Hunyo 1, ang sinumang botante na hindi kayang makalabas dahil sa sakit, kapansanan, o pagkapiit, ay maaaring mag-awtorisa ng ibang tao, pati na ng kawani ng Departamento ng mga Eleksyon, para kumuha at maghatid ng pang-emergency na balota na vote-by-mail para sa kanya. Upang humiling na mapadalhan ng pang-emergency na balota sa huling linggo ng panahon ng pagboto, kompletuhin ang form sa sfelections.org/ballotservices, o tumawag sa (415) 554-4310.

Iba pang Makukuhang Tulong para sa Accessible na Pagboto

Ang lahat ng lokasyon ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal ay mayroong mga accessible na kagamitan sa pagboto, kasama na ang mga lente at panulat na madaling hawakan para sa pagpirma ng listahan at pagmamarka ng balota. Ang lahat ng lokasyon ng botohan ay mayroon ding mga pasukan na accessible sa wheelchair, pati na rin ng mga booth ng botohan na accessible sa wheelchair at maaaring maupuan, at lahat ng ito ay markado ng pandaigdigang simbolo para sa pag-access.



Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pampederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa sfelections.org o tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco: ccsf.edu/esl

Civic Center Campus

1170 Market Street.....(415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus

808 Kearny Street..... (415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus

88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus

1400 Evans Avenue(415) 550-4440

John Adams Campus

1860 Hayes Street (415) 561-1835 o (415) 561-1836

Mission Campus

1125 Valencia Street..... (415) 920-6000 o (415) 920-6067

Ocean Campus

50 Frida Kahlo Way (415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus

1800 Oakdale Avenue(415) 550-4344



Balota para sa Hunyo 7, 2022 na Eleksyon

Makikita ang sumusunod na mga labanan sa balota para sa Hunyo 7 na eleksyon:

Mga katungkulang nominado ng botante

- Gobernador
- Tenyente Gobernador
- Kalihim ng Estado
- Kontroler
- Ingat-Yaman
- Pangkalahatang Abugado
- Komisyonado ng Seguro
- Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
- Senador ng Estados Unidos*
- Kinatawan ng Estados Unidos sa Kongreso, Distrito 11 o Distrito 15
- Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o Distrito 19

* May dalawang labanan para sa Senado ng U.S. sa balota para sa Hunyo 7. Maaari kayong bumoto sa parehong labanan.

- Isa para sa 6 na taong termino na matatapos sa Enero 3, 2029
- Isa para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 3, 2023

Mga katungkulang hindi makapartido

- Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo
- Abugado ng Lungsod

Lokal na mga panukalang-batas sa balota

Pagmamarka sa Inyong Balota

Maaaring mapabilis at mapadali ng **Ballot Worksheet** sa pahina 72 ang pagboto nang personal. Makatutulong sa mga botante ang worksheet, na naglilista ng lahat ng labanan at panukalang-batas sa buong lungsod, na mas maagang markahan ang kanilang mga pinili upang makatipid sa oras at maiwasan na magkamali habang minamarkahan ang opisyal na balota.

Kung nagkamali kayo sa pagmamarka ng inyong opisyal na balota, maaari kayong humiling ng kapalit nito sa pamamagitan ng pagbisita sa sfelections.org/voterportal, pagtawag sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa (415) 554-4310, o pagtatanong sa kawani sa lugar ng botohan o sa kinatawan ng Voting Center (Sentro ng Botohan).

Mga Hakbang para sa Lahat ng Uri ng Labanan

1. Bago ninyo markahan ang anumang labanan, basahin ang mga instruksiyon na naka-imprensa sa balota.
2. Upang matiyak na mababasa at mabibilang ang inyong mga piniling iboto, gumamit ng panulat na may matingkad na tinta o lapis.
3. Huwag magsulat ng personal na impormasyon, tulad ng inyong pangalan o mga inisyal saanman sa inyong balota.
4. Punan ang oval na nasa tabi ng inyong pinili para sa labanan o panukala, gaya ng ipinakikita sa larawan 1.
5. Para bumoto ng kuwalipikadong write-in (isinusulat-lamang) na kandidato, isulat ang pangalan ng kandidato sa espasyo na nasa dulo ng listahan ng mga kandidato at punan ang oval na nasa tabi ng espasyong iyon. (Makukuha ang listahan ng mga kuwalipikadong write-in na kandidato sa sfelections.org/writein at sa Voting Center sa City Hall simula sa Mayo 27, 2022 at sa lahat ng lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, 2022.)
6. Kung hindi ninyo nais na bumoto sa isang labanan o panukala, iwan itong blangko. Mabibilang pa rin ang inyong mga boto para sa ibang labanan at panukala.

Mga Hakbang para sa Labanan na Ranked-Choice Voting (RCV)

Sa eleksyon na ito, gagamit ang mga botante ng ranked-choice voting (pagbibigay ranggo sa mga pinagpilian, RCV) upang ihalal ang City Attorney (Abugado ng Lungsod).

Itinatakda ng Tsarter ng San Francisco na pahintulutan ang mga botante na magranggo ng hindi bababa sa tatlong napili nila sa anumang labanang gumagamit ng RCV, kahit na mas kaunti pa sa tatlong kandidato ang tumatakbo para sa katungkulan. Isang kandidato lamang ang tumatakbo para magsilbi bilang City Attorney nang mailimbag ang mga balota sa eleksyong ito; samakatuwid, isang pangalan ng kandidato lamang ang lalabas sa kaliwang kolum ng grid ng RCV, na may tatlong ranggo na nakalagay sa nasa itaas na hilera.

Para mamarkahan ang labanang RCV, punan ang mga oval mula kaliwa pakanan, gaya ng ipinapakita sa larawan 2.

- Sa **unang kolum** para sa inyong **unang pinili**. (Ito ang huling hakbang kung isa lang ang inyong pagpipilian.)
- Sa **ikalawang kolum** para sa inyong **ikalawang pinili**, kung mayroon man (kung wala, iwan itong blangko).
- Sa **ikatlong kolum** para sa inyong **pangatlong pinili**, kung mayroon man (kung wala, iwan itong blangko).

Mahalagang bagay na dapat tandaan!

- **Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa parehong hanay.** Sa madaling salita, huwag ninyong iranggo ang isang kandidato nang mahigit sa isang beses, tulad ng ipinapakita sa larawan 3.
- **Huwag punan ang mahigit sa isang oval sa parehong kolum.** Sa madaling salita, huwang ninyong bigyan ng ranggo ang pareho o higit pang kandidato, tulad ng ipinapakita sa larawan 4.

Paano Gumagana ang Ranked-Choice Voting?





Bibilangin ang unang pinili ng lahat.

Kapag may kandidatong nakatanggap ng mayorya ng boto bilang unang-pinili—higit sa kalahati—ang kandidatong iyon ang panalo.

Kapag walang kandidatong nakatanggap ng mayorya, tatanggalin ang kandidatong pinakahuli sa labanan.

Bibilangin ang susunod na pinili ng mga botanteng pumili sa kandidatong natanggal.

Uulitin ang siklong ito hanggang sa may manalo batay sa mayorya.





Primaryang Eleksyon ng California

Iniaatas ng Top Two Candidates Open Primary Act (Batas sa Bukas na Primarya para sa Nangungunang Dalawang Kandidato) na ilista sa iisang balota ang lahat ng kandidato para sa katungkulan na nominado ng botante. Kabilang sa mga katungkulan na nominado ng botante ang mga pang-estadong katungkulang lehislatibo, katungkulang kongresyonal ng U.S., at katungkulan sa estado na naaayon sa saligang-batas. Hindi nalalapat ang sistema ng bukas na primarya ng California sa mga kandidatong tumatakbo para maging Presidente ng U.S., sentral na komite ng county, o mga panlokal na katungkulan.

Sa magkaparehong bukas na primarya at pangkalahatang eleksyon, **maaari ninyong iboto ang sinumang kandidato, anuman ang kinakatigang partido na tinukoy ninyo sa inyong form ng pagpaparehistro bilang botante.** Sa primaryang eleksyon, ang dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto—maging anuman ang kinakatigan nilang partido—ay magpapatuloy sa pangkalahatang eleksyon. Kahit pa makatanggap ng boto ng mayorya ang isang kandidato (hindi bababa sa 50% + 1), kailangan pa ring magsagawa ng pangkalahatang eleksyon.

Maaari pa ring tumakbo sa primaryang eleksyon ang mga isinusulat-lamang na kandidato para sa mga katungkulan na nominado ng botante. Subalit, maaari lamang magpatuloy sa pangkalahatang eleksyon ang isinusulat-lamang na kandidato kung ang nasabing kandidato ay isa sa dalawang kandidato na nakatanggap ng pinakamaraming boto sa primaryang eleksyon. Bukod pa rito, walang proseso ng independiyenteng nominasyon para sa isang pangkalahatang eleksyon.

Impormasyon Tungkol sa Kandidato

Kinakatigang Partido ng Kandidato

Ang kinakatigan na rehistradong politikal na partido, kung mayroon man, ng sinumang kandidato na tumatakbo para sa katungkulang nominado ng botante, ay nakaimprenta sa tabi ng pangalan ng bawat kandidato sa balota. Kung ang kandidato ay tumatakbo para sa hindi makapartidong katungkulan, walang makikitang partido sa tabi ng pangalan ng kandidato.

Mga Pahayag ng mga Kuwalipikasyon ng Kandidato

Nagsumite sa loob ng takdang panahon ang ilang kandidato sa balota ng kani-kanilang pahayag ng mga kuwalipikasyon para mailimbag sa pamplet na ito. Magsisimula sa pahina 20 ang mga nasabing pahayag at gastos ng kandidato ang pagpapalimbag.

Hindi sinisiyasat para sa kawastuhan ng Direktor ng mga Eleksyon, o anumang iba pang ahensiya ng Lungsod, opisyal, o empleyado ang mga impormasyon na nilalaman ng mga pahayag ng kuwalipikasyon ng kandidato na nakalimbag sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamplet na ito. Ang pagsasalin sa Filipino ay pareho hangga't maaari sa pinagmulang nilalaman na Ingles.

Maaari ninyong makita ang impormasyon tungkol sa mga kandidato sa mga sumusunod:

- **California Voter Information Guide**, na makukuha sa voterguide.sos.ca.gov. mga kandidatong tumatakbo para sa mga sumusunod na katungkulan:
 - Senador ng Estados Unidos*
 - Gobernador
 - Tenyente Gobernador
 - Kalihim ng Estado
 - Kontroler
 - Ingat-Yaman
 - Pangkalahatang Abugado
 - Komisyonado ng Seguro
 - Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2
 - Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo ng Estado

* May dalawang labanan para sa Senado ng U.S. sa balota para sa Hunyo 7. Maaari kayong bumoto sa parehong labanan.

- **San Francisco Voter Information Pamphlet**: mga kandidatong tumatakbo para sa mga sumusunod na katungkulan:
 - Kinatawan ng Estados Unidos sa Kongreso, Distrito 11 o Distrito 15
 - Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o Distrito 19
 - Abugado ng Lungsod



Mga Limit sa Boluntaryong Gastos

Ipinag-uutos ng California Government Code (Kodigo ng Gobyerno ng California, CAGC) §85600, na ilathala ng Department of Elections ang pangalan ng mga kandidato na kusang pumayag na sumunod sa mga limitasyon sa paggastos na itinataguyod ng CAGC §85400. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod na kandidato ay sina:

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17

David Campos
Matt Haney
Bill Shireman

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19

Phil Ting
Karsten Weide

Mga Pag-Endoso ng Partido sa mga Kandidato

Pinapayagan ng batas ng Estado ang mga partidong politikal na mag-endoso ng mga kandidato para sa mga katungkulang nominado ng botante. Sa eleksyong ito, ang mga sumusunod ang maagap na naisumiteng pag-eendoso para sa mga katungkulang nominado ng botante:

Senador ng Estados Unidos

Partidong Luntian: John Thompson Parker
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: John Thompson Parker

Gobernador

Partidong Demokratiko: Gavin Newsom
Partidong Luntian: Luis Javier Rodriguez
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Luis Javier Rodriguez

Tenyente Gobernador

Partidong Demokratiko: Eleni Kounalakis
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Mohammad Arif

Kalihim ng Estado

Partidong Demokratiko: Shirley N. Weber
Partidong Luntian: Gary N. Blenner
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Gary N. Blenner

Kontroler

Partidong Demokratiko: Malia M. Cohen
Partidong Luntian: Laura Wells
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Laura Wells

Ingat-Yaman

Partidong Demokratiko: Fiona Ma
Partidong Luntian: Meghann Adams
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Meghann Adams

Pangkalahatang Abugado

Partidong Demokratiko: Rob Bonta
Partidong Luntian: Dan Kapelovitz
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Dan Kapelovitz

Komisyonado ng Seguro

Partidong Demokratiko: Ricardo Lara
Partidong Luntian: Nathalie Hrzi
Partidong Kapayapaan at Kalayaan: Nathalie Hrzi

Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2

Partidong Demokratiko: Sally J. Lieber

Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo ng Estado

Partidong Demokratiko: Tony K. Thurmond

Kinatawan ng Estados Unidos sa Kongreso, Distrito 11

Partidong Demokratiko: Nancy Pelosi

Kinatawan ng Estados Unidos sa Kongreso, Distrito 15

Partidong Demokratiko: Kevin Mullin
Partidong Republikano: Gus Mattammal

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17

Partidong Republikano: Bill Shireman

Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 19

Partidong Demokratiko: Phil Ting

Katungkulan sa Lungsod at County ng San Francisco na Pagbobotohan sa Eleksyong Ito

City Attorney (Abugado ng Lungsod)

Ang City Attorney ang abugado para sa Lungsod at County ng San Francisco sa lahat ng asuntong sibil. Naglilingkod ang City Attorney bilang tagapayo sa batas sa Mayor, sa Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), at sa iba pang hinalal na opisyal, pati na rin sa humigit kumulang na 100 na departamento, lupon, komisyon at tanggapan na bumubuo sa gobyerno ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang City Attorney ang naghahanda o nag-aapruba ng kaanyuan ng lahat ng batas, kontrata, bond (utang ng gobyerno) ng Lungsod, at anupamang ibang dokumentong legal na may kinalaman sa Lungsod. Ang buong termino ng panunungkulan ng City Attorney ay apat na taon at may kasalukuyang sahod na \$294,736 kada taon. Nasa balota ang labanan na ito dahil sa pagkakabakante ng katungkulan noong 2021. Pipiliin ng mga botante sa eleksyong ito ang kandidato na magsisilbi hanggang sa simula ng susunod na termino sa Enero 2024, at makikita muli ang labanang ito sa Nobyembre 2023 na balota.



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 11

SHAHID BUTTAR

Ang aking trabaho ay Abugado / Organisador / Artista.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nakapagtrabaho na ba at nagtatrabaho ba ngayon para sa inyo ang Washington? Nakapagtrabaho na ba at nagtatrabaho ba ito ngayon para sa ating lungsod?

Naipapakita mismo ang sagot sa mga pakikibaka ng San Francisco sa mga usapin, mula sa pabahay at kawalan ng tahanan, hanggang sa katatagan sa pagbabago ng klima, pangangalaga sa kalusugan, kaligtasan ng publiko, karapatang sibil, at rasismo sa kapaligiran. Magkakapareho ang ugat ng mga problemang ito, na nasa matagal nang krisis sa etika, kung saan nananatiling malungkot na kasangkot ang ating lungsod.

Sa loob ng napakahaba nang panahon, korupsiyon na ang kinatawan ng presensiya ng San Francisco sa Washington. Matagal nang inabandona ang ating lungsod ng pederal na mga opisyal na deka-dekadang nagbulsa ng pera sa pamamagitan ng insider trading (paggamit ng kumpidensiyal na impormasyon), habang minamanipula ang paulit-ulit na pagbabawas ng buwis upang mapabotan ang sarili at mayayamang kaibigan.

Samantala, patuloy naman ang natitira sa atin sa pakikibaka para sa batayang mga karapatang pantao, kasama na ang pangangalaga sa kalusugan at kapaligiran na mabuti para sa kalusugan.

Nakapagtrabaho na ako—mula sa San Francisco hanggang Washington—sa loob ng 20 taon upang maipagtanggol at maisulong ang mga karapatang pantao, karapatan ng LGBTQ, karapatan ng migrante, karapatan ng manggagawa, mga whistleblower (nagbibigay ng impormasyon ukol sa ilegal na gawain) sa gobyerno, at nakabatay sa konstitusyon na pagsisiyasat at pagbabalanse sa kapangyarihan ng ehekutibong sangay ng gobyerno, na higit na kumikilala ng utang na loob sa military-industrial complex (ugnayan ng militar at mga negosyo) kaysa sa Ating mga Mamamayan ng Estados Unidos.

Dahil nakita ko na kung paanong paulit-ulit na kumampi sa Wall Street at Pentagon ang mga boses ng ating lungsod sa Washington, iniwan ko ang aking karera sa non-profit upang maakyat ang pinakamatarik na burol sa politika.

Noong 2020, ipinuwersa namin ang pagkakaroon ng kalahating dosenang pagbabago sa polisiya sa pamamagitan ng Kongreso ng mga Kinatawan, nang papanagutin namin ang makapangyarihang boses na nanalo at muling naihalal gamit ang estratehiyang pag-iwas sa mga debate.

Karapat-dapat ang San Francisco sa pagkakaroon ng boses sa Washington na nakahandang makipaglaban para sa mga prinsipyo ng ating lungsod. Dahil nagawa ko na ang kabaligtaran ng piniling gawin ng iba, ikinatutuwa kong maghandog sa lungsod ng bagong boses sa Kongreso.

Shahid Buttar

EVE DEL CASTELLO

Ang aking trabaho ay Konsultant sa Negosyo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Panahon na upang magkaroon ang mga mamamayan ng ika-11 Kongresyonal na Distrito ng Pederal na Kinatawan na may integridad at kaalaman ukol sa distrito, at matibay na titindig upang maprotektahan ang inyong mga karapatang nakabatay sa konstitusyon.

Ipinanganak ako at lumaki sa ika-11 Kongresyonal na Distrito ng San Francisco at nakatira pa rin dito. Noon pa man ay inaalala ko na ang mas mahusay na Sistema ng Transportasyon, ang Recreation and Parks Department (Departamento para sa Paglilibang at mga Parke), at ang Balanse ng Kapangyarihan sa Lehislatura ng Estado at sa dalawang kamara ng Kongreso mula sa San Francisco.

- Nakaranas ng kabahayang may maliit na negosyo kung saan ako pinalaki ng mas kaunting maling paggasta sa pang-estado at pederal na buwis at mas mababang porsiyento ng pagtaas ng bilihin. Mas maliit ang pederal na buwis na tinatanggal noon mula sa Suweldo ng empleyado.
- Iniukol ko na ang malaking bahagi ng aking buhay sa mga Politikal na pangkat na gumagawa ng aksiyon, kasama na ang “Republican Forum of San Francisco (Pagtitipon ng mga Republikano sa San Francisco)” at sa lokal, pang-estado, at pambansang mga kampanya kung saan kasangkot ang Republican Party (Partido Republikano). Kabilang sa iba ko pang natamong tagumpay noong 2002-2004 ang pagiging Kapalit/Delegado para sa ika-3 Distrito ng Senado; pag-oorganisa ng argumento sa balota laban sa napakabilis o high speed na Sistema ng Tren (Pagsasalita sa iba’t ibang grupo) na humantong sa 16,000 Botong Hindi, at pagdadala nito sa Hukuman ng California, at pagpapasya na hindi ito legal. Nagpapatuloy ang aming Forum sa may pananaliksik na balita, mga petisyon, kampanya, at pagbabahagi ng mga alalahanin.
- Dati akong miyembro ng lupon ng Navy League of the U.S./Pacific Merchant Council (Konseho sa U.S./Pasipiko na sumusuporta sa Liga ng Hukbong-Dagat); Dating Katuwang na Direktor/Pacific Region of Parliamentarians (Mga Parlyamentaryo sa Rehiyong Pasipiko) at Miyembro pa rin ng NAP; Dating Presidente ng Kappa Unit-S.F.; Dating JVP ng Distrito 10 na Auxiliary (Katuwang) ng VFM; Amaranth (3rd Degree Masonic Ladies Affiliate Group o Ikatlong Antas ng Kababaihang Kaanib na Pangkat ng mga Mason); Heritage Foundation; Judicial Watch (Pagbantay sa mga Hukuman); dating miyembro ng lupon ng Mid-Peninsula Federated Women (Mga Nagsama-samang Kababaihan sa Mid-Peninsula). NRA at MRC.
- Kasalukuyang DBA Eve’s Consulting Service (May Makukuhang Pamamahala, Negosyo, Personal, Legal, at Pananaliksik).
- Ang iba ko pang kompanya ay ang Narrative Opera & Ballet, S.F. Musical Theater, kasama na ang Pagganap at pagiging Prodyuser ng Jazz at Rock sa entablado.
- Jewish ang aking relihiyon.

Tandaan, iboto si Eve Del Castello para sa Kongreso, (415) 282-0894

Eve Del Castello

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 11

JOHN DENNIS

Ang aking trabaho ay Independiyenteng Negosyante.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Nasa hinaharap ang pinakamagandang araw ng San Francisco, ngunit upang manatili itong “lugar na dapat karoonan,” hindi na tayo makapagtatago pa mula sa ating mga problema: “kawalan ng tahanan,” krimen at kaligtasan, K-12 na edukasyon, at gastos sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang lungsod na ito ang pinakadakila sa mundo. Naririto ang pinakamahuhusay at pinakamatatalinong indibidwal na gustong makabuo at makapagpaunlad ng mga pamilya at komunidad, pero hindi gumagana ang mga pamamaraang ginagawa ng San Francisco. Binigo tayo ng ating mga politiko.

Sa halip, napalala pa nila ang mga krisis. Nakakakuha ng walang katapusang pondo, nang wala namang resulta, ang establisado nang mga organisasyon, na walang pangganyak na makalutas ng mga problemang tulad ng “kawalan ng tahanan.”

Kailangan natin ng aktibong Kinatawan na tutugunan ang mga problema. Isang indibidwal na pagtutuunan ang San Francisco nang higit sa Washington.

Sumubok tayo ng bago. Palitan natin ang paraan kung paano natin pinag-iisipan ang mga hamon na ito.

Bilang inyong kinatawan, igigiya ko ang pederal na mga pondo sa mga bagong pagsusumikap na magbibigay-lakas sa San Francisco at magpapapanagot sa kanila.

Sa Washington, kakatawanin ko ang mga pinahalalagahan ng San Francisco na sinasang-ayunan nating lahat:

- pagprotekta sa kalayaan sa pamamahayag at pagiging pribado ng impormasyon
- pagpapanatiling ligtas sa ating bansa nang walang interbensiyon ng militar
- pagbabawas sa mga regulasyon na pumipigil sa ating mga industriya
- muling pagtutuo ng pederal na gobyerno sa orihinal na mandato nitong paglingkuran ang mga mamamayan at hindi ang mga espesyal na interes.

Isa akong ama (ng tao at ng aso!), asawa, at may-ari ng negosyo. Lumaki ako sa pampublikong pabahay sa bayan kung saan mahirap ang buhay, at nakapagtayo ng matatagumpay na kompanya. Bahagi na ng buhay ko ang paggawang posible sa imposible.

Naniniwala ako, na sa pagsasama-sama, magagawa nating posibleng muli ang San Francisco na ninanais nating lahat. Ikararantal kong makuha ang inyong boto. Salamat po.

John Dennis

NANCY PELOSI

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Kongreso.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Karangalan kong katawanin ang ating Lungsod at ang mga pina-hahalagahan ng San Francisco sa Kongreso: mga trabahong may dignidad, karapatang pantao, reproductive justice (karapatang pantao na mapanatili ang personal na awtonomiya sa katawan), pagkakapantay-pantay para sa LGBTQ, paggalang sa imigrante, at pangangalaga sa ating planeta at para sa isa't isa. Kapag tinatanong ako ng mga tao ng, “Ano ang tatlong pinakamahahalagang usapin na hinaharap ng Kongreso?” Palagi kong sinasabi, “ang ating mga anak; ang ating mga anak; ang ating mga anak” — ang kanilang kalusugan, ang kanilang edukasyon, ang seguridad sa pabahay at ekonomiya ng kanilang mga pamilya, ang kapaligirang malinis at ligtas kung saan sila puwedeng umunlad, at mapayapang mundo kung saan isinasama ang lahat, at lahat ay naaabot ang katuparang hinahangad. Iyan ang aking “kung bakit.”

Sa pagtatrabaho para sa mga bata, naipasa natin ang Affordable Care Act (Batas ukol sa Abot-kayang Pangangalaga), napagtibay ang Social Security (Seguridad Panlipunan), Medicare at Medicaid, naparami ang mga rekurso para sa HIV/AIDS, kagalingan o wellness ng isip, at mga tao na may kapansanan, napababa ang presyo ng inireresetang gamot, at nasuportahan ang nasa hukbong sandatahan, beterano at tagapag-alaga ng nasa militar. Bilang inyong Kinatawan, tiniyak ko ang pagkakaroon ng bilyon-bilyong dolyar para sa ating komunidad na gamit sa ayuda at pagbangon mula sa COVID, kung kaya't nakatulong ito sa paglikha ng maganda ang kita at mabuti sa kapaligiran na mga trabahong naka-union, abot-kayang pabahay, imprastruktura sa enerhiya na mabuti para sa kalikasan, katarungan sa transportasyon, at ligtas at bukas na pampublikong mga paaralan.

Nangangailangan ang ating bisyon para sa mapayapang mundo ng matibay na Demokrasya sa ating tahanan at suporta para sa diplomasya at mga kaalyado sa buong mundo. Kailangan nating ipagtanggol ang ating Demokrasya mula sa mga pag-atake sa katotohanan, pag-atake sa U.S. Capitol, at pag-atake sa karapatang bumoto.

Bagama't magkakasama na tayong nakagawa ng pag-unlad, mas marami pang trabaho ang kailangan nating magawa at nang mapa-buti pa ang buhay ng mga mamamayan. Iyan ang dahilan kung bakit ako tumatakbo upang muling mahalal sa Kongreso, at magalang kong hinihingi ang inyong boto. Salamat po.

Nancy Pelosi



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 11

JEFFREY PHILLIPS

Ang aking trabaho ay Independiyenteng Kontratista.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang ating lungsod—ang ating bansa—ay higit na dakila kaysa sa maliit na grupo ng habambuhay nang insider o taga-loob na palipat-lipat ng opisina tuwing ilang taon.

Isa akong politikal na outsider o taga-labas na nagpapatok na barya-barya o small-dollar at walang korporasyon na kampanya dahil ganito dapat ang paggana ng demokrasya. Karapat-dapat tayo na makatawan ng regular na tao na tulad ninyo at tulad ko.

Lumaki ako sa Bay Area. Nagtapos ako ng pag-aaral sa panahon ng Pagbagsak ng Ekonomiya. Napunta ako sa pagiging independiyenteng kontratista, na naiipit sa pagitan ng tumataas na upa at bumababang sahod, habang lumalabo nang makamit ang pangarap na magkapamilya at makabili ng bahay. Kagaya ng marami ngayon, hindi ko na abot-kaya ang presyo ng Pangarap na Amerika o American Dream. Maliban na lamang sa ilang masusuwerteng eksepsiyon, nabubuhay na tayong lahat nang mas mababa pa sa hangad ng ating mga lolo at lola para sa “gitnang-uri sa Amerika.” Nasaan man kayo, sa anong paraan man kayo nahihirapan, hindi kailangang ganito ang situwasyon.

Kailangan ng ating bansa ng Bagong Kasunduan o New Deal: Medicare para sa Lahat, sahod na sapat para mabuhay, abot-kayang pabahay, inklusibong mga daan tungo sa pagiging mamamayan, hene-herasyon na pamumuhunan sa imprastrukturang mabuti para sa kapaligiran, may bayad na pagliban sa trabaho nang dahil sa pamilya, pangangalaga sa bata, ligtas na mga kalye, at pagreretiro nang may seguridad. Magagawa nating realidad ang mga ito sa pamamagitan ng pag-aangat sa mga kandidatong sesentro sa mga usapin, hindi sa tanyag na indibidwal. Maghahanda akong maki-lahok upang maipaglaban ang Sambayanan; bibigyan ng prayoridad ang nagtatrabahong mga pamilya, katarungan, at mga trabahong susuwelduhan tayo upang maging maunlad! Kaya nating ipatupad ang mas magandang bukas sa pamamagitan ng paggawa ng matalinong pagpili ngayon.

Sa halip na mga milyonaryo at bilyonaryo, abugado, at pagiging politiko ang karera, kailangan natin ng regular na mga indibidwal sa Kongreso. Panahon na para maiparinig ninyo ang inyong boses sa pamamagitan ng pagboto sa bagong uri ng politika. Posible nating magamit ang napakalaking yaman ng ating bansa upang magbunga ng pinakamaganda para sa Marami, sa pamamagitan ng sama-samang pagtindig laban sa Kakaunti na nasa itaas at humaharang sa ating dinaraan.

<https://11thJeff.com/platform/>

Jeffrey Phillips

BIANCA VON KRIEG

Ang aking trabaho ay Aktres at Personalidad sa Media.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Aka Bianca For San Francisco. Nakita na ninyong lahat ang simbolikong larawan ng kilusang ito sa iba't ibang bahagi ng lungsod. Kinakatawan ng SIMBOLO na ito ang walang mukhang masa na naghahangad na makita, at ang kanilang boses na naghahangad na marinig. Maaari itong maging anumang kulay, paniniwala, o oryentasyon. Mas malaki ang kampanyang ito kaysa sa iisang tao, tungkol ito sa ating lahat.

Si Bianca Von Krieg ay transgender na babae, aktibistang LGBT, at personalidad sa media. Halos 200 taon na ang nakararaan nang magka-ugat ang aking pamilya sa Hilagang California sa panahon ng Gold Rush.

Ang aking plataporma:

- Green New Deal (Plano kaugnay ng Pagbabago ng Klima)
- Medicare For All (Medicare Para sa Lahat)
- Universal Basic Income (Batayang Kita para sa Lahat)
- Homeless ZERO by 2025 (Wala nang Walang Tahanan pagsapit ng 2025)
- Ranked Choice Voting (Pagboto sa Pamamagitan ng Pagraranggo)
- End Electoral College (Pagwawakas sa Electoral College)

Bago ako naging babae na gustong-gusto ninyong kasuklaman sa inyong paboritong programa sa telebisyon, nag-aral ako ng computer science at economics sa Stanford at ng systems engineering sa MIT.

Narinig na nating lahat ang palasak nang kasabihan na “kailangan na natin ng pagbabago ngayon”; kaya’t sa pamamagitan nito ninyo malalaman na seryoso ako. Ako LAMANG ang Demokratang lumagda sa pangako ukol sa mga limitasyon sa bilang ng termino ng panunungkulan. Hindi ito pagbabago ng karera para sa akin, kung kaya’t makapagdadala ako ng kahit na gaano kalakas na puwersang kinakailangang mataglay, at nang maipatupad ang aking mga nakaplanong gawain.

Bukod pa rito, ipinangako ko sa inyo, mga mamamayan ng San Francisco, na:

1. Ipatutupad ko ang aking plataporma o bibigyan ng linaw ang mga kritiko nito!
2. Hindi ko pahihintulutan ang aking mga nakaplanong gawain na malihis ng mga nang-aagaw ng pansin sa politika o ng “kompromisong pamumulitika.”

Ang San Francisco ang nagpaangat sa Panahon ng Pagbibigay-Impormasyon! Panahon na para ang kandidatong broadband ang humalili sa ating dial-up na hindi na napapanahong indibidwal.

Mangyaring pumunta sa www.biancaforsanfrancisco.org para tunay kaming makilala. ©

IPALALABAS sa Telebisyon ang Rebolusyon!

Bianca Von Krieg

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 15

EMILY BEACH

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Konseho / Beterano / Magulang.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Ang politika na gaya ng karaniwan ay hindi na gumagana sa Washington. Karapat-dapat kayong magkaroon ng matapang at naghahatid ng inspirasyon na Kinatawan na may tamang karanasan upang makagawa ng pagbabago sa ating magkakakonektang mundo.

Ang aking karanasan bilang opisyal sa U.S. Army, pinagkakatiwalaang mayor, pitong taon bilang councilmember o miyembro ng konseho, lider ng nonprofit sa edukasyon, ehekutibo sa negosyo, tagapatnubay na magulang, at ina ng mga tin-edyer ang nagbibigay sa akin ng mas malawak na perspektiba. Pitong taon na rin akong nakatira sa San Francisco; tatlo sa Crocker-Amazon, apat sa malapit sa Alemany Farmers' Market. Makikinig ako at bibigyan kayo ng prayoridad—hindi ang inyong mga espesyal na interes—at walang humpay na magtatrabaho upang mapahusay pa ang kapaligiran, abot-kaya na pabahay, kawalan ng tahanan, kalusugan ng isip, edukasyon, katarungan sa pagkakapantay-pantay o equity, at ang pagiging magalang sa isa't isa.

Matapos mag-graduate mula sa University of Notre Dame, binasag ko ang mga hangganan ng maaaring maabot na tagumpay, o glass ceilings, bilang kapitan sa Army, at pinamunuan ang mga sundalo sa Saudi Arabia at Korea; at tumalon pa nga mula sa mga eroplano nang nakasuot ng pandigma. Mahalaga ang mga beterano sa Kongreso sa mga panahon ng kawalang-katiyakan.

Tulad ng pakikipaglaban ko para sa sarili kong laban upang magkaroon ng kapantay na sahod, makikipaglaban ako sa Kongreso para sa reproduktibong kalayaan, pagkakapantay-pantay ng mga uri, may bayad na pagliban ng magulang, at unibersal na pangangalaga sa kalusugan.

Bilang Mayor, naitaas ko na ang pinakamababang pinahihintulatang sahod at nakapagtayo na ng mga koalisyon. Noong tumama ang pandemya, napagsama-sama ko ang animnapung lider ng mga negosyo, nonprofit, relihiyosong organisasyon, at komunidad, kung kaya't napalawak ang daan upang magkaroon ng pagkain at rekurso ang ating pinakabulnerableng mga residente, kasama na ang walang papeles.

May pananagutan ako sa aksiyon na nauukol sa pagbabago sa klima: Nagbibisikleta ako at sumasakay sa pampublikong transportasyon, nagtataguyod ng mga proteksiyon laban sa mabilisang pagkalat ng sunog at pagbaha, at tumulong upang mapanatili ang siyam na ektarya ng bukas na espasyo sa Bayfront. Bilang tagapangulo ng Transportation Authority (Awtoridad sa Transportasyon) ng San Mateo County, napaghusay ko na ang kakayahan ng tao na makapunta sa kabuuan ng rehiyon, at nabawasan ang pagsingaw ng carbon dioxide o sangkap na nakalalason sa hangin.

Sinusuportahan ako ng mga inihalal na lider, organisasyon, at miyembro ng komunidad dahil namumuno ako nang may tapang, integridad, at sentido komun. Ikararantal kong makuha ang inyong boto.

www.emilybeachforcongress.com

Emily Beach

DAVID CANEPA

Ang aking trabaho ay Superbisor ng County ng San Mateo.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Tumatakbo si David Canepa para sa Kongreso upang ipaglaban tayo sa Washington, tulad ng nagawa na niya para sa atin sa Bay Area.

Mula si David sa pamilya ng mga imigrante, at ipinanganak at pinalaki sa S.F. Peninsula, at siya ang unang indibidwal sa kanyang pamilya na nakapag-aral ng kolehiyo. Nagsilbi siya bilang mayor at bilang Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa County ng San Mateo, kung saan pinamunuan niya ang gawain na tapusin na ang COVID na pandemya, protektahan ang frontline workers (mga nagtatrabaho sa mahahalagang industriya) at magkaroon ng isa sa pinakamatataas na porsiyento ng mga nabakunahan na sa bansa.

Makikipaglaban si David para sa progresibong mga pinahahalagahan o values, sa pamamagitan ng pagharap sa pagbabago ng klima, pagtatakda na bayaran ng mayayaman at malalaking korporasyon ang makatwiran nilang bahagi at nang mamuhunan tayo sa gitnang uri o middle class sa pamamagitan ng mas magagandang sahod at mas abot-kayang pabahay.

Titiyakin ni David na may daan ang lahat tungo sa pagkakaroon ng abot-kaya at de-kalidad na pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng Medicare for All (Medicare para sa Lahat) at lalabanan ang mga parmasyotikong kompanya upang mapababa ang halaga ng mga inireresetang gamot. Makikipaglaban si David upang maprotektahan ang karapatan ng kababaihan na magpasya para sa sarili at susuportahan niya ang pantay na sahod para sa kababaihan.

Si David lamang ang kandidato na tinatanggi ang pera mula sa mga korporasyon at nagpapakatibong ng kampanyang pinopondohan ng grassroots o lokal na kolektibong pagkilos.

Kasama sa mga taga-suporta namin ang:
National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)
Frontline na mga manggagawa sa mga groseriya - Union of Food and Commercial Workers (Unyon ng mga Manggagawa sa Pagkain at mga Negosyo, UFCW)

American Federation of State County and Municipal Employees (Amerikanong Pederasyon ng mga Empleyado ng mga County at Munisipalidad ng Estado, AFSCME)

Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ng San Francisco Shamann Walton

Superbisor ng San Francisco Myrna Melgar

Tagapangulo, Board of Equalization (Lupon ng mga Tagasingil ng Buwis) Malia Cohen

Trustee (Katiwala) ng San Francisco City College (Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco) Alan Wong

Dating Superbisor ng San Francisco John Avalos

Para sa buong listahan ng mga pag-eendoso at upang malaman pa ang tungkol kay David, bisitahin ang: www.davidcanepa.com/

David Canepa

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi sinitiyas ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Representative (Kinatawan) ng Estados Unidos, Distrito 15

JIM GARRITY

Ang aking trabaho ay Retiradong Inspektor ng Pulisya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Mahigit tatlumpu't dalawang taon na akong nakatira sa ika-15 Kongresyonal na Distrito. Dati akong Pulis sa loob ng tatlumpu't tatlong taon at nagretiro bilang Inspektor ng Police Department (Departamento ng Pulisya) ng San Francisco (Detektib). Ama ako ng tatlo. Nitong huling labinlimang taon ko ng pagtatrabaho sa SFPD, nagtrabaho ako sa gabi, sa Major Crimes (mga krimeng tulad ng pagpatay, pagdukot, pambubugbog, pagnanakaw at iba pa), habang nakasuot sibilyan, at sa kabuuan ng lungsod. Gusto kong ipagpatuloy ang aking pagseserbisyo bilang inyong Kongresyonal na Kinatawan. Mayroon akong Bachelor's Degree sa Business Management (Pamamahala sa Negosyo) at Master of Public Administration (Pamublikong Pamamahala) mula sa San Francisco State University. Kasama sa mahahalagang usapin ang ating Kasalukuyang Ekonomiya, Pabahay, at Krimen. Makikipaglaban ako upang makitang bumubuti na ang kalusugan ng ating kasalukuyang ekonomiya. Kailangan nang malutas ang presyo ng mga kinakailangan natin at ang mga problema sa dinaraanang mga proseso upang maihatid ang mga pangangailangan o supply chain. Naniniwala ako na kailangang maging independiyente ang Estados Unidos sa enerhiya at hindi umasa sa dayuhang mga bansa para sa ating mga pangangailangan sa enerhiya. Hindi abot-kaya ang pabahay sa Bay Area para sa karamihan sa mga residente ng Bay Area. Sa aking palagay, posibleng makatulong sa mga residente ang mga propyedad na inuupahan hanggang sa maging pag-aari o rent-to-own, at sa gayon, higit na magkaroon ng pinansiyal na katarungan sa pagkaka-pantay-pantay o equity, na maghahatid ng dangal ng pag-aari sa mga komunidad. Hindi na makontrol ang porsiyento ng mga krimen sa kabuuan ng bansa. Sinusuportahan ko ang paniniwala na kailangang pagkalooban ang Pulisya ng mga kasangkapan at buong pagpopondo upang matagumpay na mapaglingkuran ang kanilang mga komunidad. Napakalaki na nang itinaas ng mga pagkamatay dahil sa overdose o labis-labis na paggamit ng Opioid Fentanyl sa kabuuan ng Estados Unidos. Puspusan akong makikipaglaban upang agad na matugunan ang problemang ito. Nitong nakaraang dalawang taon, mas maraming indibidwal sa mga County ng San Francisco at San Mateo, na mas bata pa sa edad na limampu, ang nasawi nang dahil sa overdose ng Opioid kaysa sa COVID. Handa na akong harapin ang agarang mga hamon na ito. Magalang ko pong hinihingi ang inyong boto.

Jim Garrity

KEVIN MULLIN

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya ng Estado ng California.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Inendoso na ako nina Kongresista Jackie Speier, Senador Scott Wiener, Miyembro ng Asembleya Phil Ting, ng California Democratic Party (Partido Demokratiko ng California), at ng mahigit sa 100 inihalal na lider at lider ng mga komunidad para sa U.S. House of Representatives (Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos).

Bakit? Dahil alam nilang, mayroon akong napatunayan nang rekord ng mga resulta sa Asembleya ng Estado na nakapagpabuti sa buhay ng mga pamilya sa distritong ito.

Sa loob ng huling dekada ng Asembleya, nakasulat ako at nakapasa na ng mahigt sa 60 panukala na naging mga batas — kasama na ang unang batas para sa lahat ng pagbotong vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo), at ang kauna-unahan sa katangian nito na DISCLOSE Act (Batas ukol sa PAGSISIWALAT) at nang maipagbawal ang dark money (politikang paggasta ng mga nonprofit) mula sa mga kampanya sa California.

Nag-uwi ako ng mahigit sa \$1 bilyon upang malabanan ang pagtaas ng antas ng karagatan at ang pagbabago ng klima, maitulak ang abot-kayang pabahay, at magkaroon ng transportasyon na mabuti para sa kapaligiran.

Pagsisimulan ko at pagbubutihin pa ang rekord ni Kongresista Jackie Speier sa pagiging epektibo para sa San Francisco.

Isa akong ika-4 na henerasyon na taga-California at pumasok ako sa University of San Francisco (B.A.) at sa San Francisco State University (M.P.A.). Naglingkod na ako bilang Mayor, Miyembro ng Konseho, at may-ari ng maliit na negosyo sa distrito.

Namumuhay ang aking asawa, kambal na anak na lalaki, at ako nang kasama ang pang-araw-araw na inaalala ng mga residente ng distrito.

Habang hindi abot-kamay ng napakarami ang pabahay, patuloy namang nagiging mas mahal ang halaga ng pangangalaga sa kalusugan, pangangalaga sa bata, at mataas na edukasyon, at ang pagtaas ng presyo ng bilingin, kung kaya't mas mahal na ang lahat ng bagay, mula sa groseriya hanggang gas, para sa ating lahat, kailangan ninyo ng indibidwal na maghahatid ng inyong mga inaalala sa Kongreso at makikipaglaban para sa ekonomiya na gumagana para sa ating lahat.

Sa Kongreso, patuloy akong makikipaglaban para sa kinabukasan ng ating demokrasya at ng planeta, dahil kapwa nasa panganib ang dalawang ito.

Magdadala ako ng malalim nang karanasan at subok nang pamumuno sa Kongreso.

Pakisamahan sina Kongresista Jackie Speier at iboto si Kevin Mullin para sa Kongreso.

KevinMullinForCongress.com.

Kevin Mullin

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

DAVID CAMPOS

Ang aking trabaho ay Tagapangasiwa sa Pagpapatupad ng Batas Pangkriminal.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Para sa totoong pagbabago, kailangang palitan ang paraan ng paghahalal ng ating mga lider. Iyan ang dahilan kung bakit walang korporasyon sa aming kampanya – sa gayon, malaya kamiing:

- Itaas ang minimum wage o pinakamababa na pinahihintulatang sahod tungo sa sahod na sapat para mabuhay.
- Gawing abot-kaya ang pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng Medicare for All.
- Tiyakin na ginagawa ng buong estado ang bahagi nito ukol sa kawalan ng mga tahanan.
- Magtayo ng abot-kayang tahanan, hindi lamang magagara at matatayog na gusali.
- Pagbayarin ang mga bilyonaryo ng kanilang makatwirang bahagi ng gastos – upang mas kaunti ang kinakailangang bayaran ng nagtatrabahong mga pamilya.
- Babaan ang singil sa mga pampublikong serbisyo na tulad ng koryente, tubig at gas, at lumikha ng mga trabaho para sa panggitnang uri, sa pamamagitan ng Green New Deal.
- Palaguhin ang ating ekonomiya sa makatarungang paraan, at itaguyod ang lokal na maliit na negosyo.
- Pababain ang bilang ng krimen sa pamamagitan ng pagpapababa rin ng bilang ng nakararanas ng kahirapan at paggamot sa kalusugan ng isip at pang-aabuso sa droga at iba pang sangkap.

Dumating ako sa bansang ito bilang Dreamer, sa pamamagitan ng pagtawid sa border habang pasan-pasan sa likod ang aking kapatid na babae. Nakakuha ako ng mga iskolarship sa Stanford at Harvard Law. Naging bukas ako ukol sa aking pagkatala sa aking pamilya. Bilang Superbisor, naipanalò ko ang mahahalagang labanan upang makapagkaloo ng pangangalaga sa kalusugan para sa lahat at mailigtas ang St Luke's Hospital. Nakipaglaban ako para sa pantay na sahod para sa kababaihan, pagtatayo ng abot-kayang pabahay, pagpasa sa mas matitibay na proteksiyon laban sa pagpapalis sa tahanan, at nakipaglaban para sa makatarungang sahod para sa mga manggagawa.

Nakipaglaban ako upang matalo si Donald Trump, maprotektahan ang karapatan ng kababaihan magpasya para sa sarili, at mapagbayad ang pinakamayayamang korporasyon ng kanilang makatarungang bahagi, at sa gayon, mabigyan natin ng pabahay ang mga walang tahanan.

Mangyaring samahan ang/sina:

Mga guro sa klasrum ng San Francisco - United Educators of San Francisco (Nagkakaisang mga Edukador ng San Francisco)

Mga frontline (nagtatrabaho sa mahahalagang industriya) na tagapag-alaga - Ang California Nurses Association (Asosasyon ng mga Nars ng California) at ang National Union of Healthcare Workers (Pambansang Unyon ng mga Manggagawa para sa Pangangalagang Pangkalusugan)

Mga frontline na nagtatrabaho sa hospitality (hotel, restawran, turismo, at iba pa) - UNITE HERE! Lokal 2

TWU Lokal 250A

Ang Sierra Club

Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ)

San Francisco Latinx Democratic Club (Samahan ng mga Demokratikong Latinx sa San Francisco)

Rose Pak Democratic Club (Demokratikong Samahang Rose Pak)

Dolores Huerta

Dating Senador ng Estado Mark Leno

Miyembro ng Asembleya Phil Ting

Dating Miyembro ng Asembleya Tom Ammiano

Dating Superbisor Sophie Maxwell

Direktor ng BART Bevan Dufty

Superbisor Connie Chan

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Hillary Ronen

At hanapin ang etiketang “corporate-free (walang korporasyon)” sa mga materyales ng kampanya – kami lamang ang kampanya kung saan walang korporasyon!

www.CamposforUs.com.

David Campos

MATT HANEY

Ang aking trabaho ay Superbisor, Lungsod at County ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Bilang Superbisor ng San Francisco, abugado para sa pagtatanggol ng mga karapatan ng mga nangungupahan, at edukador, nakapaghatid na ako ng progresibo at praktikal na mga solusyon sa pinakamahirap na hamon sa San Francisco.

Naipaglaban ko na ang ginagarantiyang pangangalaga sa kalusugan ng isip para sa lahat, mga banyong magagamit nang 24 oras, 5,000+ bagong unit na pabahay sa aking distrito, at bilang Tagapangulo ng Komite ng Badyet at Pinansiya, natiyak ko na ang higit sa anumang panahon na pamumuhunan sa pabahay, pampublikong kaligtasan, at ayuda para sa maliit na negosyo.

Nang maganap ang pandemya, naging awtor ako ng lehislasyon upang mabigyan ng pabahay ang 2,000+ katao na nakararanas ng kawalan ng tahanan, nagtrabaho nang may shifts o takdang panahon sa COVID shelter hotel sa panahon na may kakulangan sa kawani, at naghatid ng mga lugar para sa maramihang pagpapabakuna sa kabuuan ng lungsod.

Tumatakbò ako para sa Asembleya ng Estado dahil kailangan natin ng mapangahas at epektibong pamumuno upang makapagtayo ng abot-kayang halaga ng pabahay, maalís sa lansangan ang mga walang tahanan, at maharap ang krisis na dulot ng pagbabago ng klima.

Mga Prayoridad:

- Magtayo ng 100,000 bagong unit ng pabahay sa San Francisco sa loob ng 10 taon upang magawang abot-kaya ng lahat ang pabahay.
- Palawakin ang supportive housing (pabahay na nagbibigay ng suporta) at pangangalaga sa kalusugan ng isip, at nang magkaroon ng malaking pagbabawas sa paninirahan sa kalye dahil sa kawalan ng tahanan.
- Harapin ang pagbabago ng klima sa pamamagitan ng pamumuhunan sa enerhiyang renewable (napananatili) at transportasyon naipagpapatuloy.
- Suportahan ang community policing (pagpapatakbo ng pulisya nang may pakikipagtulungan sa komunidad), pigilin ang mga krimen na ibinubunsod ng pagkasuklam sa mga Asyano, at tanggalin mula sa kalye ang mga baril at fentanyl nang may epektibong mga kahihinatnan.
- Pagbayarin ng kanilang makatarungang bahagi ang malalaking korporasyon at CEO na kumita ng bilyon-bilyon sa panahon ng pandemya.
- Protektahan ang mga karapatan ng LGBTQ+, karapatang sibil, at karapatan ng kababaihan.

Inendoso ng dose-dosenang lider at organisasyon, kasama na sina/ang:

- Attorney General (Pangkalahatang Abugado) Rob Bonta
- Superintendente ng Pampublikong Instruksiyon ng Estado Tony Thurmond
- California Professional Firefighters (Mga Propesyonal na Bumbero ng California)
- California Environmental Voters (Mga Botante ng California para sa Kapaligiran)
- California Nurses Association
- California School Employees Association (Asosasyon ng mga Empleyado ng mga Paaralan ng California)
- California Faculty Association (Asosasyon ng mga Guro ng California)
- California Pediatricians' Association (Asosasyon ng mga Pediatrician ng California)
- California Legislative Jewish Caucus (Pulong ng mga Hudyo para sa Lehislasyon ng California)
- SEIU California
- SEIU United Health Care Workers (Nagkakaisang mga Kawani sa Pangangalaga ng Kalusugan ng SEIU)
- Chinese American Democratic Club (Demokratikong Samahan ng mga Tsino Amerikano)
- United Democratic Club (Nagkakaisang Demokratikong Samahan)
- Noe Valley Democratic Club (Demokratikong Samahan ng Noe Valley)
- TL Chinese Rights Association (Asosasyon para sa mga Karapatan ng Tsino sa TL)
- San Francisco Medical Society (Samahang Medikal ng San Francisco)
- Tagapangulo ng Asian Pacific Islander Caucus (Pulong ng mga Asyanong taga-Isla Pasipiko) Senador Dr. Richard Pan
- Tagapangulo ng Progressive Caucus (Pulong ng mga Progresibo) Miyembro ng Asembleya Ash Kalra
- Tagapangulo ng Housing Committee (Komite sa Pabahay) Miyembro ng Asembleya Buffy Wicks
- Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) Shamann Walton
- Tagapangulo ng San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko) Honey Mahogany
- Presidente ng Small Business Commission (Komisyon para sa Maliit na Negosyo) Sharky Laguana
- Sheriff Paul Miyamoto
- Komisyoner ng Pulisya Larry Yee
- Komisyoner ng Pulisya Cindy Elias
- Bilal Mahmood

MattHaney.com

Matt Haney

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 17

BILL SHIREMAN

Ang aking trabaho ay Negosyante ng mga Solusyon para sa Kapitaligiran.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:
MABILISANG KUWENTO.

Iginugol ko na ang aking buhay sa pagsusulong ng mga ideyal na kinakatawan ng mga taga-San Francisco - sa pamamagitan ng pagsasama-sama sa mga magkakaaway sa politika. Iyan ang paaran ng aking paglilingkod sa aking pamilya at sa komunidad.

Sinasabi ng mga tao, "suwertehin ka sana riyan." Pero gumagana ito. Ako ang nagsulat ng batas ng California na nauukol sa pagre-recycle at CRV. Napalawak ang Lokal na Conservations Corps (Pulutong para sa Pagpapanatili sa Kapitaligiran) na nagbibigay-lakas sa kabataang nasa panganib. Nailigtas ang mga gubat sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Lubusang napagbago nito ang mga industriya, nakapag-recycle ng trilyon-trilyong lata at milyon-milyong kompyuter, nakapagbigay-lakas sa mga tao, at hindi sa malalaking gobyerno o korporasyon.

Kailangan ko ang inyong tulong ngayon.

Winawasak na ng nakalalasang politika ang California. Tinatakot ng mga maiimpluwensiya sa politika o power broker ang mga progresibo gamit si Trump, at ang mga konserbatibo gamit ang sosyalismo. Habang nag-aaway-away tayong, sinusubasta nila ang ating \$4.5T+ sa mga may pansariling interes, nang walang komisyon.

Mabubuting tao ang aking mga katunggali, pero ginagamit sila ng maiimpluwensiya sa politika upang mapaghiwa-hiwalay tayong.

Nagdudulot iyan sa California ng pinakamataas na antas ng kahirapan (18%), mga paaralang pinakamababa ang pagganap (ika-43), malulupit na gastos sa pabahay, hindi nakokontrol na pangwawasak ng ari-arian kasabay ng panloloob o smash-grab, mga tent ng walang tahanan, at nakakulong na may adiksiyon sa mga bawal na sangkap.

Ang aking kampanya ay bahagi ng pinakamalaking politikal na kilusang hindi pa ninyo naririnig. MGA NAGTUTULAY. Mga gumagamit ng sentido komon at lumulutang ng problema na Demokrata, independiyente, Republikano, na tumatakbo sa trans-partisan (nagsasama ng lahat ng posisyon ng iba't ibang partido) na SOLUTIONS AGENDA (PROGRAMA NG MGA GAWAIN NA NAGBIBIGAY-SOLUSYON):

MAS MAHUSAY NA PAGBUBUWIS. Huwag buwisan ang kita at mga trabaho. Buwisan ang polusyon.

MAS MAHUSAY NA MAPAGPIPLIANG MGA PAARALAN. Tradisyonal, espesyalisado, at nonprofit na mga tsarter na paaralan.

MGA BAGONG KALAYAAN SA PABAHAY. Wakasan ang rasistang pagsosona at mga kodigo. Bigyang-lakas ang mga may-ari ng tahanan at nangungupahan upang magkasamang makalikha ng mas maraming pabahay.

BIGYANG-LAKAS ANG MGA NEGOSYANTE. Luwagan ang mga tali sa leeg na sumasakal sa mga nagbebenta, tindahan, restawran - ang puso ng malulusog na komunidad.

ITIGIL ANG PAGSASANGKAPAN SA PAGKASUKLAM. Mga mahusay sa teknolohiya, manggagawa, asul, pula, BIPOC, LGBT at Q. Ang ating mga pagkakaiba-iba ang bumubuo sa atin - malilikha, may pag-uugnay-ugnay, at mahahalaga.

Tunay kami. Pag-aralan pa kami.

Itigil na ang nakalalasang politika. Suportahan ang tunay na mga solusyon. Posible ang panalo para sa ating lahat.

Bill Shireman

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Mga Kandidato para sa Asembleya ng Estado, Distrito 19

PHIL TING

Ang aking trabaho ay Miyembro ng Asembleya ng Estado ng CA.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Kailangang magtrabaho nang kasinsipag ng pagtatrabaho ninyo ang ating gobyerno – at iyan ang dahilan kung bakit lampas sa karaniwang oras ang pagtatrabaho namin upang maharap ang pinakamalalaking hamon na tulad ng kawalan ng tahanan, ligtas na pagpapanatiling bukas sa ating mga paaralan, pagtaas ng porsiyento ng krimen, at mataas na gastos sa pabahay.

Bilang Chair (Tagapangulo) ng Komite sa Badyet ng Asembleya, dumaraan sa aking mesa ang halos lahat ng mungkahi sa paggasta. Misyong kong matiyak na sulit ang paggasta sa inyong pinaghirapang dolyares na ibinabayad na buwis. Iyan ang dahilan kung bakit nag-akda ako at nagpasa ng mga batas na:

- Ipinuhunan ang ating surplus o labis na pondo ng estado kung saan ito may pinakamalaking epekto – sa pagpapahusay sa edukasyong K-12, pagpapanatiling bukas ng ating mga paaralan, at pagbubukas ng mas maraming lugar para sa mga taga-California sa ating mga pampublikong kolehiyo at unibersidad.
- Nagtuon sa kaligtasan – kasama na ang pag-uui sa mga dolyar ng estado upang mapondohan ang mga programang nilalabanan ang karahasan, kabilang na ang naka-aalarna na biglang pagtaas ng mga krimeng ibinubunsod ng pagkasuklam sa mga Asyano.
- Nagtrabaho para sa pagbangon ng ekonomiya sa pamamagitan ng pag-uui ng karagdagang pondo para sa pagtugon sa COVID-19 at pakikipaglaban upang maayos ang kaguluhan sa unemployment office (opisinang nakatuon sa kawalan ng trabaho) ng estado.
- Nagbigay-proteksiyon sa ating kapaligiran sa pamamagitan ng pagbabawal sa mapanganib na “forever chemicals (mga kemikal na nakalalason sa tubig at dugo)” na may kaugnayan sa kanser at iba pang malalalang problema sa kalusugan.

Sa pamamagitan ng inyong suporta, patuloy akong makikipaglaban para sa patas at kompletong pagbangon ng ekonomiya, para sa bagong pabahay at transportasyon na kailangan natin upang maging makatwiran ang gastos sa pabahay, para sa mga programa sa kalusugan ng isip at pagsasanay sa trabaho na kailangan natin upang mapababa ang porsiyento ng krimen, at higit sa lahat – para sa gobyerno ng estado na tumutugon sa inyo.

Ikinararangal kong nakuha ko na ang suporta ng mga guro sa klasrum, nars, lokal na bumbero, ang Sierra Club, at marami pang iba.

Umaasa akong sasamahan ninyo kami sa www.PhilTing.com.

Phil Ting

KARSTEN WEIDE

Ang aking trabaho ay Tagasuri ng Industriya.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Mahal nating lahat ang estado ng California - pero nasa krisis ang ating estado.

Mabilis ang pagtaas ng mararahas na krimen. Pagbebenta ng droga at adiksiyon. Kawalan ng tahanan. Kakulangan sa abot-kayang pabahay. Nabibigong mga pampublikong paaralan. Maling pamamahala ng gobyerno ng estado.

Pinalala lamang ng kasalukuyang mga polisiya ang mga bagay-bagay, at patuloy pa ring ginagawa ito.

Kaya nating ayusin ang California - pero kailangan natin ng bago at sariwang ideya para malutas ang mga problema ng ating estado.

Naniniwala ako sa mga katunayan at sa katwiran. Kaliwa, kanan, sentro, walang kaso - magsama-sama tayong muli sa gitna, dahil sa paraang ito lamang natin lubusang mababago ang estado. Harapin natin ang ating mga hamon, at ihain natin sa mesa ang lahat ng ating ideya, nang walang doktrina o pagkiling, at magdebate tayo sa kung ano ang pinakamainam na landas sa pagsulong. Posibleng maging paraiso natin ang California - pero mangyayari lamang ito kung gagawin natin itong gayon, nang magkakasama.

Tagasuri ng industriya ang aking propesyon. Ama ako ng tatlong bata, at dalawa sa kanila ang nag-aaral pa rito sa San Francisco. Imigrante akong nagmula sa Alemanya, at mahigit 20 taon nang naninirahan sa Estados Unidos, kung saan 18 sa mga taon na ito ay sa San Francisco.

Tulungan ninyo akong matulungan ang California - pakibigay sa akin ang inyong boto.

Karsten Weide



Kandidato para sa Abugado ng Lungsod

DAVID CHIU

Ang aking trabaho ay Abugado ng Lungsod ng San Francisco.

Ang aking mga kuwalipikasyon ay:

Habang lumalaki sa migranteng pamilya, nasaksihan ko ang kahalagahan ng pakikipaglaban para sa katarungan, na siyang nagbigay sa akin ng inspirasyon na maging abugado. Ang laban na iyon ang humubog sa aking karera sa serbisyo publiko – bilang klerk ng batas sa hukom ng Ninth Circuit (Pederal na Hukuman para sa mga Apela), abugado para sa mga karapatang sibil, tagapag-usig sa mga kasong kriminal, Abugado para sa US Senate Constitution Subcommittee (Bahagi ng Komite para sa Konstitusyon ng Senado ng Estados Unidos), at Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor).

Bilang Miyembro ng Asembleya ng California, nag-akda ako ng mga batas na naghawan ng mga bagong landas, at sa gayon, mapigilan ang pagpapaalis sa mga umuupa, makapagpatayo ng abot-kayang pabahay, malabanan ang pagbabago ng klima, maprotektahan ang karapatan ng mga LGBTQ+ at imigrante, at ang mga karapatan sa reproduksiyon, at maharap ang pagkasuklam sa mga Asyano, habang matagumpay na hinahamon ang mga bangko ng Wall Street, pharmasyotikong kompanya, at gumagawa ng mga barrel.

Magmula noong ako'y inyong maging Abugado ng Lungsod, nakapaghatid na ang aming Opisina ng milyon-milyong dolyar sa mga manggagawang pinagkaitan ng pangangalaga ng kalusugan at pinahihintulutang pagliban sa trabaho, naipanalo na ang \$123M na pondo para sa mga paaralan, natugis ang mga mapagkunwaring kompanya na nagsasagawa ng pagte-testing para sa COVID, naharap ang mga nagdudulot ng polusyon sa kapaligiran, at naipagtanngol ang mga imigranteng pamilya sa Korte Suprema ng Estados Unidos.

Sa pagpapatuloy at pagpapahusay pa sa mga tradisyon ng Opisina ng Abugado ng Lungsod, gagamitin ko ang batas upang matugunan ang ating krisis sa pabahay at kawalan ng tahanan, ipaglalaban ang ating mga karapatang sibil, pananatilihing ligtas ang ating mga komunidad, ipagtatanggol ang ating mga konsumer at manggagawa, pananagutin ang mga korporasyon, at tatanggalin ang mga ugat ng korupsiyon.

Mga Taga-suporta (para lamang sa mga layunin ng identipikasyon ang mga titulo):

- Gobernador Gavin Newsom
- Speaker (Tagapagsalita) Nancy Pelosi
- Attorney General (Pangkalahatang Abugado) Rob Bonta
- Tesorero ng Estado Fiona Ma
- Mayor London Breed
- Senador ng Estado Scott Wiener
- Dating mga Abugado ng Lungsod Dennis Herrera at Louise Renne
- Mga Superbisor Matt Haney, Rafael Mandelman, Gordon Mar, Myrna Melgar, Hillary Ronen, Ahsha Safaí, Catherine Stefani, Presidente Shamann Walton

www.votedavidchiu.com

David Chiu

Ang mga pahayag ay kusang-loob na ibinigay ng mga kandidato at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga pahayag ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Mga Madalas Itanong ukol sa Pagpaparehistro at Pagboto sa San Francisco

Sinagot ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro

Sino ang kuwalipikadong magparehistro at bumoto sa California? Upang makaboto sa mga eleksyon sa California, kinakailangang kayo ay: 1) mamamayan ng Estados Unidos; 2) residente ng California; 3) hindi bababa sa 18 taong gulang ang edad sa Araw ng Eleksyon; 4) hindi napatunayan ng korte na may pagkukulang sa isip upang makaboto; at 5) hindi kasalukuyang nagsisilbi ng pang-estado o pampederal na sentensiya sa kulungan nang dahil sa hatol na felony.

Pakitandaan na inamyendahan ng pagkakapasa sa Proposisyon 17 noong Nobyembre 2020 na eleksyon ang Konstitusyon ng estado, at nang mapahintulutan ang mga karapat-dapat na residente na naka-parole (paglaya na may kondisyon) na makapagparehistro upang makaboto.

Maaaring magparehistro at bumoto para sa eleksyon ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) ang mga hindi mamamayang residente ng San Francisco kung sila ay isang magulang, legal na tagapatnubay, o tagapagalaga ng batang nakatira sa San Francisco at mas mababa sa 19 taong gulang ang edad ng isa sa mga bata sa Araw ng Eleksyon. Ang susunod na eleksyon para sa Board of Education ay gaganapin sa Nobyembre 8, 2022.

Kailan ang deadline para magparehistro upang makaboto o para baguhin ang impormasyon sa aking rehistrasyon? Sa Mayo 23, 2022 ang deadline para magparehistro sa pamamagitan ng koreo o online para sa Hunyo 7 na eleksyon. Matapos ang araw na iyon, kinakailangan na ninyong magparehistro at bumoto nang personal gamit ang probisyonal na balota sa Voting Center (Sentro ng Botohan) sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California bago ako maging 18 taong gulang? Kung 16 o 17 na taong gulang na kayo at natutugunan ang iba pang pangangailangan ng estado sa pagpaparehistro ng botante, maaari kayong magpaunang rehistro upang makaboto at magiging aktibo ang inyong rehistrasyon pagsapit ng inyong ika-18 na kaarawan.

Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California kung bago pa lang akong naging mamamayan? Kung naging mamamayan kayo ng U.S. matapos ang regular na deadline ng rehistrasyon sa Mayo 23, maaari kayong magparehistro at bumoto nang personal sa Voting Center sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Maaari ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako ng tirahan sa lungsod? Kung lumipat kayo sa loob ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o baguhin ang inyong address sa sfelections.org/voterportal o sa lugar ng botohan kung saan makaboboto kayo nang personal.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa loob ng California? Kung lumipat kayo sa bagong address sa California na nasa labas ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o makipag-ugnayan sa opisyal ng mga eleksyon ng bago ninyong county.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa ibang estado? Kung lumipat na kayo sa ibang estado, maaari kayong magparehistro sa inyong lokal na opisyal ng mga eleksyon. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para kanselahin ang inyong rehistrasyon sa San Francisco.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung kasalukuyan akong nakatira sa ibang bansa? Kung pansamantala kayong naninirahan sa ibang bansa, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o sa fvap.gov at humiling ng balota na ipapadala sa pamamagitan ng koreo, fax, o email.

Kung mayroon kayong mga tanong kung maaari ba kayong makaboto, mangyaring makipag-ugnayan sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) sa (415) 554-4310 o mag-email sa SFVote@sfgov.org.



Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Balotang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

Matatanggap ko ba ang aking balota sa koreo? Alinsunod sa batas ng estado, makatatanggap na ng balota sa koreo ang lahat ng botante para sa lahat ng darating na eleksyon. Maaaring pumili ang sinumang botante na bumoto gamit ang balota na darating sa koreo o bumoto nang personal sa Hunyo 7, 2022 na eleksyon.

Paano kung hindi dumating sa koreo ang aking balota? Maaari ninyong masubaybayan kung nasaan na ang inyong balota sa proseso ng pagpapadala sa koreo sa sfelections.org/voterportal. Kung nakalipas na ang tatlong araw mula nang ipadala ang inyong balota, maaari kayong humiling ng pamalit na balota sa sfelections.org/voterportal o sa pamamagitan ng pagtawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310.

Paano ako makakukuha ng pamalit na vote-by-mail na balota? Upang humiling ng pamalit na balota bago sumapit ang Hunyo 1, pumunta sa sfelections.org/voterportal o tumawag sa Department of Elections sa (415) 554-4310. Matapos ang petsang iyon, makipag-ugnayan sa Departamento sa lalong madaling panahon para mapag-usapan ang inyong mga opsiyon.

Maaari ko bang gamitin ang Nagagamit ng Lahat na sistemang Vote-By-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, AVBM) para makuha ang aking balota? Maaaring makuha at mamarkahan ng sinumang botante ang kanyang balota sa sfelections.org/access. Kailangang i-print at ibalik nang personal o sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang AVBM.

Paano ko masusubaybayan ang aking balotang vote-by-mail? Maaari ninyong masubaybayan sa sfelections.org/voterportal ang inyong balotang vote-by-mail mula sa pagbubuo nito hanggang sa pagpapadala, beripikasyon, at pagbilang. O mag-sign up sa wheresmyballot.sos.ca.gov para makatanggap ng mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa inyong balota. Maaari din kayong tumawag o magpadala ng email sa Department of Elections.

Mga Madalas Itanong (FAQs) tungkol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail

Maaari ko bang ibalik ang aking balota sa pamamagitan ng koreo sa mismong Araw ng Eleksyon? Para mabilang ang inyong balota, kailangan malagyan ng postmark ang pambalik na sobre ng balota hanggang sa Araw ng Eleksyon, na Hunyo 7. Kung ipadadala ninyo sa koreo ang inyong pambalik na sobre ng balota matapos mangyari ang huling oras ng pagkolekta sa koreo sa Araw ng Eleksyon, huli nang malalagyan ng postmark ang inyong balota para ito'y mabilang. Alamin ang lokasyon ng mga United States Post Office box at mga oras ng pagkolekta sa usps.com/locator.

Paano ko pipirmahan ang pambalik na sobre ng aking balota? Lagdaan ang inyong sobre gamit ang huling pirma na ginamit sa inyong aplikasyon sa pagpaparehistro bilang botante. Kung nagbago na ang inyong pangalan at pirma, mangyaring muling magparehistro sa registertovote.ca.gov. Kung hindi ninyo pinirmahan ang inyong pambalik na sobre para sa balota, o hindi nagtugma ang inyong pirma sa sobre sa alinmang pirma sa inyong rekord bilang botante, susubukan ng Departamento na makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng koreo at kailangan ninyong ayusin ang problema bago mabilang ang inyong balota.

Saan ko maaaring ihulog ang aking vote-by-mail na balota? Mula Mayo 9 hanggang Hunyo 7, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa Voting Center sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, maaari ninyong ihulog ang inyong balota sa alinmang opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Voting Center sa City Hall, o saanmang lugar ng botohan sa Lungsod nang hindi lalagpas sa 8 p.m. Para mahanap ang lokasyon ng kahon na hulugan ng balota na malapit sa inyo, pumunta sa sfelections.org/balotdropoff o tumawag sa (415) 554-4310.



Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal

Maaari ba akong bumoto nang maaga at nang personal sa Hunyo 7 na eleksyon?

Bukas ang Voting Center sa City Hall sa mga sumusunod na oras:

- Lunes hanggang Biyernes, Mayo 9–Hunyo 6 (maliban sa Mayo 30, Memorial Day), mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.;
- Huling dalawang Sabado at Linggo, Mayo 28–29 at Hunyo 4–5, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.; at
- Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. (pareho sa oras ng pagboto sa mga lugar ng botohan)

Maaari ba akong bumoto sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco? Magkakaroon ng humigit-kumulang 588 lugar ng botohan na bukas para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balotang vote-by-mail sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Hinihikayat namin ang lahat na bumoto sa inyong nakatalagang lugar ng botohan. Kung boboto kayo sa ibang lugar ng botohan, hindi ninyo makikita ang inyong pangalan sa listahan ng mga botante at hihilingin sa inyo na bumoto gamit ang probisyonal na balota.

Ano-anong uri ng tulong at impormasyon na nasa iba't ibang wika ang makukuha sa mga lugar ng botohan kung saan puwedeng bumoto nang personal? Parehong mag-aalok ang Voting Center sa City Hall at ang lahat ng lugar ng botohan sa San Francisco ng bilingual (nasa dalawang wika) na balota na nasa Ingles at alinman sa Tsino, Espanyol, o Filipino. Dagdag pa rito, mag-aalok din ang ilan sa mga lugar ng botohan ng balotang facsimile (sanggunian) sa wikang Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese. Magbibigay din ng tulong sa iba't ibang wika ang mga bilingual (dalawa ang sinasalitang wika) na kawani sa karamihan ng mga lugar ng botohan sa komunidad.

Ano-anong tulong at impormasyon sa may kapansanan ang makukuha sa mga lugar kung saan puwedeng bumoto nang personal? Mag-aalok ng serbisyo sa curbside voting (pagboto sa gilid ng daan), kagamitang pantulong sa may kapansanan sa pagboto, mga kasangkapan, at personal na tulong ang lahat ng lugar ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal. Maaaring pakiusapan ng sinumang botante ang isa o dalawang tao na tulungan siyang markahan ang kanyang balota, basta't hindi tagapag-empleyo ng botante o kinatawan ng kanyang unyon ang tutulong, at hindi magtatangkang impluwensiyahan ang botante.

Maaari ko bang dalhin ang aking Sample Ballot (Halimbawang Balota) o sariling listahan sa booth ng botohan?

Opo. Makatutulong kung desidido na kayo kung sino o ano ang inyong iboboto bago pa kayo magpunta sa botohan. Maaari ninyong gamitin ang Sample Ballot na nasa pangunahing Ingles na bersiyon nitong pamplet, o ang Ballot Worksheet sa loob ng pamplet na ito, upang makapag-ensayo sa pagmamarka ng inyong (mga) pinili bago ninyo markahan ang inyong opisyal na balota.

Kailangan ko bang bumoto sa bawat labanan at panukala sa balota? Hindi po. Bibilangin ang inyong mga boto kahit na hindi kayo bumoto sa bawat labanan at panukala.



Impormasyon tungkol sa mga Lokal na Panukalang-batas na nasa Balota at mga Argumento

Alinsunod sa lokal na batas, nilalaman ng pamphlet na ito ang sumusunod na impormasyon tungkol sa mga lokal na panukalang-batas:

1. Pagkilala sa bawat panukalang-batas sa pamamagitan ng letra at titulo,
2. Pahayag o tanong ng City Attorney (Abugado ng Lungsod),
3. Buod o digest ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota),
4. Pagsusuri ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod) tungkol sa epekto sa pananalapi,
5. Paliwanag kung paano naging kuwalipikadong mailagay sa balota ang panukalang-batas,
6. Legal na teksto (para sa legal na teksto, tingnan ang Ingles na bersiyon ng pamphlet na ito), at
7. Anumang karagdagang impormasyon na hinihingi ng Municipal Elections Code ng San Francisco (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon, SFMEC) §500.

Maaaring ibigay ang mga sumusunod na argumento para sa lokal na panukalang-batas:

1. Isang argumento ng may-panukala (pabor sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at nakalimbag nang walang bayad,
2. Isang argumento ng katunggali (laban sa panukalang-batas), na pinili ayon sa SFMEC §545 at nakalimbag nang walang bayad,
3. Isang sagot sa argumento para sa bawat argumento ng may-panukala at katunggali ng panukalang-batas, pinili ayon sa SFMEC §550 at nakalimbag nang walang bayad.
4. Anumang may bayad na argumento na nai-sumite alinsunod sa SFMEC §555-570. (Maililimbag nang magkasama sa pangunahing Ingles na bersiyon ng pamphlet ang lahat ng may bayad na argumento na pabor sa panukalang-batas, kasunod ng mga may bayad na argumento na laban sa panukalang-batas. Lahat ng argumento ay pawang opinyon ng mga may-akda at inililimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite, kasama na ang anumang kamalian sa pagta-type, spelling, o grammar).

Recall na Labanan bilang Panukala sa Balota

Ang District Attorney (Abugado ng Distrito) ang nagsasakdal sa mga kasong kriminal para sa Lungsod at County ng San Francisco. Apat na taon ang takdang panahon ng panunungkulan ng District Attorney at may bayad na \$312,780 kada taon.

Makikita sa balota ng eleksyong ito ang panukala para sa recall ng District Attorney dahil sinertipika ang petisyon para sa recall noong Nobyembre 2021 (batay sa lokal na batas, kasama sa “panukala” ang lokal na labanan para sa recall). Kung mas marami sa mga botante ang pipili ng “Oo” kaysa sa “Hindi” sa recall na labanan, magtatalaga ang Mayor ng kapalit na magsisilbi sa natitirang bahagi ng apat na taong termino ng na-recall na opisyal. Anuman ang kahihinatnan ng eleksyong ito, makikita muli ang labanan ng District Attorney sa Nobyembre 2023 na balota para sa susunod na buong termino na magsisimula sa Enero 2024.

Mga Pahayag ng Dahilan para sa Recall at mga Sagot

Alinsunod sa California Elections Code (Kodigo ng Eleksyon ng California) §11325, inilathala sa pahina 67 ng pamphlet na ito ang Pahayag ng Dahilan ng may-panukala para sa recall at Sagot ng opisyal na hinahangad na ma-recall.



Pangkalahatang Buod ng Utang ng San Francisco

Ano ang Bond Financing (Pamumuhunan sa Pamamagitan ng mga Bond)?

Ang bond financing ay isang uri ng pangmatagalang-panahon na pangungutang na ginagamit para makalikom ng pera para sa mga proyekto, na binabayaran na agad at ibinabalik sa mga investor o namumuhunan sa loob ng mas mahabang panahon. Tumatanggap ng pera ang Lungsod sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bond sa mga namumuhunan. Kailangang bayaran ng Lungsod ang halagang inutang at ang tubo sa mga namumuhunang iyon. Ang perang nalikom mula sa pagbebenta ng mga bond ay ginagamit na pambayad para sa malalaking capital project (mga proyektong pangmatagalan na nakatuon sa mga ari-arian) tulad ng mga estasyon ng mga bombero at pulis, programa ng abot-kayang pabahay, ospital, aklatan, parke, at iba pang pasilidad ng lungsod. Ginagamit ng Lungsod ang bond financing sapagkat tatagal ang mga capital project na ito nang maraming taon at kailangang bayaran sa loob ng takdang panahon ng mga residente ng San Francisco na makikinabang din sa pagdaan ng panahon nang dahil sa mga pagpapahusay na kaugnay ng mga proyektong ito. Bukod rito, mahirap bayaran nang isang bagsakan ang malalaking dolyar na gastos ng mga proyektong ito.

Mga Uri ng Bond. Mayroong dalawang pangunahing uri ng bond – General Obligation at Revenue.

Ang mga **General Obligation Bond (Bond para sa Pangkalahatang Obligasyon)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyektong nakabubuti sa mga mamamayan ngunit hindi kumikita (halimbawa, hindi itinatayo ang mga estasyon ng pulis o ang mga parke na may kakayahang mismong magbayad sa mga pagkakautang sa sarili nila). Kapag naaprubahan at napagbili ang mga general obligation bond, mga buwis sa ari-arian ang ipinambabayad sa mga ito. Kailangang aprubado ang mga general obligation bond na ilalabas ng Lungsod ng two-thirds (dalawang-katlo) ng mga botante.

Ang mga **Revenue Bond (Bond na Kumikita)** ay ginagamit na pambayad sa mga proyekto tulad ng mahahalagang pagpapahusay sa isang paliparan, sistema ng patubig, garahe o iba pang malalaking pasilidad na kumikita. Kapag naaprubahan at naipagbili ang mga revenue bond, ang mga ipinambabayad sa mga ito ay karaniwang mula sa mga kinita ng mga proyektong pinamuhunan ng bond, halimbawa, mga singil sa paggamit o singil sa paradahan. Dapat aprubahan ang mga revenue bond ng Lungsod ng boto ng mayorya. Walang revenue bond sa balotang ito. Ang Bond para sa pagiging Maaasahan ng MUNI at Kaligtasan sa mga Kalye sa Hunyo 2022 na Balota ay isang General Obligation Bond.

Magkano ang Nagagasta sa Pag-utang?

Nakabatay ang gastos ng Lungsod sa pag-utang ng pera sa kabuuang halagang inutang, halaga ng tubo sa utang, at bilang ng mga taon kung kailan mababayaran ang utang. Karaniwang binabayaran ang mga utang ng Lungsod sa loob ng 20 hanggang 30 taon. Ipagpalagay nang ang karaniwang halaga ng tubo ay 6%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa loob ng 20 taon ay humigit-kumulang na \$1.74 para sa bawat dolyar na inutang — \$1 para sa halagang inutang at 74 sentimos para sa tubo. Gayon pa man, unti-unti ang pagbabayad nito sa loob ng 20 taon. Kung gayon, pinabababa ng inflation ang tunay na gastos ng pangungutang dahil mas murang dolyar ang gagamiting pambayad sa hinaharap. Ipagpalagay nang ang taunang halaga ng inflation ay 4%, ang magagasta para mabayaran ang utang sa dolyar ngayon ay humigit-kumulang na \$1.18 para sa bawat \$1 na inutang.

Ang Kasalukuyang Sitwasyon ng Pagkakautang ng Lungsod

Mga Bayad sa Utang. Sa piskal na taong 2020–2021, magbabayad ang mga nagbabayad ng buwis sa mga ari-arian sa Lungsod ng humigit-kumulang na \$570 milyon ng prinsipal at tubo para sa hindi pa nababayaranang mga bond ng Lungsod at para sa iba pang naglabas ng mga general obligation bond debt (utang na bond para sa pangkalahatang obligasyon), (ang mga ito ang San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District at Bay Area Rapid Transit District). Ang netong halaga ng buwis sa ari-arian para sa taon upang makasunod sa mga itinatakda para sa utang at sa utang na para sa espesyal na pondo ay tinataya na magiging 19.85 sentimo kada \$100 ng tinatayang halaga, o \$1,177 sa bahay na natasang \$600,000, na sumasalamain sa eksempsiyong \$7,000 ng may-ari ng bahay.

Legal na Limitasyon sa Pag-utang. Ipinag-uutos ng Tsarter ng Lungsod na magkaroon ng limitasyon sa halaga ng mga general obligation bond na hindi pa nababayaran ng Lungsod sa anumang takdang panahon. Ang limitasyong ito ay 3% ng natasang

halaga ng nabubuwisang ari-arian sa Lungsod — o sa kasalukuyan, humigit-kumulang na \$9.36 bilyon. Ang mga botante ang nagbibigay sa Lungsod ng *awtorisasyon* na maglabas ng mga bond. Itinuturing ang mga bond na nailabas na at hindi pa nababayaran na *hindi pa bayad*. Noong Marso 1, 2022, mayroong \$2.91 bilyon na hindi pa bayad na mga general obligation bond, na katumbas ng 0.94% ng natasang halaga ng mga nabubuwisang ari-arian. Mayroon pang karagdagang \$1.50 bilyon na mga bond na nabigyan na ng *awtorisasyon ngunit hindi pa inilalabas*. Kung inilabas ang mga bond na ito at hindi pa nababayaran, ang pasaning kabuuang halaga ng utang ay 1.42% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Hindi nakadaragdag sa halaga ng pasaning utang ng Lungsod ang mga bond na inilabas ng San Francisco Community College District, San Francisco Unified School District, at ng Bay Area Rapid Transit District (BART) bilang layon sa mga limitasyong itinatakda ng Tsarter, ngunit ang mga buwis sa ari-arian (tingnan ang Matipid na Pamamahala ng Utang na nasa ibaba) ang ipinambabayad sa mga ito. Bahagi ng kasalukuyang patakaran ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng buwis sa ari-arian mula sa mga general obligation bond ng Lungsod, na mas mababa sa halaga nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang iniuurong na sa sirkulasyon ang mga luma, at tumataas ang batayang buwis, bagamat posibleng magbago-bago ang pangkalahatang halaga ng buwis sa ari-arian batay sa iba pang factors o salik. Ipinatutupad ang polisiyang ito sa mga bond ng Lungsod at ng County pero hindi sa iba pang gobyerno, tulad ng San Francisco Unified School District, San Francisco City College District, o BART.

Matipid na Pamamahala ng Utang. Kahit na alinsunod sa legal na limitasyon para sa mga utang ang ginawang pagpapalabas ng Lungsod sa mga general obligation bond, mayroon pang ibang paghahambing sa utang na ginagamit ang bond rating agencies (mga ahensiyang nag-uuri ng bond) kapag tinitingnan nila ang kalusugan sa pinansiya ng Lungsod. Tinitingnan ng ganitong mga ahensiya ang maraming uri ng lokal at rehiyonal na utang na nakasalalay sa pinagbabatayan ng buwis ng Lungsod, at kasama rito ang ating mga general obligation bond, mga lease revenue bond (mga bond na ginagarantiyahan ng bayad sa upa sa pasilidad kung saan namuhunan ang bond), certificates of participation (uri ng pamumuhunan kung saan binibili ng namumuhunan ang bahagi ng kita mula sa upa sa halip na ang bond na ginagarantiyahan ng mga kitang iyon), mga special assessment bond (espesyal na uri ng bond na nagpopondo sa proyekto ng development na binabayaran ng mga buwis na ipinapataw sa komunidad na nakikinabang sa proyekto), mga bond ng BART at ng distrito ng paaralan at ng community college o kolehiyo ng komunidad. Ang “direct debt ratio (proporsiyon ng utang kung ihahambing sa mga pag-aari),” na isinasama ang direct debt (kabuuang halaga ng mga general obligation bond), at ang iba pang pangmatagalang-panahon na obligasyon at hindi isinasama ang mga special assessment bond, mga bond ng BART at ng distritong pampaaralan at distrito ng community college, ay katumbas ng 1.40% ng natasang halaga ng nabubuwisang ari-arian. Itinuturing ng mga bond rating agencies ang direct debt ratio na ito na pasaning utang na “katamtaman (moderate)” kung ikukumpara sa laki ng pinagbabatayan ng buwis sa San Francisco para sa mga ari-arian. **Bagamat nakapaloob ang ratio na ito sa mga katulad na pamantayan, kailangang patuloy na magtakda ang Lungsod ng mga prayoridad para sa paglalabas ng mga utang sa hinaharap, at nang patuloy na mapanatili ang magagandang credit rating, na pananda ng mabuting kalusugan sa pananalapi.**

Pangangasiwa ng Mamamayan sa mga General Obligation Bond

Kailangang aprubahan ng mga botante ang layunin at ang halaga ng perang uutangin sa pamamagitan ng mga bond. Ang perang galing sa bond ay maaaring gastusin para sa mga layunin lamang na inaprubahan ng mga botante.

Para sa mga general obligation bond na ipinalalabas ng Lungsod at County ng San Francisco, sinusuri at iniuulat ng Citizens’ General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng General Obligation Bond) kung paano ginagasta ang perang galing sa bond. Ang siyam na miyembro ng Komite ay hinihirang ng Mayor, Lupon ng mga Superbisor, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at Civil Grand Jury. Kapag natuklasan ng Komite na ginasta ang perang galing sa bond para sa mga layuning hindi pinagtibay ng mga botante, maaaring mag-utos ang Komite ng aksiyon ng pagwawasto at ipagbawal ang pagbebenta ng anumang awtorisado ngunit hindi pa ipinalalabas na mga bond, hanggang sa maisagawa ang natukoy na aksiyon. Maaaring ipawalang-bisa ng Lupon ng mga Superbisor ang mga desisyon ng komite sa pamamagitan ng two-thirds na boto. Maaaring i-audit ng Controller ang anumang pinagkagastusan ng Lungsod ng perang galing sa bond.

Inihanda ni *Ben Rosenfield*, Controller (Tagapamahala ng Pinansiya)



Mga Salitang Dapat Ninyong Malaman

mula sa Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Administrador ng Lungsod: Ang opisyal ng Lungsod na may responsibilidad para sa pamamahala sa mga serbisyong sakop ng ehekutibong sangay ng Lungsod.

Behested (Ipinag-utos o Hiniling): Batay sa direksiyon, kahilingan, o suhestiyon ng pampublikong opisyal.

Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond): Ang may siyam na miyembrong pangkat na sumusubaybay sa paggamit ng Lungsod sa mga pondong nakukuha mula sa paglalabas ng mga general obligation bond (utang ng estado o lokal na gobyerno). Hinihirang ang mga miyembro ng komiteng ito ng Mayor (Alkalde), Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Controller (Tagapamahala ng Pinansiya), at ng Civil Grand Jury (Pinakamataas na Hukom Sibil).

Controller (Tagapamahala ng Pinansiya): Ang punong opisyal ng Lungsod para sa pamamahala ng pinansiyal na mga rekord at auditor o taga-eksamen ng mga pinansiyal na rekord. Ang Controller ang may responsibilidad para sa mga pinansiyal na sistema at pinansiyal na patakaran ng Lungsod, pagpoproseso ng pagpapasuweldo sa mga empleyado ng Lungsod, pamamahala sa portfolio ng bonds (utang ng gobyerno) at pagkakautang, at pagpoproseso at pagsubaybay sa badyet ng Lungsod.

Department of Building Inspection (Departamento ng Pag-iinspeksiyon sa mga Gusali): Ang ahensiya ng Lungsod na may responsibilidad para sa pagpapatupad, pamamahala, at paggawa ng interpretasyon sa mga Kodigo ng Lungsod na nauukol sa Pabahay, Pagtatayo ng mga Istruktura, at Mekanikal, Elektrikal at Pagtutuberong Gawain.

General Obligation Bond (Utang ng Estado o Lokal na Gobyerno): Ang pangakong ibinibigay ng entidad ng gobyerno na babayaran ang inutang na pera, nang may kasamang interes, sa takdang petsa. Binabayaran ng entidad ng gobyerno ang pera, nang may kasamang interes, sa pamamagitan ng amilyar o buwis sa ari-arian. Kailangang maaprubahan ng mga botante ng San Francisco ang mga panukalang-batas ukol sa general obligation bond sa pamamagitan ng botong two-thirds (dalawa sa tatlong bahagi).

Inisyatiba: Ang panukala na inilalagay sa balota ng mga botante. Puwedeng maglagay ng inisyatiba sa balota ang sinumang botante sa pamamagitan ng pangangalap ng kinakailangang bilang ng mga lagda mula sa mga rehistradong botante ukol sa isang petisyon.

Kuwalipikadong Isinusulat-Lamang na Kandidato: Indibidwal na nakakompleto na ng kinakailangang papeles at mga lagda para maisali bilang kandidatong write-in (isinusulat-lamang ang pangalan). Bagamat hindi lalabas sa balota ang pangalan ng indibidwal na ito, puwedeng maiboto ang indibidwal na ito ng mga botante sa pamamagitan ng pagsulat sa pangalan ng indibidwal sa espasyo sa balotang nakalaan para sa botong isinusulat-lamang at sumusunod sa mga espesipikong instruksiyon ukol sa balota. Binibilang lamang ng Departamento ng mga Eleksyon ang botong isinusulat-lamang para sa kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato.

Lokal na halal na mga opisyal: Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala), Abugado ng Lungsod, Abugado ng Distrito, Mayor, Pampublikong Tagapagtanggol, Sheriff, Tesorero, Miyembro ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), Miyembro ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon) para sa San Francisco Unified School District (Pinag-isang Distritong Pampaaralan ng San Francisco) o Miyembro ng Board of Trustees (Lupon ng mga Katiwala) para sa San Francisco Community College District (Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng San Francisco).



Mga balotang vote-by-mail (pagboto sa pamamagitan ng koreo): Mga balotang ipinadadala sa koreo sa mga botante o ibinibigay nang personal sa mga botante sa Departamento ng mga Eleksyon. Maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang vote-by-mail sa Departamento ng mga Eleksyon, isumite sa opisina ng Departamento ng mga Eleksyon sa City Hall, o isumite sa Araw ng Eleksyon sa anumang lugar ng botohan sa California. Kilala rin ito bilang balotang absentee (sa pamamagitan ng koreo).

Mga Itinatapon: Basura, mga nare-recycle o nagagamit muli, at materyales na ligtas na nabubulok.

Ordinansa: Lokal na batas na ipinasa ng Board of Supervisors o ng mga botante.

Pag-aamyenda sa Tsarter: Ang pag-aamyenda sa Tsarter ang pagbabago sa Tsarter ng Lungsod. Ang Tsarter ang Konstitusyon ng Lungsod. Puwede lamang mabago ang Tsarter ng mayorya ng mga ibinigay na boto.

Petisyon para sa recall: Dokumentong maaaring magamit ng mga may-panukala ng recall upang makakolekta ng mga pangalan, address, at lagda ng rehistradong mga botante na gustong suportahan ang recall.

Probisyonal na Balota: Balotang inihuhulog sa botohan na hindi bibilangin hanggang sa matiyak ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ang pagiging kuwalipikado ng botante na ihulog ang balotang iyon.

Proposisyon: Anumang panukalang-batas na isinumite sa mga botante para sa pag-apruba o hindi pag-apruba.

Proyektong imprastruktura: Ang permanenteng pagbabago o pagkukumpuni upang mapaghusay ang pampublikong pag-aari, tulad ng gusali, kalye, o riles ng tren.

Public Utilities Commission (Komisyon para sa mga Pampublikong Serbisyo sa Koryente, Gas at Tubig): Ahensiya ng Lungsod na nagkakaloob ng tubig, maruming tubig at pangmunisipyong serbisyo ng koryente sa San Francisco.

Recall: Prosesong maaaring gamitin ng mga botante upang matanggal ang inihalal na opisyal bago ang pagtatapos ng termino sa katungkulan ng opisyal.

SFMTA: Ang departamento ng Lungsod na may responsibilidad para sa pamamahala sa lahat ng transportasyon na nasa lupa sa San Francisco, kasama na ang Muni (Municipal Railway o Panlungsod na Tren), paradahan at trapiko, kaligtasan ng mga naglalakad at nagbibisikleta, at pagtatakda ng mga regulasyon sa mga taksi. Ang Muni ang sistema ng pampublikong transportasyon ng Lungsod, na binubuo ng mga bus, light rail na tren, streetcar, at cable car ng Lungsod.

Singil para sa mga itinatapon: Halaga ng singil para sa pangongolekta at pagwawaksi sa mga itinatapon.

Spare the Air Alert (Pag-alerta ukol sa Hangin na Masama sa Kalusugan): Alertang ibinibigay kung may prediksiyon na magiging masama sa kalusugan ang hangin sa Bay Area.

Tagatulong para sa Mabilis na Pagkuha ng Permit: Indibidwal na binabayaran upang kontakin ang mga kawani ng Department of Building Inspection (Departamento ng Pag-iinspeksiyon sa mga Gusali), Entertainment Commission (Komisyon ng Entertainment), Planning Department (Departamento sa Pagpaplano) o ng Department of Public Works (Departamento ng mga Pampublikong Gawain), at nang makatulong sa aplikante ng permit na makakuha ng permit.

The Utility Reform Network (TURN): Organisasyong nonprofit na nag-aadbokasiya para sa mga konsumer at nakatuon sa mahahalagang serbisyong pampubliko tulad ng koryente, gas at telepono.

Tsarter: Ang Tsarter ang konstitusyon ng Lungsod na pinagtitibay ng mga botante ng San Francisco, at may kaugnayan ito sa pamamaraan ng pamamahala sa Lungsod. Puwede lamang mabago ang Tsarter sa pamamagitan ng mayorya ng mga botante ng San Francisco.



A

Bond (utang ng gobyerno) para sa Pagiging Maaasahan ng Muni at Kaligtasan sa mga Kalye

BOND PARA SA PAGIGING MAAASAHAN NG MUNI AT KALIGTASAN SA MGA KALYE.

Upang higit na maging maaasahan, ligtas at mas madalas ang Muni, mabawasan ang mga pagkaantala, mapaghusay ang paggamit ng may kapansanan at ang pagkakaroon ng katarungan sa pagkakapantay-pantay o equity, mapalaki ang kapasidad ng subway, at mapabuti ang kaligtasan ng mga naglalakad, nagbibisikleta, at trapiko sa pamamagitan ng pagkukumpuni, pagtatayo, at pagpapahusay sa nasisira nang mga garahe ng bus, pasilidad, imprastruktura at kagamitan ng Muni, at makagawa at mabago ang disenyo ng mga kalye at bangketa, at upang mabayaran ang kaugnay na mga gastos; dapat bang maglabas ang Lungsod at County ng San Francisco ng \$400,000,000 na general obligation bonds (utang ng estado o gobyerno), na magtatagal nang hanggang sa 30 taon mula sa panahon ng paglalabas, may tinatayang karaniwang porsiyento ng buwis na \$0.010/\$100 ng natasang halaga ng ari-arian, at inaasahan na karaniwang taunan na kita na \$30,000,000, kung saan mapasasailalim ito sa pangangasiwa ng mga mamamayan at regular na independiyenteng pag-o-audit? Kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili sa halaga ng amilyar o buwis sa ari-arian na mula sa general obligation bonds ng Lungsod na mas mababa o kasinghalaga ng porsiyento nito noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang paparetiro na ang mas matatandang bond, at/o tumataas ang halaga ng pag-aaring nabuwisan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang porsiyento ng amilyar na ito batay sa iba pang salik o dahilan.

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Responsibilidad ng San Francisco Municipal Transportation Agency (Ahensiya para sa Munisipal na Transportasyon ng San Francisco, SFMTA) ang transportasyon sa lupa sa Lungsod. Ang SFMTA ang nangangasiwa sa Municipal Railway (Mga Tren ng Munisipalidad o Muni), na binubuo ng bus, light rail na mga tren, streetcar, at cable car ng Lungsod. Pinangangasiwaan din ng SFMTA ang pagbibisikleta, pagpaparada, pamamahala sa trapiko at mga signal, paggamit sa kalye at kaligtasan ng mga naglalakad, at mga taksi.

Kasama sa pinagkukunan ng pondo para sa mga proyekto sa imprastrukturang pantransportasyon ng Lungsod ang mga pederal at pang-estadong grants (tulong pinansiyal), mga buwis sa kita mula sa lokal na transportasyon, at general obligation bond at revenue bond (bond na ginagarantiyahan ng kita mula sa espesipikong proyekto).

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon A ay panukalang-batas para sa mga bond na magpapahintulot sa Lungsod na umutang ng hanggang sa \$400 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng mga general obligation bond.

Maaaring gastahin ang pera mula sa bonds para sa mga proyekto sa imprastrukturang pantransportasyon, kasama na ang:

- \$250 milyon sa pagkukumpuni at renobasyon ng paradahan ng bus, mga pasilidad, at kagamitan ng SFMTA;
- \$26 milyon para sa pagpapahusay ng trapiko, tulad ng bagong mga pantrapikong signal, mas malalawak na bangketa at bus stop, at mga lane sa trapiko na iisa ang gamit;
- \$10 milyon para sa mga pagpapahusay sa sistema ng mga tren ng Muni, kasama na ang mga sistema para sa pakikipagkomunikasyon at pagkontrol sa mga tren;
- \$42 milyon para sa mga pagpapahusay sa mga pantrapikong signal at tawiran sa kalye, tulad ng mas nakikitang signal para sa trapiko at naglalakad, mga rampa sa bangketa, at mga karatula;
- \$42 milyon para sa muling pagdidisenyo ng mga kalye, kasama na ang mas malalapad na bangketa, naka-angat na tawiran, protektadong mga lane ng bisikleta, lane ng bus, mga isla para sa pagsakay, at mas mahusay na pag-iilaw; at
- \$30 milyon para sa mga proyekto upang mapamahalaan ang bilis ng trapiko, kasama na ang pagpapababa sa mga limitasyon sa bilis ng sasakyan at mga pansenyas ukol sa bilis ng takbo ng mga sasakyan na gumagamit ng radar.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66 $\frac{2}{3}$ % botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.

Sa ilalim ng mungkahing ito, maaari lamang magamit ang pondong mula sa mga bond para sa mga proyekto kung saan may kasunduan ukol sa paggawa ang proyekto. Ang kasunduan sa paggawa ng proyekto ang kasunduan sa pagitan ng Lungsod at ng mga unyon sa paggawa na nagtatakda ng mga napagkaisahan at kondisyon sa pag-eempleyo, kasama na ang bayad at mga benepisy, para sa pagtatrabaho sa espesipikong mga proyekto ng Lungsod.

Magtatabi rin ang Proposisyon A ng mga pondo para sa pagre-repaso ng Citizens' General Obligation Bond Oversight Committee (Komite ng Mga Mamamayang Tagapangasiwa ng mga General Obligation Bond) sa naging paggasta sa perang ito mula sa bond.

Polisiya ng Lungsod na limitahan ang halaga ng perang inutang nito sa pamamagitan ng paglalabas lamang ng mga bagong bond habang natatapos na ang pagbabayad sa naunang mga bond. Kung kinakailangan, pahihintulutan ng Proposisyon A ang pagtataas ng amilyar o buwis sa ari-arian upang mabayaran ang mga bond. Pahihintulutan ng Proposisyon A ang mga nagpa-paupa na ipasa ang hanggang sa 50% ng anumang magrerresultang pagtaas ng amilyar sa mga nangungupahan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong bigyan ng awtorisasyon ang Lungsod na umutang ng hanggang sa \$400 milyon sa pamamagitan ng paglalabas ng mga general obligation bond para sa mga proyekto sa imprastrukturang transportasyon ng Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong bigyan ng awtorisasyon ang Lungsod na maglabas ng mga bond na ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "A"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon A:

Kapag nagbigay ng awtorisasyon at nagbenta ng iminumungkahing \$400 milyon na mga bond sa ilalim ng kasalukuyang mga ipinapalagay, ang mga sumusunod ang tinatayang gastos:

- Sa piskal na taon (FY) 2022–2023, matapos maglabas ng unang serye ng mga bond, at sa taon na pinakamababa ang porsiyento ng buwis, magrerresulta ang pinakamagandang pagtaya sa kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito sa halaga ng amilyar na \$0.00141 kada \$100 (\$1.41 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- Sa FY 2034–2035, matapos maglabas ng huling serye ng mga bond, at sa taon na pinakamataas ang porsiyento ng buwis, magrerresulta ang pinakamagandang pagtaya sa

kinakailangang buwis para mapondohan ang paglalabas ng bond na ito sa halaga ng amilyar na \$0.01126 kada \$100 (\$11.26 kada \$100,000) ng natayang halaga.

- Ang pinakamagandang pagtaya ng karaniwan o average na halaga ng buwis para sa mga bond mula FY 2022–2023 hanggang FY 2044–2045 ay \$0.00961 kada \$100 (\$9.61 kada \$100,000) ng natayang halaga.
- Batay sa mga pagtatayang ito, humigit-kumulang \$66.77 ang pinakamataas nang tinatayang taunang halaga ng amilyar para sa mga bond na ito para sa may-ari ng bahay na may natayang halaga na \$600,000.

Ang pinakamaganda nang pagtataya ng kabuuang serbisyo sa utang, kasama na ang principal (halagang inutang) at interes, na kinakailangang mabayaran kung nailabas at naibenta ang lahat ng iminumungkahing \$400 milyon na mga bond, ay humigit-kumulang \$690 milyon. Nakabatay lamang ang mga pagtatayang ito sa mga inaasahan, na walang obligasyon ang Lungsod na sundin. Posibleng mag-iba-iba ang mga inaasahan at pagtataya dahil sa panahon ng pagbebenta ng mga bond, bilang ng mga bond na natitinda sa bawat pagbebenta, at aktuwal na natayang halaga sa loob ng panahon ng pagbabayad sa mga bond. Dahil dito, posibleng iba sa nakataya sa itaas ang aktuwal na halaga ng buwis at ang mga taon kung saan ipatutupad ang mga halagang ito. Kasalukuyang polisiya ng Lungsod sa pamamahala ng utang ang pagpapanatili ng halaga ng buwis mula sa mga general obligation bond na mas mababa kaysa sa halaga noong 2006, sa pamamagitan ng paglalabas ng mga bagong bond habang papa-retiro na ang mas matatandang bond, at tumataas ang halaga ng pag-aaring nabubuwan, bagamat posibleng mag-iba-iba ang pangkalahatang halaga ng buwis batay sa iba pang dahilan.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "A"

Noong Marso 1, 2022, bumoto ang Board of Supervisors (Lupon ng mga Supervisor) ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon A sa balota. Bumoto ang mga Supervisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Haney, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 66 $\frac{2}{3}$ % botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Babaguhin ng Proposisyon A - ang Bond (utang ng gobyerno) para sa Pagiging Maaasahan ng Muni at Kaligtasan sa mga Kalye - ang imprastruktura sa transportasyon ng Lungsod, at nang matiyak ang mabilis, ligtas, malinis, maaasahan, at kumbeniyenteng transportasyon, magawang mas mabuti sa kapaligiran ang sistema ng transportasyon ng Lungsod, at mapaghusay ang kaligtasan sa kalye at ang daloy ng trapiko para sa lahat ng residente ng San Francisco sa bawat komunidad ng Lungsod.

Hindi magtataas ng buwis ang Proposisyon A. Dahil bahagi ang bond ng plano para sa pangangapital ng Lungsod, inireretiro ang lumang mga bond habang pinapalitan ng bagong mga bond, kung kaya't napananatiling hindi nagbabago ang porsiyento ng buwis.

Titiyakin ng Proposisyon A ang pagkakaroon ng katumbas na mga dolyar na halaga para sa imprastruktura na mula sa pederal na gobyerno, na makatutulong sa pagpapabilis sa mga pagpapahusay sa transportasyon at sa pag-iwas sa karagdagang gastos nang dahil sa pagkakaantala.

Namumuhunan ang Proposisyon A sa:

Mabilis at Kumbeniyenteng Transportasyon

- Mas mabilis at mas kumbeniyenteng mga koneksiyon sa pampublikong transportasyon tungo sa mga destinasyon sa kabuuan ng lungsod at sa rehiyonal na pampublikong transportasyon
- Mas maikling oras ng paghihintay at mas madalang na pagkaantala kapag nakasakay na kayo
- Mas komportableng pagsakay sa pampublikong transportasyon kung saan hindi na masyadong masikip

Mas Mahusay na Kaligtasan at Aksesibilidad

- Pagpapahusay sa mga interseksiyon na higit na nagagamit ng mga indibidwal na may kapansanan
- Mas kaunting bangaan, pagkamatay, at pagkapinsala sa ating mga kalye

Equity o Katarungan sa Pagkakapantay-pantay

- Mga opsiyon sa pagbibiyaha na abot-kaya ang halaga at pinaghusay na serbisyo ng pampublikong transportasyon

- Mas mahusay na kaligtasan at kalusugan para sa hindi lubusang napagilingkurang mga komunidad, sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagsingaw ng carbon o nakalalasang sangkap, pagpapabagal sa bilis ng mga sasakyan, at pagpapahusay sa mga imprastruktura para sa nagbibisikleta at naglalakad.

Mas Maraming Pagkukumpuni at Pagpapanatili sa Maayos na Kondisyon ng mga Imprastruktura

- Mas maaasahang serbisyo sa transportasyon gamit ang imprastruktura at mga sistema na maayos ang kondisyon
- Mas ligtas na mga interseksiyon kung saan mas nakikita ng nagmamaneho ang mga signal
- Mas madadaling pagtawid sa kalye sa pamamagitan ng mga bagong rampa sa bangketa at mga signal kung saan may pagbilang para sa mga naglalakad

Titiyakin ng malakas na sistema ng pampublikong transportasyon na magkakaroon ang San Francisco ng komunidad na maunlad at may katarungan sa pagkakapantay-pantay, at kung saan nakapupunta ang lahat sa kailangan nilang puntahan nang mas mabilis at sa mas maaasahang paraan, habang binabawasan ang kasikipan ng trapiko para sa mga nagmamaneho.

Hinihikayat namin kayong bumoto ng oo sa Proposisyon A para sa mabilis, maaasahan, at kumbeniyenteng transportasyon.

Mayor London Breed

Presidente ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Shamann Walton

Superbisor Connie Chan

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Dean Preston

Superbisor Matt Haney

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon A

Walang kinalaman ang Proposisyon A sa “kaligtasan sa kalye” ng mga sumasakay sa pampublikong transportasyon na tinarget ng mga krimen na ibinubunsod ng pagkasuklam o ng karahasan.

Hindi kapalit ang mga programa para sa paggastos sa istriktong pagpapatupad sa batas kriminal o sa pagre-recall sa Abugado ng Distrito na si Chesa Boudin.

Mayroon nang pondo ang MUNI para sa mga pag-a-upgrade, pagpapahusay, at pagpapanatili nito sa maayos na kondisyon.

Ayon sa 10-Taon na Plano sa Pangangapital ng San Francisco, **nagdaragdag lamang ang Proposisyon A ng 7.3% sa badyet ng SFMTA. Pinopondohan na ang \$4.8 bilyon mula sa mga lokal, rehiyonal, pang-estado at pederal na pinagkukunan.** Magtakda ng mga prayoridad!

Kapag ipinasa ang Proposisyon A, **tataas ang amilyar o buwis sa ari-arian na may kaugnayan sa mga bond (utang ng gobyerno) nang 15% sa loob ng apat na taon, kung saan sisingilin sa mga nangungupahan ang kalahati ng amilyar na mula sa mga residensiyal na gusali.** Nagbabayad na ang mga may-ari ng gusali at ang mga nangungupahan ng \$265 milyon taon-taon sa mga may hawak ng bond.

Halos sagad na ang kapasidad ng general obligation bond ng San Francisco. Inaprubahan ng mga botante ang \$600 milyon (2019) para sa Abot-kayang Pabahay at \$245 milyon (2020) para sa Mga Serbisyo sa Walang Tahanan, na hindi mga imprastruktura! **Isa at kalahating**

bilyong dolyar (\$1.5 bilyon) na lamang ang natitira sa Lungsod, na nagbabadya ng problema sa hinaharap para sa agarang mga bond na para sa imprastruktura: Kaligtasan mula sa Lindol, Pangangalaga sa Kalusugan, at Kaligtasan sa Aplaya o Waterfront.

Napakalaki, hindi maganda ang tiyempo, at hindi mahusay ang konsepto ng \$400 milyon ng Proposisyon A — **pinag-isipan ito na para bang panahon pa bago maganap ang pandemya.** May prediksiyon ang Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) na magkakaroon ng mabilis na 85% pagbabalik ng full-time na mga nagtatrabaho sa downtown, na pie-in-the-sky (maganda ngunit hindi realistiko) na muling pagsisimula ng ekonomiya, kung saan marami ang nagbibiyaha para magtatrabaho. Hindi natin kaya ang muling pagbubuo ng magastos na hanay ng mga tren ng MUNI, mga ruta, at mga nagtatrabaho, na dinisenyo para sa 2019.

Kailangang baguhin ng San Francisco ang pananaw nito ukol sa transportasyon para sa **2022 na sitwasyon kung saan nagtatrabaho na mula sa bahay, may trabahong iba't iba ang pamamaraan at nababago-bago,** at batay dito, ay gumawa ng matatalinong pagpapasya, kung saan higit na **mapananatili ng MUNI ang sarili sa maayos na kalagayan nang walang ibang tumutulong.**

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A

Larry Marso

transitbond.com

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A ...

Habang bumabangon ang San Francisco mula sa pandemya, nagtatanong tayong lahat ukol sa kinabukasan ng pagtatrabaho sa mga lungsod, opisina sa downtown, at pagbibiyaha para sa trabaho. Naging katanggap-tanggap na ang **pagtatrabaho mula sa bahay**, na naging karaniwan na, at naging dramatikong epekto nito sa MUNI.

Bumagsak na ang lingguhang pagsakay tungo sa kalahati ng mga antas nito noong 2019, at ayon sa San Francisco Chronicle, inamin na ng mga opisyal ng MUNI na aabutin ng ilang taon upang maintindihan ang epekto ng COVID-19.

Nanghuhula lamang, o lumilipad nang walang nakikita, ang City Hall noong minadali nito ang Proposisyon A sa balota, na agad na magtutulak ng isa na namang **\$400M na bond** sa San Francisco at magpapataw ng matataas na amilyar o buwis sa lahat ng ari-arian, kasama na ang **mas matataas na amilyar sa residensiyal na gusali**, kung saan ipinapasa ang kalahati sa nangungupahan bilang **mas matataas na upa**.

Walang malinaw na bisyon kung kailan, o kung paano, gagastahin ng MUNI ang pera.

Iginigiit din ng Proposisyon A sa MUNI, sa unang pagkakataon, ang kakaiba at magastos na iskema ng Board of Supervisors na "Project Labor Agreements (Mga Kasunduan ukol sa Paggawa sa Proyekto)," na **magwawakas sa may kompetisyon na bidding o labanan sa mga proyekto** sa karamihan sa mga kaso.

Palaging humihingi ang mga politiko ng bond upang mapondohan ang karaniwan nang gastos, tulad ng pagpapanatili sa mga kalye, transportasyon, at paaralan sa maayos na kondisyon, habang ginagasta nila ang kasalukuyan at nagtutuloy na kita sa mga programa na mas kaunti ang suporta, tulad ng hanay ng mga "nonprofit" ng Lungsod na napakalaki ng hawak na kapangyarihan sa may lamat nang mga polisiya ng San Francisco ukol sa abot-kayang pabahay, mga walang tahanan, pang-aabuso sa droga, at sakit sa isip.

Kailangang mamuhay ang City Hall batay sa kita nito — **bawasan ang pag-utang!** — at mas marami ang gawin gamit ang naririyang kita, nang hindi nagtataas ng mas maraming buwis. Higit pa sa sapat ang pera ng San Francisco para sa pagsasaayos sa mga lubak sa daan at pagpapanatili sa mga tren, riles, at bus sa maayos na kondisyon.

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon A.

Mahalaga ang inyong boto. **Matatalo ito ng 1/3 ng mga botante.**

Larry Marso

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon A

Matutulungan ng Proposisyon A ang ating Lungsod sa pagbabalik sa tamang landas habang bumabangon tayo mula sa pandemya. Napakahalagang pundasyon ng maaasahan, mabilis, ligtas, at abot-kayang sistema ng transportasyon sa trabaho ng pagpapanumbalik ng ating lokal na ekonomiya.

May pananagutan ang pinakamalalaking taga-empleyo ng San Francisco sa pagpapatupad ng pagbabalik at sa iba't ibang uri ng polisiya ukol sa ligtas at harap-harapang pagtatrabaho, na napakahalagang panandang-bato sa pagsusumikap na maisagawang muli ang mga pang-ekonomiyang aktibidad na inaasahan ng ating malalaki at maliliit na negosyo sa downtown, at sa gayon, magbalik-sigla ang ating mga tindahan, restawran at opisina sa pamamagitan ng mga aktibidad at pang-ekonomiyang suporta.

Ang Proposisyon A ang hakbang na maaari nating isagawa ngayon mismo, at nang matiyak na ang ating **imprastruktura sa transportasyon ay nasa katayuan kung saan maayos ang kondisyon nito, at sa gayon ay mabilis, ligtas, at maaasahan na maihahatid ang mga tao sa kanilang mga destinasyon**, nang pinaikli na ang oras ng paghihintay sa pagitan ng mga bus, mas ligtas na ang mga plataporma para sa pagsasakay, mas hindi na masikip, at mas mabilis na ang biyahe tungo sa pupuntahan sa pamamagitan ng nakatuon na mga lane sa transportasyon. At makikinabang ang mga nagmamaneho nang dahil sa mas mahusay na daloy ng trapiko at maayos na kondisyon na mga bus, kung kaya't mas kaunti ang nasisiraan at nakaharang sa kalye.

Gumagawa ang Proposisyon A ng **matalinong pag-iisip ukol sa pera sa pamamagitan ng mahusay na paggamit sa katumbas na pederal na pondo ngayon**, na siyang magtitiyak na ang mga pagpapahusay sa mga bus at tren, at ang pagpapahusay sa kaligtasan ng mga naglalakad, ay mas malayo ang mararating at mas kaunti ang gastos, sa halip na maghintay hanggang sa kailangan nang gumawa ng pagkukumpuni na mas magastos na sa hinaharap.

At HINDI NAGTATAAS NG MGA BUWIS ang Proposisyon A.

Samahan kami sa pagboto ng Oo sa Proposisyon A para sa mabilis, ligtas, maaasahan, at kumbenyenteng transportasyon.

Mayor London Breed

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

Superbisor Connie Chan

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Dean Preston

Superbisor Matt Haney

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



B

Building Inspection Commission (Komisyon sa Pag-iinspeksiyon ng mga Gusali)

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang mabago ang proseso ng pagtatalaga at ang mga kuwalipikasyon ng mga miyembro ng Building Inspection Commission, at ipatalaga sa Mayor ang Direktor ng Department of Building Inspection (Departamento ng Pag-iinspeksiyon sa mga Gusali)?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang Building Inspection Commission (BIC) ang nangangasiwa sa Department of Building Inspection (DBI). Ang DBI ang may responsibilidad para sa pagpapatupad, pamamahala, at paggawa ng interpretasyon sa Kodigo ng Lungsod na nauukol sa Pabahay, Pagtatayo ng mga Istruktura, at Mekanikal, Elektrikal at Pagtutuberong Gawain. Mayroong pitong miyembro ang BIC, kung saan apat ang itinalalaga ng Mayor at tatlo ang itinalalaga ng Presidente ng Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (Presidente ng Lupon). Naglilingkod ang mga miyembro sa loob ng tig-dadalawang taon na termino at kailangang matugunan nila ang mga espesipikong kuwalipikasyon.

Kailangang kasama sa mga itatalaga ng Mayor ang:

- pang-instrukturang inhinyero;
- lisensiyadong arkitekto;
- nagtatayo ng gusaling residensiyal; at
- kinatawan ng nonprofit na developer ng pabahay.

Kailangang kasama sa mga itatalaga ng Presidente ng Lupon ang:

- nangungupahan sa residensiyal na gusali;
- nagpapaupa sa residensiyal na gusali; at
- miyembro ng publiko.

Hindi na kailangang aprubahan ng Board of Supervisors ang mga itatalaga ng BIC. Ang BIC ang may solong awtoridad sa pagtatalaga at pagtatanggal ng Direktor ng DBI.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon B ay pag-amyenda sa Tsarter na magbabago sa proseso ng pagtatalaga sa Direktor ng Department of Building Inspection. Magsusumite ang Building Inspection Commission ng hanggang sa tatlong kandidato para sa pagka-Direktor, at ang Mayor ang siyang gagawa ng pagtatalaga.

Papalitan din ng Proposisyon B ang mga kinakailangan para sa mga nominado ng BIC. Magtatapos sa Hulyo 1, 2023 ang mga termino ng kasalukuyang mga miyembro. Matapos ang petsang

ito, ipatutupad ang bagong mga kuwalipikasyon sa sinumang nominado ng Mayor o ng Presidente ng Lupon upang maglingkod sa BIC.

Ukol sa mga nominado ng Mayor:

- ang dalawa ay kailangang pang-instrukturang inhinyero, o arkitekto o nagtatayo ng residensiyal na gusali; at
- ang dalawa ay walang anumang kinakailangang kuwalipikasyon.

Ukol sa mga nominado ng Presidente ng Lupon:

- ang isa ay kailangang nangungupahan sa residensiyal na gusali o kasalukuyan o dating empleyado ng nonprofit na organisasyon para sa pabahay; at
- ang dalawa ay walang anumang kinakailangang kuwalipikasyon.

Lahat ng nominado ay kailangang maaprubahan ng Board of Supervisors bago sila matalaga.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong magtatalaga ang Mayor ng Direktor ng Department of Building Inspection, at palitan ang proseso ng pagtatalaga at ang mga kuwalipikasyon ng mga miyembro ng Building Inspection Commission.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “B”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon B:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang pag-amyenda sa Tsarter ng mga botante, magkakaroon ito ng kakaunting epekto sa gastos ng gobyerno.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Kasalukuyang binubuo ang Building Inspection Commission ng pitong miyembro kung saan apat ang itinalalaga ng Mayor at tatlo ang itinalalaga ng Presidente ng Board of Supervisors. Bawat katungkulan sa Komisyon ay kasalukuyang kailangang naaayon sa espesipikong propesyonal na mga kuwalipikasyon. Sa halip, itatakda ng pag-amyenda na apat sa mga miyembro ng Komisyon ang nominado ng Mayor at tatlo ang nominado ng Presidente ng Board of Supervisors, kung saan lahat ng miyembro ay dapat sumailalim sa proseso ng pagdinig at pag-apruba ng Board of Supervisors. Tatanggalin na ang pangangailangan para sa espesipikong propesyonal na mga kuwalipikasyon na ipinatutupad sa bawat katungkulan.

Sa kasalukuyan, direktang itinalalaga ng Komisyon ang Direktor ng Building Inspection. Sa halip, itatakda ng pag-amyenda na magkaloob ang Komisyon ng tatlong kuwalipikadong kandidato sa Mayor, at ang Mayor ang magtatalaga ng Direktor.

Gagawa rin ang pag-amyenda ng iba pang pag-aayon at pagbabago sa pagtatalaga ng mga kawani at sa ilang patakaran ng Department of Building Inspection. Hindi magkakaroon ang mga aksiyon na ito ng malalaking epekto sa gastos at mananatili ang Department of Building Inspection na nasasakop ng kasalukuyan nang ipinapatupad na mga probisyon sa badyet at pinansiya ng Tsarter.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "B"

Noong Pebrero 15, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon B sa balota. Bumoto ang mga Supervisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Haney, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon B

Kailangan na ng reporma sa Department of Building Inspection (Departamento ng Pag-iinspeksiyon sa mga Gusali) ng San Francisco at ng Building Inspection Commission (Komisyon sa Pag-iinspeksiyon ng mga Gusali). Sa ngayon, kung kailangan ninyo ng anumang uri ng permit upang makapagtayo ng gusali o gumawa ng renobasyon, nahaharap kayo sa mahal at mahirap na proseso, dahil makaluma, walang kakayahan, at burukratiko ang Department of Building Inspection. Napahintulutan din ng kasalukuyang sistema ang laganap na korupsiyon, na humantong sa malawakang pag-iimbestiga, at dalawa o higit pang pag-aresto ng FBI.

Magpapatupad ang Proposisyon B ng mga reporma sa Department of Building Inspection at sa Building Inspection Commission at nang matiyak ang higit na pagpapanagot at pagiging bukas sa pagsisiyasat, kung kaya't mas magiging madali na magtayo at magsagawa ng mga pagbabago sa mga pabahay.

Papalitan ng Proposisyon B ang istruktura ng Building Inspection Commission sa pamamagitan ng pagtatanggal ng nakatalagang mga katungkulan para sa taga-industriya, at pahihintulutan ang kuwalipikadong mga miyembro ng publiko na maglingkod para sa mga katungkulang ito. Tatlo sa mga katungkulan sa Komisyon ang mangangailangan ng mga kuwalipikasyon ng pagiging dalubhasa sa partikular na larangan o paksa. Itatakda rin ng Proposisyon na sumailalim ang mga pagtatalagang ito sa komisyon sa pampublikong pagdinig at sa proseso ng

kumpirmasyon, at bibigyan ang mayor ng kapangyarihan na italaga at paalisin ang direktor sa katungkulan, kung kaya't magkakaroon ng higit na pananagutan.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon B upang:

- **Gawing mas simple ang proseso ng pagkuha ng permit at nang mas mabilis na makakuha ang mga tao ng permit para sa paggawa ng renobasyon at pagpapatayo ng mga gusali;**
- **Mareporma ang pamamahala sa departamento at sa komisyon at nang mabawasan ang burukrasya at maiayon ito sa iba pang Komisyon ng Lungsod;**
- **Matanggal ang korupsiyon sa departamento; at**
- **Maging mas madali ang pagtatayo ng abot-kayang pabahay sa San Francisco**

Alamin pa ang tungkol dito sa ReformSFGov.com

Superbisor Myrna Melgar
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Catherine Stefani
Superbisor Ahsha Safai
Superbisor Shamann Walton
Superbisor Hillary Ronen
Superbisor Gordon Mar
Superbisor Matt Haney

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon B

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



C

Iskedyul ng mga Gawain para sa Recall (Pagpapaalis sa Katungkulan) at Pagtatalaga para sa Nabakanteng mga Katungkulan

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Tsarter upang lalo pang limitahan ang takdang panahon kung kailan maaaring ma-recall (mapaalis sa katungkulan) ng mga botante ang inihalal na opisyal ng Lungsod, at sakaling ma-recall ang opisyal, upang mapigilan ang itinalagang indibidwal na punuan ang bakanteng katungkulan sa pagtakbo bilang kandidato, at nang patuloy na manatili sa katungkulanang iyon?

OO	<input type="radio"/>
HINDI	<input type="radio"/>

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Pinahihintulutan ng recall ang mga botante na tanggalin ang inihalal na opisyal bago ang pagtatapos ng termino ng opisyal sa katungkulan. Upang mapasimulan ang pagre-recall, kailangang makakolekta ang mga mamamayan ng mga lagda sa pamamagitan ng proseso ng pagpepetisyon na mula sa mga rehistradong botante na nasa hurisdiksiyon ng opisyal. Kung ang petisyon para sa pagre-recall ay mayroong sapat na lagdang may bisa, magsasagawa ang Lungsod ng recall na eleksyon.

Sa ilalim ng Tsarter ng Lungsod, walang indibidwal ang maaaring magpasimula ng recall na petisyon kung hindi pa umaabot sa anim na buwan ang panunungkulan ng inihalal na opisyal. Sa ilalim ng batas ng estado, walang indibidwal na maaaring magpasimula ng recall na petisyon kung matatapos na ang termino ng panunungkulan ng opisyal na ito sa loob ng anim na buwan.

Kapag nabakante ang posisyon ng Mayor, responsibilidad ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang pagtatalaga ng indibidwal upang mapunuan ang katungkulan. Kung may mababakante sa anumang iba pang inihalal na katungkulan sa Lungsod, responsibilidad ng Mayor ang pagtatalaga ng kuwalipikadong indibidwal. Sa alinman sa dalawang sitwasyong ito, maaaring maging kandidato sa susunod na eleksyon ang indibidwal na itinalaga upang mapunuan ang nabakanteng katungkulan.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon C ay pag-amyenda sa Tsarter na magpapabago sa lokal na proseso para sa recall. Sa ilalim ng Proposisyon C, maaari lamang mapasimulan ang petisyon para sa pagre-recall kapag nakapanungkulan na nang hindi bababa sa 12 buwan ang inihalal na opisyal. Pipigilan din ng Proposisyon C ang recall na eleksyon na nasa loob ng 12 buwan bago ang susunod na naka-iskedyul na eleksyon para sa katungkulanang ito. Para sa mga miyembro ng Board of Supervisors, lupon ng mga paaralan ng San Francisco Unified, o sa lupon ng mga katiwala (board of trustees) ng San Francisco City College (Kolehiyo ng Lungsod ng San

Francisco), nakabatay ang bagong deadline sa petsa kung kailan naka-iskedyul ang mga katungkulan para sa eleksyon.

Papalitan din ng Proposisyon C ang proseso ng pagtatalaga para sa bakanteng katungkulan na nalikha ng pagre-recall. Ang indibidwal na itinalaga upang punuan ang nabakanteng katungkulan ay hindi maaaring maging kandidato sa bakanteng katungkulanang ito sa susunod na eleksyon. Ipatutupad ang patakarang ito sa lahat ng pagre-recall, kasama na ang pagre-recall sa kasalukuyang District Attorney (Abugado ng Distrito).

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong palitan ang proseso ng pagre-recall at ang proseso ng pagtatalaga para sa mga nabakanteng katungkulan na nalikha ng pagre-recall.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “C”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon C:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang panukalang pag-amyenda sa Tsarter ng mga botante, magrerresulta ito sa katamtamang pagtitipid sa gastos ng gobyerno sa pagdaan ng panahon. Malamang na mababawasan ng mungkahing pag-amyenda ang bilang ng mga espesyal na eleksyong kinakailangan sa San Francisco sa anumang karaniwang taon.

Papalitan ng pag-amyenda na ito ang pinahihintulutang panahon ng pagsisimula at pagsusumite ng mga petisyon para sa pagre-recall. Hindi na mapasisimulan ang mga petisyon para sa pagre-recall sa unang 12 buwan ng termino ng opisyal, kung iha-

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



hambing sa kasalukuyang limitasyon na anim na buwan. Hindi na maisusumite ang mga petisyon para sa pagre-recall na magsasanhi ng pagkakaroon ng eleksyon sa loob ng 12 buwan ng regular na naka-iskedyul na eleksyon para sa katungkulan ito.

Sa ilalim ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter, ang itatalaga ng Mayor sa bakanteng katungkulan na nalikha nang dahil sa recall na eleksyon ay magiging interim officer (pansamantalang opisyal), at ipagbabawal sa opisyal na ito ang pagiging kandidato sa susunod na eleksyon upang mapunan ang bakanteng katungkulan. Katulad nito, kapag nagtalaga ang Board of Supervisors para sa bakanteng katungkulan sa opisina ng Mayor, na nalikha nang dahil sa recall, ang opisyal na ito ay magiging pansamantala at ipagbabawal sa kanya na maging kandidato sa susunod na eleksyon.

Kapag pinagsama, malamang na mababawasan ng mga probisyon ng pag-amyenda ang bilang ng kinakailangan na mga espesyal na eleksyon at mababawasan ang bilang ng mga inihahalal na katungkulan sa regular na mga naka-iskedyul na eleksyon.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "C"

Noong Pebrero 15, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 7 sa 4 upang mailagay ang Proposisyon C sa balota. Bumoto ang mga Supervisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Haney, Mar, Peskin, Preston, Ronen, Walton.

Hindi: Mandelman, Melgar, Safai, Stefani.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Irereporma ng Proposisyon C ang proseso ng pagre-recall (pagpapaalis sa katungkulan) sa San Francisco at nang mabawasan ang magagastos na espesyal na eleksyon at matiyak ang mataas na bilang ng mga bumoboto. **Bumoto ng 00 sa C. Bumoto ng 00 sa Pagreporma sa mga Recall.**

Simple lamang ang Prop C. Hindi dapat isagawa ang mga eleksyon para sa recall sa parehong taon na magdaraos ng pangkalahatang eleksyon sa ganito ring katungkulan.

Isa-isahin natin: Kung kahahalal pa lamang ng opisyal, karapat-dapat na magkaroon siya ng hindi bababa sa isang taon upang magawa ang kanyang tungkulin at matupad ang mandato ng kanyang mga botante. Hindi ikalawang pagkakataon (second bite at the apple o ikalawang kagat sa mansanas) ang mga recall para sa katatalo pa lamang sa eleksyon.

Sa kabilang banda, hindi marapat na naglalabas ang mga nagbabayad ng buwis sa San Francisco ng sampu-sampung milyong dolyar para sa pagdaraos ng espesyal na mga eleksyon, na kakaunti ang lumalahok, kung malapit nang magdaos ng pangkalahatang eleksyon para sa katungkulan ito.

Kailangang mapanagot ng mga botante ng San Francisco ang kanilang mga inihalal na opisyal. Hindi ipinagbabawal ng Prop C ang mga recall. Maganda itong panukala ng gobyerno upang malimitahan ang kakayahan ng mga nasa labas, na may espesyal na interes, sa pagpili at pagpapahina sa ating demokrasya.

Karapat-dapat din na ang mga botante ng San Francisco sa pagpapasya sa kung sino ang kakatawan sa kanila. Kung

matagumpay ang recall, ibibigay ng Prop C ang pagpapasyang ito sa mga botante, sa pamamagitan ng pagtitiyak na may magkakapantay na oportunidad ang lahat ng kandidato sa susunod na pangkalahatang eleksyon. Nangangahulugan ang bukas na mga eleksyon ng pagkakaroon ng mga kandidatong may pagkakaiba-iba o diverse, at ng higit na katarungan sa pagkakapantay-pantay o equity sa representasyon sa gobyerno.

Sumasang-ayon ang mga taga-California. Noong inire-recall si Gobernador Newsom noong 2021, kung saan gumasta ang mga nagbabayad ng buwis sa California ng mahigit \$200 milyon, sinuportahan ng 82% ng mga Demokrata at ng dalawa sa tatlong bahagi (two thirds) ng *lahat* ng botante ng California ang makatwirang reporma sa pagre-recall.

Hunyo pa lamang at nasa ikatlong eleksyon na tayo ng taon. Nakapapagod na ito.

Magsimula tayong muli matapos ang wala na sa kontrol na pagre-recall sa San Francisco na free-for-all, o sitwasyong wala nang kaayusan. Suportahan ang Reporma sa Pagre-recall. Bumoto ng 00 sa Prop C.

*Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton
Superbisor Connie Chan
Superbisor Aaron Peskin
Superbisor Gordon Mar
Superbisor Dean Preston
Superbisor Hillary Ronen*

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon C

Ang mga may-panukala ng Prop C ay ang mga Superbisor na HINDI sinuportahan ang pagre-recall ng tatlong nabigo na miyembro ng School Board (Lupon ng mga Paaralan) ngayong taon na ito, at direktang kasalungat ng napakalakas na mayorya ng mga botante ng San Francisco.

Dahil hindi nila nagustuhan ang mga resulta, gusto ngayong dayain ng mga Superbisor na ito ang sistema at gawing MAS MAHIRAP PA para sa mga botante na magawa kailanman ang muling pagpapanagot sa bigong mga politiko sa pamamagitan ng pagre-recall sa kanila mula sa kanilang katungkulan.

Gumagamit ang mga may-panukala ng Prop C ng hindi matatapat na argumento ukol sa pagtitipid ng pera o “may espesyal na mga interes,” habang ipinagsasawalang-bahala ang maraming gastos ng mga residente sa pagpapanatili sa walang kakayahan o nasusuhulang mga politiko sa kanilang katungkulan. At matindi ang aming pagtutol na “may espesyal na interes” ang mga magulang ng San Francisco – at ang halos 70% ng mga botante – na bumoto upang ma-recall ang nabigong mga miyembro ng school board ngayong taon.

Nagpapanggap ang mga Superbisor na nasa likod ng Prop C na lumulutas ng problema na wala naman. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, napakahirap nang maging kuwalipikado para sa eleksyon sa pagre-recall. Magmula noong 1907, anim na lokal na eleksyon

lamang sa pagre-recall ang naging kuwalipikado para sa balota sa San Francisco. At ang unang matagumpay na recall sa loob ng 100 taon ay ang napakaraming bumoto para sa pagre-recall ng tatlong komisyoner ng School Board ngayong taon na ito. Gayon pa man, hindi sana ito napahintulutan man lamang kung ang mga Superbisor na nasa likod ng Prop C ang nasunod!

Ang proseso ng pagre-recall ang ating HULING proteksiyon laban sa mga politiko na garapalang ipinagwawalang-bahala ang kagustuhan ng mga botante. Protektahan ang inyong boto at ang inyong boses. Pakisamahan ang mga magulang, nag-aadbokasiya para sa pampublikong edukasyon, at ang inyong kapwa mga taga-San Francisco at BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON C!

GrowSF

*SF Parent Action (SF Aksiyon ng mga Magulang)
Autumn Looijen, Katuwang na Pinuno, Recall the SF School Board (I-recall ang Lupon ng mga Paaralan ng SF)*
Todd David, Tagapangulo, Concerned Parents for the Recall* (Mga Nagmamalasakit na Magulang para sa Recall)
Kit Lam, magulang sa pampublikong paaralan
Quincy Yu, nag-aadbokasiya para sa pampublikong edukasyon*

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Protektahan ang demokrasya at pananagutan sa San Francisco!

Huwag hayaang baguhin ng mga Superbisor ang mga patakaran upang maprotektahan ang bigong mga politiko na tulad ng na-recall na mga miyembro ng School Board!

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON C!

Ngayong taon na ito, lubhang napakaraming botante ng San Francisco ang nagpa-recall sa tatlong miyembro ng Board of Education dahil nabigo ang mga ito na gawin ang kanilang trabaho at binigyan ng prayoridad ang personal nilang adyenda nang higt pa sa mga estudyante ng pampublikong paaralan. Naghatid ang makasaysayang tagumpay ng lokal na kolektibong pagkilos ng mga magulang ng San Francisco sa bawat politiko ng mensahe, na nagsabing pananagutin natin sila.

Gayon pa man, sa pamamagitan ng Proposisyon C, gustong baguhin ng parehong mga Superbisor ng San Francisco, na nagkamali sa pagre-recall ng school board, ang mga patakaran, at nang maging mas mahirap na kailanman para sa mga botante na ma-recall muli ang bigong mga politiko. Kung batas na noon ang Proposisyon C, nasa katungkulan pa sana ngayon ang tatlong bigong miyembro ng Board of Education, at pinipinsala pa ang ating pampublikong mga paaralan at ang mga estudyante. Gustong pigilan ng mga Superbisor na nasa likod ng Proposisyon C ang mga botante ng San Francisco na magawa pang muli ang kagagawa pa lamang natin!

Sa ilalim ng Proposisyon C, magkakaroon pa ng mas kaunting panahon ang mga botante upang makapag-organisa ng lehitimong pagsusumikap para sa pagre-recall sa antas ng lokal na kolektibong pagkilos o grassroots. At kapag na-recall ang halal na opisyal, hindi kailanman mapapanagot ng mga botante ang kanyang itinalagang kapalit sa eleksyon sa hinaharap.

Sa panahon na may banta sa demokrasya at batayang mga karapatan sa pagboto sa loob ng bansa at sa ibang bansa, hindi demokratiko ang Proposisyon C at lalo pa nitong pinipigilan ang paglahok ng mga botante sa politikal na proseso sa San Francisco.

Huwag hayaan ang Board of Supervisors na palitan ang mga patakaran at dayain ang sistema upang maprotektahan ang bigong mga politiko mula sa pagpapanagot ng mga botante! Pakisamahan ang aming may pagkakaiba-iba o diverse na koalisyon ng mga magulang, nag-aadbokasya, at lider ng mga komunidad ng San Francisco, at BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON C!

GrowSF

SF Parent Action

*Todd David, Tagapangulo, Concerned Parents for the Recall**

*Mary Jung, dating Tagapangulo, San Francisco Democratic Party (Partido Demokratiko ng San Francisco)**

Alice B. Toklas LGBT Democratic Club (Alice B. Toklas na Samahang Demokratiko na LGBT)

Bayard Rustin LGBT Coalition (Bayard Rustin na Koalisyon ng LGBT)

Filipino American Democratic Club of San Francisco (Samahang Demokratiko ng mga Filipino Amerikano ng San Francisco)

*Larry Mazzola, Jr., Plumbers & Pipefitters Union (Unyon ng mga Tubero at Tagakabit ng Tubo) #38**

Mike Chen, delegado ng California Democratic Party (Partido Demokratiko ng California)

Kit Lam, magulang sa pampublikong paaralan

Stephanie Lehman, delegado ng California Democratic Party

Matt Rhoa, delegado ng California Democratic Party

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon C

Mahalaga ang mga eleksyon. Ang regular na nakatakdang mga eleksyon ang pinakademokratikong paraan ng pagboto sa ating mga lider.

Gusto ng mga katunggali ng Proposisyon C na ipilit ang kakaunti ang lumalahok na espesyal na mga eleksyon, na nagtatanggal sa mga opisyal na ayaw nila at palitan ang mga ito ng mga itinalagang mataas na pampublikong opisyal. Hindi ito makatarungan. Panunupil ito sa mga botante.

Gumastos ang mga botante ng California ng mahigit sa \$200 milyon nang dahil sa pagsubok na i-recall si Gobernador Newsom. Naging magastos na kasangkapan na ng mga maka-kanan ang kasalukuyang proseso ng pagre-recall upang makalikha ng kaguluhan at makapanghimasok sa mahusay na pamamahala. Pinopondohan ng napakayayamang nagbibigay ng pera ang mga pagsusumikap sa pagre-recall na nagsusulong sa kanilang personal na adyenda at nakatatagwag-pansin mula sa kasalukuyang gawain.

Repormang gumagamit ng sentido komun ang Proposisyon C. Kailangang maghintay ang pagre-recall hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang halal na opisyal na patunayan ang sarili sa katungkulan. Pipigilan din ng Prop C ang *milyon-milyong dolyar sa maaksayang paggasta* habang malapit nang magkaroon ng

pangkalahatang eleksyon. Kapag nagtumpay ang pagre-recall, mapipili ng mga botante kung sino ang kakatawan sa kanila sa susunod na regular na eleksyon.

Bumoto ng Oo sa Proposisyon C. Mabuti ito para sa demokrasya.

San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)

Superbisor Chan

Superbisor Peskin

Harvey Milk LGBTQ Democratic Club (Harvey Milk na Samahang Demokratiko na LGBTQ)

*John Avalos, miyembro ng SF Democratic Party (Partido Demokratiko ng SF)**

*Keith R Baraka, Pangalawang Tagapangulo ng SF Democratic Party **

*Peter Gallotta, Pangalawang Tagapangulo ng SF Democratic Party **

*Anabell Ibanez, Guro/Pangalawang Tagapangulo ng SF Democratic Party **

*Li Lovett, Pangalawang Tagapangulo ng SF Democratic Party **

*Carolina Morales, miyembro ng SF Democratic Party**

*Para lamang sa identipikasyon; pumipirma ang awtor bilang indibidwal at hindi sa ngalan ng organisasyon.

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



D

Office of Victim and Witness Rights (Opisina para sa mga Karapatan ng mga Biktima at Saksi); Serbisyo Legal para sa mga Biktima ng Karahasan sa Tahanan

Dapat bang lumikha ang Lungsod ng Office of Victim and Witness Rights na magkaloob ng mga serbisyo, makikipag-ugnay para sa kasalukuyan nang ibinibigay na mga serbisyo ng Lungsod, at maghahangad ng pagkakaroon ng mga programang magkaloob ng libreng serbisyo legal para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Sa pamamagitan ng maraming ahensiya at departamento, nagkaloob ang San Francisco ng mga serbisyo sa mga biktima ng mararahas at hindi mararahas na krimen, mga nakaligtas sa seksuwal na karahasan, at biktima ng nakabatay sa kasarian na karahasan at diskriminasyon.

Ang Mungkahi: Lilikha ang Proposisyon D ng Office of Victim and Witness Rights (Opisina) bilang bagong departamento ng Lungsod. Magkaloob ang Opisina ng mga serbisyo o makikipag-ugnay para sa kasalukuyan nang ibinibigay na mga serbisyo sa mga biktima at saksi ng lahat ng uri ng krimen.

Ipakikilala ng Opisina ang ordinansang magtatatag ng isang taon na pinagsisimulang programa upang makapagbigay ng libreng serbisyo legal para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan simula Hulyo 1, 2023.

Hahangarin ng Opisina ang magtatatag ng permanenteng programa upang makapagbigay ng libreng serbisyo legal para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan, at masasailalim ito sa karagdagan pang isasagawang mga batas sa hinaharap. Ang biktima ng karahasan sa tahanan ay kailangang nakatira sa Lungsod o biktima ng karahasan sa tahanan na naganap sa Lungsod.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong lumikha ng Office of Victim and Witness Rights na magkaloob ng mga serbisyo, o makikipag-ugnay para sa kasalukuyan nang ibinibigay na mga serbisyo ng Lungsod, at maghahangad ng pagkakaroon ng mga programang magkaloob ng libreng serbisyo legal para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong itatag ang Opisina ng ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa “D”

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon D:

Nakabatay ang gastos ng mungkahing ordinansa, sakaling maaprubahan ito ng mga botante, sa mga desisyon na gagawin sa pamamagitan ng proseso ng pagbabadyet dahil hindi puwedeng itali ng isang ordinansa ang mga Mayor at Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) sa hinaharap sa pagkaloob ng pondo para dito o para sa anumang iba pang layunin. Sa aking opinyon, malamang na malaki ang halaga ng lubusang pagpopondo sa mga programang lilikhain ng panukala, sakaling ipatupad ito ng mga tagagawa ng polisiya sa hinaharap.

Magtatatag ang mungkahing ordinansa ng bagong departamento ng Lungsod, ang Office of Victim and Witness Rights (ang Opisina). Magkakaroon ng awtorisasyon ang Opisina na magkaloob ng iba’t ibang serbisyo sa mga biktima at saksi ng krimen, at makikipag-ugnay para sa katulad na mga serbisyong ipinagkaloob ng iba pang ahensiya ng Lungsod. Espesipikong isinasaad ng ordinansa na magsarbey at mag-ulat ang Opisina ukol sa kalidad at saklaw ng mga serbisyo sa mga kliyente, magsagawa ng pagsusuri ng mga kinakailangan sa larangang ito, at magbigay ng mga rekomendasyon kung paano haharapin ang hindi natutugunang mga pangangailangan. Isang taon matapos maitatag ang Opisina, itatakda rin dito na magharap ng ordinansa na magsasama-sama sa lahat ng serbisyo para sa mga biktima at saksi sa ilalim ng direksiyon nito.

Magtatakda ang mungkahing ordinansa ng karapatan na magkaroon ng pangmamamayan na legal na representasyon para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan sa San Francisco, at lili-

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



kha ng pinagsisimulang programa upang makapagkaloob ng gayong representasyon. Makikipag-ugnay ang Office of Victim and Witness Rights para sa libreng serbisyo legal para sa layuning ito, pamahahalaan ang pinagsisimulang programa, gagawan ng ebalwasyon ang pagiging epektibo nito matapos ang isang taon, at magmumungkahi ng ordinansa upang mai-takda ang kinabukasan ng programa batay sa ebalwasyong ito.

Espesipikong nagtatakda ang ordinansa ng Department Head (Pinuno ng Departamento) para sa bagong Opisina, na malamang na may gastos na humigit-kumulang sa \$340,000 taon-taon. Mangangailangan ang mga programa at trabaho para sa koordinasyon na espesipikong nakasaad sa ordinansa ng kawanihan na may tinatayang pinakamababa nang halaga na humigit-kumulang sa \$700,000. Espesipikong nakasaad sa ordinansa na iyon lamang libreng mga serbisyong legal ang gagamitin sa pinagsisimulang taon ng pagpapayong legal para sa mga biktima ng karanasan sa tahanan; gayon pa man, sa mga taon sa hinaharap, sakaling pondohan ng Lungsod ang programa, magiging malaki ang gastos.

Gaya ng nakasaad sa itaas, hindi puwedeng itali ng isang ordinansa ang mga Mayor at Board of Supervisors sa hinaharap na magkaloob ng pondo para dito o sa anumang iba pang layunin. Sa ilalim ng Tsarter ng Lungsod, nakabatay ang kahuli-hulihang gastusin sa mungkahing ito sa mga desisyong gagawin sa tau-nang proseso ng pagbabadyet ng Lungsod.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "D"

Noong Enero 14, 2022, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Haney, Mandelman, Safai, Stefani.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) ang paglalagay ng apat o higit pang Superbisor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Makatutulong ang Proposisyon D sa lahat ng biktima ng krimen sa San Francisco.

Nitong nakaraang taon, mahigit sa 75,000 taga-San Francisco ang naiulat bilang biktima ng krimen. Bukod sa nakita nating pagtaas ng bilang ng krimen sa pangkalahatan, nakita rin natin ang lubhang pagdami ng mga insidente ng karahasan sa tahanan. Noong 2021 lamang, nagkaroon ng 7,241 tawag sa telepono, na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, sa 911 sa San Francisco. Gayon pa man, hindi nasasakdal ang 90% ng mga kaso ng karahasan sa tahanan, kung kaya't naiiwang vulnerable ang mga biktima at ang kanilang mga anak.

Pinupuwera ng kasalukuyang sistema ang mga biktima at ang mga saksi – na nakararanas na ng pagdurusa nang dahil sa emosyonal, pisikal, at pinansiyal na kinahihinatnan – na humarap sa komplikado at burukratikong sistema sa pamamagitan ng dalawa o higit pang departamento. Sa huli, marami ang hindi na nagtutuloy at hindi na nagkakaroon ng suporta. Kailangang bigyan natin ng boses ang lahat ng biktima at bigyan sila ng oportunidad na mabawa ang nakuha sa kanila, pisikal man o emosyonal ito.

Magkakaloob ang Proposisyon D ng kritikal na mga serbisyo at suporta sa lahat ng biktima ng krimen, kung kaya't matitiyak na naiintindihan nila at nagagamit ang kanilang mga karapatang legal. Magkakaloob ito ng komprehensibong mga serbisyo sa pagmamagitan ng pagtatatag ng Office of Victim and Witness Rights (Opisina para sa mga Karapatan ng mga Biktima at Saksi) at Right to Civil Counsel (Karapatang Magkaroon ng Libreng Abugado) ang mga Biktima ng Karahasan sa Tahanan.

Ikokonekta nito ang mga biktima ng krimen sa tulong pinansiyal, pagsasauli ng medikal na gastos, at suporta sa kalusugan sa iisip, at pagsasamahin ang naririyang mga serbisyo sa biktima na nasa lahat ng pampublikong ahensiya para sa kaligtasan at sa gayon, mabawasan ang red tape (labis-labis na patakaran).

Nahaharap ang mga biktima ng karahasan sa tahanan ng komplikadong mga pangangailangang legal, lalo na iyong nasa mga kabahayang mababa ang kita. Sa maraming kaso, hindi nasasakdal ang nagsagawa ng krimen, at bumabalik siya sa tahanan kung saan nakatira ang biktima, at kadalasan nang may mga bata na saksi at biktima ng pang-aabuso. Sa pagtatakda ng karapatan ng mga biktima ng karahasan sa tahanan para sa libreng abugado, matitiyak na makakukuha ang may mga pangangailangan ng mga kautusang nagbibigay-proteksiyon, suporta para sa anak o kustodiya, at pabahay.

Tulongan ang lahat ng biktima ng krimen sa San Francisco. Bumoto ng oo sa Proposisyon D.

SFVictimsRights.com

Superbisor Catherine Stefani
Superbisor Rafael Mandelman
Superbisor Myrna Melgar
Superbisor Matt Haney
Superbisor Ahsha Safai
Superbisor Gordon Mar
Superbisor Aaron Peskin

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon D

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon D.

Walang pagtatalo na problema ang krimen at na hindi palaging nakakukuha ang mga biktima at saksi ng tulong at suportang kinakailangan nila. Ang hindi pinagkakasunduan dito ay kung ang Proposisyon D ang pinakamagandang solusyon.

Maging malinaw tayo. Wala talagang magagawa ang panukalang-batas na ito upang mabawasan ang krimen. Hindi nito madaragdagan ang pagpigil sa krimen, pagpapatrolya o programa sa mga komunidad, o ang mga pag-uusig. Hindi nito mababawasan ang muling paggawa ng krimen, o kung hindi man, ay mapipigilan ang mga umuulit sa nagawa nang krimen.

Lilikha ito ng bagong opisina upang “magawan ng koordinasyon ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng Lungsod sa mga biktima at saksi ng lahat ng uri ng krimen”, nang may taunang sarbey, plano para sa ebalwasyon, at plano para sa konsolidasyon. Napakalaking burukrasya nito, nang hindi naman karamihan ang bagong mga serbisyo. Hindi ang Proposisyon D ang pinakamagandang pamamaraan sa usaping ito.

Kailangang mapakinggan at maisaalang-alang ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang ordinansang ito. Kung kailangan ng sarbey, ebalwasyon, at konsolidasyon, gawin na ito ngayon. Tulong ang kailangan ng mga biktima at saksi ng krimen, hindi dagdag na burukrasya.

Walang pumipigil sa mga departamento ng Lungsod na nagkakaloob na ng mga serbisyo para sa biktima at saksi sa pagkakaroon ng mas mahusay na koordinasyon. Mukhang magandang ideya iyan.

Hindi natin kailangan ng bagong mga Departamento ng Lungsod, paggasta na hindi mahalaga, o iba pang gimik sa panahon ng pandemya, o sa anumang iba pang panahon. Kailangang ginagamit natin ang naririyang mga rekurso at mekanismo sa pamamahala sa mas epektibong paraan.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon D. Salamat po.

David Pilpel

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon D.

Ang Proposisyon D ay ordinansang lilikha ng bagong Office of Victim and Witness Rights. Bagamat interesante at maaaring popular na konsepto ito, hindi ito bagay na kailangang aprubahan ng mga botante. Magalang kong iminumungkahi na hindi ang Proposisyon D ang pinakamagandang pamamaraan sa usaping ito.

Maaaring ipasa ng Board of Supervisors at aprubahan ng Mayor ang ordinansang tulad nito, matapos ang isa o higit pang pagdinig upang mapaghusay pa ang mungkahi. Mahalaga ang lehislatibong proseso upang maisaalang-alang ang lahat ng pananaw at magamit ang pinakamahuhusay na ideya at wika at nang maging totoo at makabuluhan ang isang konsepto.

Sa aking pagkakaalam, hindi kailanman iniharap ang mungkahi sa Board of Supervisors, bilang pagdinig, o bilang batas. Diretso na itong napunta sa balota, nagmumungkahi ng bagong opisina na may mga kawaning magsasagawa ng koordinasyon para sa naririyang mga serbisyo, at magdaragdag ito ng burukrasya, nang hindi direktang napaguhusay ang mga karapatan ng biktima at saksi.

Mas magandang pamamaraan ang pagsasaalang-alang nito sa Board of Supervisors, pagsasagawa ng mga pagdinig, magbuo ng mungkahi, at aktuwal na paramihin ang mga rekurso o muling italaga ang mga gawain sa larangang ito. Hindi magandang solusyon ang panukalang-batas na ito sa balota sa problema, na maaaring totoo ngunit hindi mahusay na nabibigyan ng depinisyon.

Samantala, nagkakaloob na ang iba't ibang departamento ng Lungsod ng ilang serbisyo para sa biktima at saksi. Makatutulong ang mas maraming impormasyon ukol sa kanilang mga ginagawa, at natitiyak kong mapamamahalaan ng Mayor at ng mga pinuno ng mga departamento ang koordinasyon na magaganap sa larangang ito.

Hindi natin kailangan ng bagong mga Departamento ng Lungsod, paggasta na hindi mahalaga, o iba pang gimik sa panahon ng pandemya, o sa anumang iba pang panahon. Kailangang ginagamit natin ang naririyang mga rekurso at mekanismo sa pamamahala sa mas epektibong paraan.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon D. Salamat po.

David Pilpel

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon D

Liham mula sa nakaligtas sa karahasan sa tahanan na si Karen Miron:

“Ang pangalan ko ay Karen Miron. Isa akong ina, anak, at nakaligtas mula sa karahasan sa tahanan. Gusto kong sabihin sa inyo kung bakit kinakailangan ang Proposisyon D para sa bawat indibidwal na naranasan ang aking sitwasyon.

Abusado ang dati kong kasintahan. Kapag nagagalit siya sa akin, sinasaktan niya ako; nagkaroon na ako ng baling ilong, maraming black eye, at mga pasa sa buong katawan. Noong 2015, ipinanganak ko ang aming supling na babae, na si Avi. Isang araw, nagsimula na naman siya sa pagtulak-tulak sa akin at dinampot ko si Avi at umalis. Nakita ko ang takot sa mga mata ni Avi at napag-isipan kong ayaw ko nang magpatuloy pa ang siklo ng pang-aabuso na naranasan ko.

Nakipaglaban ako upang magkaroon ng buong kustodiya, pero inabuso ng dati kong kasintahan ang sistema. Tulad ng maraming nakaligtas sa karahasan sa tahanan, nakaramdam ako ng pagkawala sa daan at pagkakapako. Kung magkakaroon ng kustodiya ang dati kong kasintahan, natitiyak kong malalagay si

Avi sa panganib. Gayon pa man, wala akong pera para maprotektahan siya. Walang rekurso o nakukuhang tulong ang maraming kababaihan na tulad ko. Dahil dito, nananatili sila sa pag-iisip na iyon lamang ang kanilang opsiyon.

Naging masuwerte ako at nakakuha ng tulong mula sa Open Door Legal. Nakipaglaban sila katabi ko upang makakuha ng buong kustodiya, at nanalo kami. Gayon pa man, hindi kasinsuwerte ko ang lahat ng nakaligtas sa karahasan sa tahanan. Lubusan kong ikinasasabik na gustong protektahan ng ating lungsod ang mga nakaligtas na tulad ko at ng aking anak. Nakatulong ang mga serbisyo legal upang maprotektahan ang aking pamilya at mapaunlad namin ang aming kinabukasan.

Pakiboto ang Oo sa Proposisyon D upang makapagbigay ng karapatan na magkaroon ng abugado ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan na gaya ko.”

Ehekutibong Direktor Adrian Tirtanadi, Open Door Legal, non-profit na nagkakaloob ng serbisyo legal

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

**E**

Behested Payments (Perang Hinihiling ng Pampublikong Opisyal para sa Layuning Lehislatibo, para sa Gobyerno, o Pangkawanggawa)

Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang batas nito ukol sa behested payments upang mapigilan ang mga miyembro ng Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor (Board o Lupon) sa paghingi ng behested payments mula sa mga kontratistang tumatanggap ng pag-apruba ng Board, at dapat bang mapahintulutan lamang ang karagdagang mga pagbabago sa batas na ito kung aaprubahan ng Ethics Commission (Komisyon para sa mga Pamantayan sa Paggampan ng Gawain) at ng dalawa sa tatlong bahagi (two-thirds) ng Lupon ang gayong mga pag-amyenda?

OO	<input type="radio"/>
HINDI	<input type="radio"/>

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Ang behested payment ay donasyon na hinihiling ng pampublikong opisyal para sa pakinabang ng ahensiya ng gobyerno o ng pribadong organisasyon.

Sa pangkalahatan, ipinagbabawal ng batas ng Lungsod sa mga halal na opisyal, komisyoner, pinuno ng departamento, at iba pang empleyado ng Lungsod, na may awtoridad na gumawa ng mga desisyon, ang paghiling ng ganitong mga pagbabayad mula sa alinman sa mga sumusunod:

- mga negosyo at indibidwal na may kontrata o naghahangad makipagkontrata sa kanilang departamento;
- mga indibidwal na sinubukang impluwensiyahan sila kaugnay ng mga aksiyon ng gobyerno;
- mga lobbyist (binabayaran upang maimpluwensiyahan ang mga mambabatas) na nakarehistro para sa pagla-lobby sa kanilang departamento;
- mga tagatulong para sa mabilis na pagkuha ng permit, na kinontak ang kanilang departamento nitong nakaraang 12 buwan; o
- mga indibidwal na may kaugnayan sa mga patakaran ng kanilang departamento ukol sa pagpapatupad ng administratibong gawain, paglilisensiya, o pagkakaloob ng permit.

Maaaring amyendahan ng Board of Supervisors (Board) ang batas na ito sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya.

Ang Mungkahi: Aamyendahan ng Proposisyon E ang naririyang batas ng Lungsod ukol sa behested payments nang may dalawang karagdagang bagay:

- hindi na makahihiling ng behested payments ang mga miyembro ng Board mula sa mga kontratista kung ang Board ang nag-apruba sa kanilang mga kontrata; at

- maaari lamang amyendahan ng Board sa ibang panahon sa hinaharap ang batas ng Lungsod ukol sa behested payments kung aaprubahan ito ng Ethics Commission ng Lungsod sa pamamagitan ng pagboto ng mayorya, at pagkatapos ay aaprubahan ito ng Board sa pamamagitan ng pagbotong dalawa sa tatlong bahagi ng mga miyembro nito.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong amyendahan ang batas ng Lungsod ukol sa behested payments.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "E"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon E:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, hindi ito magkakaroon ng epekto sa gastusin ng gobyerno.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "E"

Noong Enero 18, 2022, nakatanggap ang Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng mungkahing ordinansa na pirmado ng mga sumusunod na Superbisor: Chan, Mar, Peskin, Preston, Walton.

Pinahihintulutan ng Municipal Elections Code (Kodigo para sa Munisipal na Eleksyon) ang paglalagay ng apat o higit pang Superbisor ng ordinansa sa balota sa ganitong paraan.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Ang Botong 00 sa Proposisyon E ay pagboto upang matanggal ang panunuhol at korupsiyon sa gobyerno ng San Francisco.

Noong 2020, may inilabas ang City Controller (Tagapamahala ng Pinansiya ng Lungsod) na Public Integrity Review (Pampublikong Pagreperaso sa Integridad) ng politikang pay-to-play (magbayad para makapaglaro) sa San Francisco, at napag-alaman nito na ang mga tinatawag na mga “behested payment (perang hinihiling ng pampublikong opisyal para sa layuning lehislatibo, para sa gobyerno, o pangkawanggawa)” ay naghaharap ng malaking panganib ng korupsiyon. Nagkakaroon ng mga behested payment kapag nangangalap ng pera ang mga Opisyal ng Lungsod mula sa interesadong partido na may kontrata, permit, o iba pang administratibo o pinansiyal na usapin na naghihintay ng aksiyon mula sa kanila.

Kaiba sa regalo o suhol, maaaring mapayaman ng mga behested payment sa hindi direktang paraan ang pampublikong opisyal, sa pamamagitan ng nasa labas na slush funds (hindi napapananagot na pondo, na maaaring magamit sa korupsiyon). Naging mas gusto nang pamamaraan ang mga behested payment sa paglusot sa pananagutan ng may mga espesyal na interes, na gustong maikutan ang mga batas na humahadlang sa tahasang panunuhol.

Karapat-dapat na malaman ng mga taga-San Francisco na gumagawa ng mga desisyon ang mga pampublikong opisyal batay sa kanilang pinakamahusay na pagpapasya, at hindi sa nagan ng malalaking korporasyon at may mga espesyal na interes. Kapag nangangalap ng pera ang mga Opisyal ng

Lungsod mula sa mga entidad na makikinabang mula sa kanilang aksiyon, napahihina ang pagganap sa kanilang tungkulin sa publiko.

Noong hiniling ng Direktor ng Public Works (Pampublikong Gawain) sa Recology na magbigay ng donasyon sa panlabas na slush fund, habang inaaprubahan ang pagtataas sa kanilang monopolyong kita, behested payment iyon. Noong nangalap ng pera ang dating mga opisyal ng DBI, na ngayon ay isinakdal na ng pederal na gobyerno, mula sa mga permit expediter (nagpapabilis ng paglalabas ng permit), na ang mga permit ay naaprubahan nang walang pagtatanong o pagsusuri, mga behested payment ang mga iyon.

Kapag nagkakaroon ng mga behested payment, nahaharap sa pagkatalo ang mga taga-San Francisco. Wakasan na natin ang mga behested payment, at wakasan na natin ang politikang pay-to-play sa San Francisco.

Bumoto ng Oo sa Prop E. Ang E ay para sa Etika (pagkakaroon ng Prinsipyo sa Paggampan ng Gawain).

San Francisco Friends of Ethics (Mga Kaibigan ng Prinsipyo sa Paggampan ng Gawain sa San Francisco)

Presidente ng Board of Supervisors Shamman Walton

Superbisor Connie Chan

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Dean Preston

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon E

Habang bumabangon tayo mula sa pandemya ng coronavirus, umaasa higit kailanman ang mga non-profit at pangkomunidad na mga organisasyon sa pakikipagsosyong pampubliko at pribado.

Pahihintuin ng Proposisyon E ang mga pinakanangangailangang organisasyon sa pagtanggap ng mahalagang pondo na kinakailangan nila para mapanatili ang kanilang mga operasyon. Naaapektuhan ng kanilang trabaho ang pinakakritikal na mga usapin na kinakaharap ng San Francisco - kawalan ng tahanan, kakaunting pabahay, equity o katarungan sa pagkakapan-tay-pantay, kaligtasan ng publiko, at pagbabago ng klima. Nasa panganib din ang mga parke at bukas na espasyo, at mahalagang bahagi ang mga ito ng pang-araw-araw na buhay ng mga pamilya, nagtatrabahong indibidwal, at matatanda.

Nagpapataw ang Proposisyon E ng nakahahadlang na mga regulasyon sa proseso ng pakikilahok sa mga komunidad. Hindi taglay ng grassroots groups (mga pangkat na nagsasagawa lokal na kolektibong pagkilos) ang mga rekursong mayroon ang

mas malalaking korporasyon. Kung aasahan natin ang mga nag-aadobokasiya sa komunidad na dumaan sa komplikadong mga regulasyon na tulad ng nasa Proposisyon E, magbubunga ito ng pagpigil sa uri ng mga serbisyo sa komunidad na maaaring ihandog ng San Francisco sa mga residente na lubhang naaapektuhan ng mga hamon na kinakaharap natin ngayon.

Ang Proposisyon E ay pamamaraang “one size fits all (maaari para sa lahat),” na magdudulot ng higit na pinsala kaysa kabutihan, kung kaya’t mapatatahimik ang boses ng kulang sa representasyon at binawain ng mga karapatan.

Kailangan nating bigyan ng lakas at iangat ang ating mga komunidad - hindi dagdagan ang red tape (labis-labis na mga patakaran). **Bumoto ng HINDI sa Proposisyon E.**

Superbisor Catherine Stefani

Senador Scott Wiener

Superbisor Rafael Mandelman

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Bagamat maraming magagandang intensiyon sa likod ng Proposisyon E, pamamaraang sledgehammer (malupit sa paggamit ng lakas) ang ordinansang ito, at pahihinain nito nang lubos ang kakayahan ng Lungsod na makipagsosyo sa mga organisasyong pangkomunidad at makatanggap ng kritikal na mapagkawangawang suporta.

Pipigilan ng panukalang-batas na ito ang Lungsod na mahigpit na makipagtrabaho sa kasosyong mga nonprofit na tumutugon sa kawalan ng tahanan, pabahay, katarungan sa pagkakapan-tay-pantay, kaligtasan ng publiko, at environmental justice (pagiging makatarungan sa lahat ng tao sa pagpapatupad ng mga batas ukol sa kapaligiran).

Isasapanganib ng Proposisyon E ang mahahalagang pakikipagsosyo na nagiging daan upang matulungan ang pinakanangangailangan na mga organisyong para sa pakinabang ng komunidad. Sa mapaghamon na panahong ito, nakikipaglaban ang Lungsod upang makabangon mula sa pandemya, at nararamdaman pa rin ng mga residente ang mga epekto nito. Kailangang mahigpit tayong makipagtrabaho sa mga nonprofit ng komunidad, at malugod na tanggapin ang mapagkawangawang paghahandog sa Lungsod, at sa gayon, masuportahan ang mga pagsusumikap nito sa pagbangon.

Wala sa proporsiyong maaapektuhan ng Proposisyon E ang may kasaysayan nang nababawian ng karapatan na mga pangkat, na naglilingkod sa mga komunidad ng may kulay at sa LGBTQ na komunidad, na maaaring walang mga rekurso at pamamaraan na makasunod sa gayong kakomplikadong regulasyon.

Maiwawaksi sila mula sa pag-uusap. Ang magkakaibang epekto na mga ito ay hindi nakapaglilingkod sa pag-aangat sa mga mamamayan ng San Francisco sa napakahirap na panahong ito.

Palagi nang hindi makatarungan sa pagkakapantay-pantay ang regulasyon na lubhang mabigat na pasanin, hindi malinaw, at lumalampas sa nararapat. Hindi kaya ng San Francisco ang gayong mga epekto sa kasalukuyan.

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Rafael Mandelman

Senador Scott Wiener

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon E

Ang botong 00 sa E ay boto para sa gobyernong may prinsipyo sa paggampan ng gawain, at pagwawakas sa karaniwan nang pay-to-play na politika.

Siguradong nagugulumihan ang mga opisyal na katunggali ng Prop E. Hindi ihihinto ng Prop E ang lahat ng pangangalap ng pondo, pero pahihintuin nito ang mga opisyal ng gobyerno sa pangangalap ng pondo mula sa mga indibidwal na humihiling ng kontrata mula sa kanila, o may kontrata na kaaapruba pa lamang nila. Isa iyang resipe para sa korupsiyon. Malinaw at simple ito.

Magmula noong simulan ng Abugado ng Estados Unidos ang imbestigasyon nito, naisakdal na, o natanggal na mula sa kanilang trabaho ang 5 pinuno ng departamento, kasama na ang mga pinuno ng ilan sa pinakamalalaking ahensiya ng San Francisco.

Sa katunayan ay nagulat din kami na mayroon pang mga indibidwal sa gobyerno na gustong panatilihin ang masasama at lumang mga kaugalian. Bigo sa pagpapaliwanag ang mga opisyal na katunggali ng argumentong ito kung bakit kailangan nilang mangalap ng pera mula sa mga partido mismo na humihiling ng kontrata, permit, o iba pang ayuda mula sa kanila.

Dinadala namin ito sa mga botante dahil hindi namin pinagkaka-tiwalaan ang mga politiko na pamahalaan ang kanilang sarili. Nakabatay ang Prop E sa lehislyong may sentido komun, na pinupuri ng California Common Cause (Magkaparehong Layon sa California), ang organisasyon na nagsusulong sa demokrasya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng higit na tiwala ng publiko sa gobyerno.

Bumoto ng 00 sa E.

SF Friends of Ethics

Superbisor Connie Chan

Superbisor Aaron Peskin

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



F

Pangongolekta at Pagtatapon sa Basura

Dapat bang baguhin ng Lungsod ang kasapian ng Refuse Rate Board (Lupon para sa Pagtatakda ng Singil para sa Pagtatapon ng Basura), at kung paano itinatakda ang mga singil at regulasyon na nauukol sa pagtatapon ng basura, at ang mga patakaran na magtatakda sa mga pagbabago sa hinaharap?

OO	<input type="radio"/>
HINDI	<input type="radio"/>

Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Nagbibigay ang Lungsod ng mga permit, at pinamahahalaan ang mga ito, para sa pangongolekta, pagbi-biyahe, at pagtatapon ng residensiyal na basura sa San Francisco. Ang Recology, sa pamamagitan ng mga subsidyaryo nito, ang may hawak ng lahat ng permit para sa pangongolekta ng residensiyal na basura sa Lungsod.

Ang Refuse Rate Board (Rate Board o Lupon para sa Pagtatakda ng Singil) ang namamahala sa proseso ng pagtatakda ng mga singil at regulasyon para sa pangongolekta at pagtatapon ng basura. Mayroong tatlong miyembro ang Rate Board: ang Pangkalahatang Tagapamahala ng Public Utilities Commission (Komisyon para sa mga Pampublikong Serbisyo sa Koryente, Gas at Tubig), ang Administrador ng Lungsod at ang Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) ng Lungsod.

Kapag nakatatanggap ang Rate Board ng aplikasyon para sa pagbabago ng mga singil o regulasyon sa basura, isinasangguni muna nila ang aplikasyon sa Direktor ng Public Works (Pampublikong Gawain), na kailangan munang magsagawa ng pampublikong pagdinig ukol sa aplikasyon at magbigay ng rekomendasyon sa Rate Board. Kung walang tututol, magiging pinal na ang rekomendasyon. Kapag may tumutol, magsasagawa ang Rate Board ng pampublikong pagdinig at maaaring mabago pa ang rekomendasyon.

Ang Mungkahi: Babaguhin ng Proposisyon F ang istruktura ng kasapian ng Rate Board, papalitan ang proseso sa pagtatakda ng mga singil at regulasyon kapwa sa residensiyal at komersiyal na mga kostumer, at ang mga patakaran na susundin sa pagsasagawa ng mga pagbabago sa hinaharap. Ang Pangkalahatang Tagapamahala ng Public Utilities Commission, ang Administrador ng Lungsod, at isang Kinatawan ng mga Nagbabayad ng Singil ang magiging mga miyembro ng Rate Board. Aako rin ang Controller ng Lungsod ng bagong mga tungkulin bilang Administrador ng Singil sa Basura.

Irekomenda ang magiging Kinatawan ng mga Nagbabayad ng Singil ng The Utility Reform Network (TURN) o iba pang organisasyon na kinikilala ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor), na may dedikasyon sa pagprotekta sa mga nagbabayad ng singil. Ang Mayor ang magtatalaga sa Kinatawan ng mga Nagbabayad ng Singil batay sa pag-apruba ng Board of Supervisors.

Ang Administrador ng Singil sa Basura ang susubaybay sa mga singil at magmumungkahi ng mga pagbabago sa Rate Board. Isasagawa ang mga pampublikong pagdinig ukol sa mungkahing mga pagbabago sa harap ng Commission on the Environment (Komisyon para sa Kapaligiran) at ng Commission on Sanitation and Streets (Komisyon para sa Kalinisan at mga Kalye). Pagkatapos nito, magsasagawa ang Rate Board ng pampublikong pagdinig ukol sa mungkahing mga pagbabago at ilalathala ang pinal na desisyon nito. Anumang bagong singil ay ipatutupad nang hindi bababa sa dalawang taon, pero hindi lalampas sa limang taon.

Ang mga botante lamang ang maaaring magsagawa ng pagpapalit sa kasapian ng Rate Board o sa awtoridad nitong magtatakda ng mga singil. Maaaring palitan ng Board of Supervisors ang iba pang bahagi ng ordinansa sa pamamagitan ng pagboto ng dalawa sa tatlong bahagi (two-thirds), kung irekomenda ang mga pagbabagong ito ng Mayor, ng Rate Board, at ng Administrador ng Singil para sa Basura.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “OO”: Kapag bumoto kayo ng “oo,” gusto ninyong baguhin ang kasapian ng Refuse Rate Board, at kung paano itinatakda ang mga singil at regulasyon na nauukol sa pagtatapon ng basura, at ang mga patakaran na magtatakda sa mga pagbabago sa hinaharap.

Ang Ibig Sabihin ng Botong “HINDI”: Kapag bumoto kayo ng “hindi,” ayaw ninyong gawin ang mga pagbabagong ito.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "F"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon F:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, magkakaroon ito ng katamtamang epekto sa gastos ng gobyerno. Limitado ang epekto ng mungkahing ordinansa sa gastos ng gobyerno at hindi kasama rito ang pagsusuri sa epekto ng ordinansa sa gastos para sa mga serbisyo sa pagre-recycle, pagko-kompost, at pagtatapon, na ipinagkakaloob sa mga residente at negosyo ng San Francisco.

Aamyendahan ng mungkahing ordinansa ang kasalukuyang Ordinansa ukol sa Pangongolekta at Pagtatapon ng Basura, upang maitalaga ang Controller bilang Administrador ng Singil sa Basura, at sa gayon ay masubaybayan ang mga singil sa basura at makapagrekomenda ng mga pag-aayon sa singil sa Refuse Rate Board. Sa kasalukuyan, isinasagawa ng mga kawani ng Department of Public Works ang trabahong ito. May itatalagang Kinatawan ng mga Nagbabayad ng Singil na papalit sa Controller bilang miyembro ng Refuse Rate Board. Bibigyan ng awtorisasyon ng ordinansa ang Rate Board na pamahalaan ang komersiyal, at pati na rin ang residensiyal na mga singil, at pahihintulutan ang malaking mayorya ng Board of Supervisors na amyendahan ang ordinansa, batay sa rekomendasyon ng Administrador ng Singil, ng Rate Board, at ng Mayor.

Ang tinatayang taunang gastos para sa pamamahala sa singil sa basura, kasama na ang espasyo para sa opisina at pagkakaroon ng mga kawani, at ang pagdaragdag ng Kinatawan ng mga Nagbabayad ng Singil sa Refuse Rate Board ay \$500,000 hanggang \$1,000,000. Ang tinatayang gastos ay unti-unting tataas mula sa kasalukuyang gastos sa mga aktibidad na ito.

Tatanggalin ang mga tungkuling may kaugnayan sa proseso ng pagpapatupad sa singil, na dating ginagawa ng mga kawani ng Department of Public Works mula sa kanilang mas malalaking pangkat ng mga gawain, at hindi na kakailanganin ang dating nakakontratang trabaho na pag-aadbokasya para sa publiko. Hindi kasama sa pagtatayang ito ang mga gastos na ibubunga ng mga pag-amyenda sa ordinansa sa hinaharap, tulad ng pamamahala sa mga komersiyal na singil, o ng pagbubukas ng sistema sa may kompetisyon na bidding (kompetensiya para sa kontrata). Tandaan na papalitan ng mungkahing pag-amyenda ang mga tungkulin ng Opisina ng Controller, na siyang naghanda ng pahayag na ito.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "F"

Noong Marso 1, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon F sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Haney, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Nagbabayad ba kayo nang mas malaki sa dapat ninyong bayaran para sa pagkuha ng basura? Kung gayon, walang saysay o basura ang ganyan.

Naghahatid ang Proposisyon F ng pag-aadbokasiya para sa nagbabayad ng singil, regular na pag-o-audit, at mga pananggalang laban sa korupsiyon para sa pamamahala ng lungsod ng mga kontrata sa residensiyal at komersiyal na basura at pagre-recycle, kung saan may posibilidad na makatipid ng daan-daang milyong dolyar ang mga kostumer ng San Francisco.

Ang pribadong kompanya na Recology ang may responsibilidad para sa mga serbisyo ng paghahakot at pagre-recycle ng mga itinatapon ng lungsod, pero ang lungsod ang nag-aaprubang halagang sinisingil. Ang problema ay ang pagpapahintulot sa Recology ng mga indibidwal na nasa gobyerno ng lungsod na labis-labis na singilin ang mga kostumer nang hanggang sa \$200 milyon.

Mahigit 90 taong gulang na at hindi na gumagana ang kasalukuyang sistema ng pag-apruba ng halagang sinisingil para sa basura. Pinahihintulutan ng sistema ang Department of Public Works (Departamento ng mga Pamublikong Gawain) na pamahalaan ang halaga ng singil – na trabaho kung saan hindi palaging nagkaroon sila ng pagsasanay na magawa. At dahil kulang ang kasalukuyang sistema ng pag-aadbokasiya para sa mga nagbabayad ng singil at regular na pag-o-audit, bulnerable ito sa cronyism (pagkiling sa mga kaibigan at kakilala) at sa korupsiyon.

Ang Proposisyon F ang pagbabago na kailangan natin upang matigil na ang pagsingil ng labis-labis na halaga.

Sa pamamagitan ng paglikha ng lubusang kabukasan sa pagsisiyasat at sa pag-aadbokasiya para sa mga nagbabayad ng singil, higit pa sa pagpigil sa wala sa katwirang pagtataas ng singil ang magagawa ng

Proposisyon F. Titiyakin nito na magiging makatarungan ang pagtrato sa lahat, kung kaya't hindi sisingilin nang labis ang mga residente at maliliit na negosyo habang nakakakuha naman ng mas magagandang kasunduan sa pagbabayad ang makapangyarihang mga negosyo na nasa downtown.

Masipag na nagtatrabaho ang mga indibidwal na nangongolekta ng ating mga itinatapon at nagre-recycle. Hindi sila ang problema. Ang problema ay ang sistema na nagpapahintulot ng napakalalaki at labis-labis na singil. Sistema itong babaguhin natin sa pamamagitan ng Proposisyon F.

Patuloy na tumataas nang tumataas ang presyo ng pagkain, gas, at upa. Panahon na para akuin ng gobyerno ang responsibilidad at tiyakin na hindi kayo sinisingil nang labis para sa serbisyong kailangan ninyo. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pag-aadbokasiya para sa mga nagbabayad ng singil, regular na pag-o-audit, at mga pananggalang laban sa korupsiyon, titiyakin ng Proposisyon F na hindi kayo nagbabayad ng higit pa sa kinakailangan para sa serbisyo sa basura.

Mayor London Breed

Presidente ng Board of Supervisors Shamann Walton

Superbisor Connie Chan

Superbisor Catherine Stefani

Superbisor Aaron Peskin

Superbisor Gordon Mar

Superbisor Dean Preston

Superbisor Matt Haney

Superbisor Myrna Melgar

Superbisor Rafael Mandelman

Superbisor Hillary Ronen

Superbisor Ahsha Safai

Sagot sa Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon F

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon F.

Ikinakatwiran ng mga may-panukala na maaaring napakataas ng mga bayarin para sa basura. Sa katunayan, halos pareho lamang ang halaga ng singil para sa basura sa San Francisco kung ihahambing sa iba pang lugar sa Bay Area, at mayroon tayong mas komprehensibong hanay ng mga serbisyo kung saan may higit na pagpoproseso kaysa sa karamihan sa iba pang lugar.

Mayroon nang mga isinasagawang pag-aadbokasiya para sa mga nagbabayad ng singil, regular na pag-o-audit, at mga pananggalang sa korupsiyon. Lumalahok ang mga nag-aadbokasiya para sa pagre-recycle at zero waste (walang anumang itinatapon) sa mga pagdinig ukol sa halaga ng singil. Regular nang nagsasagawa ng pag-aaral sa mga katangian ng basura at pinansiyal na pag-o-audit. Mayroon na ring matitibay na pananggalang laban sa korupsiyon nang dahil sa batas at sa kautusan ng hukuman.

Maayos pa ring gumagana ang sistema ng pagtatakda ng halaga ng singil sa basura na inaprubahan ng mga botante noong 1932. Ang Proposisyon F ay hindi ang solusyon na kinakailangan natin sa panahong ito.

Walang sinuman ang nakapag-ugnay sa iskandalo kamakailan na kinasangkutan ng dating Direktor ng Public Works at sa maling

pagkalkula ng halaga ng singil kamakailan. Inamin ng Recology ang pagkakamali at nagsauli ito ng pera sa mga kostumer.

Ang hindi nababanggit dito ay ang malaking pag-unlad na nagawa na ng San Francisco, lalo na nitong huling 35 taon, upang mabawasan ang basura na napupunta sa mga landfill. Marami ang naiinggit sa ating komprehensibong sistema ng edukasyon, pagbubukod-bukod, at pagpoproseso ng mga itinatapon, sa pamamagitan ng modernong kagamitan at lokal na mga trabaho, na nakababawas sa epekto sa kapaligiran at makatwiran ang gastos sa mga ito. Habang mahigit na nakikipagkoordinasyon sa Recology, tunay na nabago ng San Francisco ang pangongolekta ng basura tungo sa pagbabawas ng mga itinatapon at pagkakaroon ng kapaki-pakinabang na mga rekurso.

Napagbabantaan ang lahat ng ito. Lilikha ang Proposisyon F ng dagdag na burukrasya nang walang makabuluhang pakinabang ang publiko.

Mahusay na tayong napaglilingkuran ng naririyang mga mekanismo para sa pangangasiwa, at pinananatiling mababa ng mga ito ang halaga ng singil para sa residensiyal at komersiyal na basura. Walang pagbabago na kailangan sa panahong ito.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon F. Salamat po.

David Pilpel

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon F.

Ang pagtatakda ng halaga ng singil para sa basura ang isa na sa pinakamalabo ngunit mahalagang gawain ng gobyerno ng Lungsod. Mayroong komplikado ngunit eleganteng proseso na inaprubahan na ng mga botante noong 1932 at mahusay pa rin tayong napaglilingkuran nito. Magalang kong iminumungkahi na ang Proposisyon F ay hindi solusyon na kailangan natin sa panahong ito.

Madalas na nasa balita ang Recology, at hindi ito palaging ibinubunsod ng mabubuting dahilan. Malawak nang naiulat ang iskandalo kamakailan na kinasangkutan ng dating Direktor ng Public Works at ang maling kalkulasyon ng halaga ng singil kamakailan.

Ang hindi masyadong naibabalita ay ang pang-araw-araw na pangongolekta, pagpoproseso, at pagtatapon o pagtatabi ng mga kino-kompost, nire-recycle at basura, kasama na ang nangungunang posisyon ng San Francisco bilang Lungsod na pinapakaunti ang itinatapon, pinagbubukod-bukod at pinoproseso ito, pinapakaunti ang dinadala sa mga landfill, pinapakaunti ang epekto sa kapaligiran, sinusuportahan ang lokal na mga programa sa pag-eempleyo at paglilinis, at isinasagawa ang mga ito nang makatwiran ang gastos sa mga nagbabayad ng singil.

Nakalikha na ang Proposisyon F ng malaking kawalan ng katiyakan sa sistema na kailangan ng higit na katatagan, hindi ng pagkabawas nito.

Bilang indibidwal na mahigpit na sinusubaybayan ang usaping ito, nakadalo na ako sa mga pagdinig ukol sa halaga ng singil sa basura, at nakapagharap na ng mga pagtutol sa Refuse Rate Board (Lupon para sa Pagtatakda ng Singil para sa Pagtatapon ng Basura). Sa aking opinyon, maayos na gumagana ang sistema ng pagtatakda ng halaga ng singil, at papalitan ng mungkahing ito ang mga kapangyarihan at tungkulin dito sa mga paraang hindi makatutulong sa pangongolekta ng basura, sa kapaligiran, o sa mga nagbabayad ng singil. Lilikha ito ng dagdag na burukrasya nang walang makabuluhang pakinabang ang publiko.

Palihim ding nabuo ang mungkahing ito, kung saan limitado ang naging partisipasyon mula sa piling interes, at walang malakihang paglahok ng publiko. Maaapektuhan ang mga negosyo at residente, maaaring tumaas ang singil, maaaring bumaba ang mga serbisyo, at hindi malinaw ang bagong mga mekanismo para sa pangangasiwa.

Hindi natin kailangan ng bagong mga Departamento ng Lungsod, hindi mahalagang paggasta, o iba pang gimik sa panahon ng pandemya, o sa anumang iba pang panahon. Kailangang ginagamit natin ang naririyang mga rekurso at mekanismo sa pangangasiwa sa mas epektibong paraan.

Mangyaring bumoto ng HINDI sa Proposisyon F. Salamat po.

David Pilpel

Sagot sa Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon F

Heto ang mga hindi mapapasubaliang katunayan o facts:

Nabigo ang lungsod na makahanap ng hanggang sa \$200 milyon sa mga hindi kinakailangang pagtataas ng halaga ng singil sa basura.

Ang mga indibidwal na nakatalaga sa pag-apruba ng mga pagtataas ng halaga ng singil sa Department of Public Works ay hindi palaging nagtataglay ng kakayahan upang makapagsagawa ng komplikadong pag-o-audit na kinakailangan upang makita ang mga pag-aaksaya, at lalong hindi ang panlilinlang o ang pang-aabuso.

Ayon sa Federal Bureau of Investigation (Pederal na Kawanihan ng mga Imbestigasyon), nagkaroon ng kalakaran nang korupsiyon sa pinakatuktok ng departamento na itinalaga upang tiyakin na makatwiran ang halaga ng singil sa ating basura.

At gaya nga mismo ng nasabi ng awtor ng argumento ukol sa pagboto ng “Hindi,” halos 100 taon na ang sistemang nabigo sa pag-iwas sa hindi kinakailangang mga pagbabago.

Matapos ang halos 100 taon, at matapos ang nakaraang ilang taon kung saan nakita natin ang naging kalakarang korupsiyon at wala sa katwirang pagtataas ng halaga ng singil – panahon na para sa pagbabago.

Nagdadala ang Proposisyon F ng pangangasiwa at propesyonal na pag-o-audit at nagtatakda ng patuloy na pag-aadbokasiya para sa mga nagbabayad ng singil. Hindi ito lumilikha ng bagong departamento – inililipat lamang nito ang pangangasiwa sa mga ekspertong makatutulong upang magkaroon ng makatwirang halaga ng singil – at pinahusay na serbisyo.

Mahusay ang pagtatrabaho ng mga indibidwal na nangongolekta ng ating mga itinatapon at nagre-recycle. Matutulungan ng Proposisyon F ang mga frontline worker (mga nagtatrabaho sa mahahalagang industriya) na ito sa pamamagitan ng pagtitiyak na makatarungan sa lahat ang sistema. At sinusuportahan ng unyon na kumakatawan sa masisipag na mga kapitbahay na ito ang Proposisyon F.

Mahirap na panahon ito para sa nagtatrabahong mga pamilya. Tumataas na ang presyo ng lahat ng bagay. Karapat-dapat ang mga taga-San Francisco na magkaroon ng propesyonal at bukas sa pagsisiyasat na pangangasiwa upang matiyak na makatwiran ang halaga ng singil para sa basura.

Mangyaring bumoto ng OO sa F.

Superbisor Connie Chan

Superbisor Aaron Peskin

San Francisco Labor Council (Konseho sa Paggawa ng San Francisco)

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.



G

Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan

Dapat bang itakda ng Lungsod sa mga taga-empleyo na mayroong mahigit sa 100 empleyado sa buong mundo na magkaloob ng may bayad na pagliban tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan, kung saan hindi lalampas ang pagliban sa 80 oras sa isang taon, para sa kanilang mga empleyado na nasa San Francisco?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Sa pangkalahatan, itinatakda ng Lungsod sa mga taga-empleyo na pagkalooban ang mga empleyado ng may bayad na pagliban nang dahil sa sakit, batay sa bilang ng mga oras na nakapagtrabaho sa San Francisco. Nagkaloob din ang Lungsod sa mga empleyado nito ng may bayad na pagliban nang dahil sa sakit.

Walang batas ang Lungsod na tumutugon sa may bayad na pagliban tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan.

Ang Mungkahi: Simula sa Oktubre 1, 2022, sa pangkalahatan ay itatakda ng Proposisyon G sa pribadong mga taga-empleyo at sa Lungsod na magkaloob ng may bayad na pagliban sa mga empleyado tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan. Ipatutupad ang itinatakdaang ito sa pribadong mga taga-empleyo na may mahigit sa 100 empleyado sa buong mundo, at sasakupin lamang ang mga empleyadong nagtatrabaho sa San Francisco. Ang dami ng pagliban na ipagkaloob kada taon ay magiging katumbas ng bilang ng oras na regular na nagtatrabaho ang bawat empleyado sa loob ng dalawang linggo, nang hanggang sa pinakamarami nang bilang na 80 oras. Maaari lamang gamitin ang pagliban na ito sa panahon ng emergency sa pampublikong kalusugan.

Kasama sa emergency sa pampublikong kalusugan ang:

- lokal o pang-estadong emergency sa kalusugan kaugnay ng anumang nakahahawang sakit, na idineklara ng opisyal sa kalusugan ng lokal na gobyerno o ng estado; o
- panahon na nagpapatupad ng Spare the Air Alert (Pag-alerta nang Dahil sa Hangin na Masama sa Kalusugan).

Maaaring magamit ng mga empleyado ang pagliban tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan sa ilang pagkakataon, kasama na kung:

- hindi makapagtrabaho ang empleyado o ang miyembro ng kanyang pamilya nang dahil sa mga rekomendasyon o

itinatakda ng kautusan sa kalusugan na tumutugon sa emergency;

- nakararanas ang empleyado o ang miyembro ng kanyang pamilya ng mga sintomas ng sakit na lumikha ng emergency, o na-test na positibo sa sakit; o
- pangunahing nagtatrabaho ang empleyado sa labas ng gusali at may sakit sa puso o baga, may problema sa paghinga, buntis, o 60 taong gulang o higit pa, kapag ipinatutupad ang Spare the Air Alert.

Maaaring piliin ng empleyado na gamitin ang pagliban tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan, o ang may bayad na pagliban nang dahil sa sakit, sa mga pagkakataon na maaaring ipatupad ang dalawang ito. Hindi naililipat sa susunod na taon ang anumang hindi pa nagagamit na pagliban nang dahil sa emergency sa pampublikong kalusugan.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong itakda sa pribadong mga taga-empleyo, na mayroong mahigit sa 100 empleyado sa buong mundo, at sa Lungsod, na magkaloob ng may bayad na pagliban tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan, kung saan hindi lalampas ang pagliban sa 80 oras sa isang taon, para sa kanilang mga empleyado na nasa San Francisco.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," ayaw ninyong itakda ang bagong may bayad na pagliban na ito tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "G"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon G:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing ordi-nansa ng mga botante, magkakaroon ito ng kakaunti hanggang sa malaking pagtaas ng gastos ng gobyerno.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Itatakda ng mungkahing ordinansa sa mga taga-empleyo na may mahigit sa 100 empleyado sa buong mundo na magkaloob ng pagliban tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan sa mga empleyadong nagtatrabaho sa San Francisco sa panahon ng emergency sa pampublikong kalusugan, kasama na ang emergency sa kalidad ng hangin. Maaaring gamitin ng mga empleyado ang pagliban na ito para sa natukoy nang mga layunin. Magkaloob ang mga taga-empleyo ng hanggang sa 80 oras ng may bayad na pagliban tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan, batay sa bilang ng regular na oras ng pagtatrabaho ng empleyado. Bilang pagtugon sa pandemyang COVID-19, itinakda ng pederal, pang-estado, at lokal na mga batas sa mga taga-empleyo, na may espesipikong laki ng kompanya, na magkaloob ng may bayad na pang-emergency na pagliban nang dahil sa sakit. Pinagtibay ng mungkahing ordinansa ang mga itinatakda na katulad nito, pero hindi nito inaamyendahan ang kasalukuyang batas.

Kasama sa gastos ng gobyerno ng lungsod ang mga gawain para sa pagpapatupad at pagtitiyak ng pagsunod ng pribadong mga taga-empleyo, kasama na ang isa o higit pang posisyon ng compliance officer (opisyal para matiyak ang pagsunod sa batas) na may gastos na \$170,000 kada taon. Mas mahirap ang pagtataya ng gastos ng Lungsod nang dahil sa kautusang ito ukol sa may bayad na pagliban sa mga taon sa hinaharap. Ang benepisyo ng may bayad na pagliban dahil sa sakit na COVID-19 nang hanggang sa 80 oras, na ibinibigay sa bawat kawani ng lungsod tuwing may emergency, ay karaniwan nang hindi itinuturing na dagdag na bayad. Ang mga empleyado ay mayroon ding mga balanse sa regular na may bayad na pagliban nang dahil sa sakit na posible nilang magamit. Maaaring magkaroon ng malaking epekto sa pinansiya ng Lungsod ang pagpapahaba ng panahon ng pagpapatupad ng benepisyo sa pagliban tuwing may emergency sa pampublikong kalusugan. Ibubunsod ang epektong ito ng laki ng halaga para sa bayad sa overtime upang mapunan ang indi-indibidwal na pagliban. Noong nakaraang panahon, maliit na bahagi lamang ito ng aktuwal na pagliban nang dahil sa sakit, pero mahirap maging tiyak sa panghuhula nito.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "G"

Noong Marso 1, 2022, bumoto ang Board of Supervisors ng 11 sa 0 upang mailagay ang Proposisyon G sa balota. Bumoto ang mga Superbisor ayon sa sumusunod:

Oo: Chan, Haney, Mandelman, Mar, Melgar, Peskin, Preston, Ronen, Safai, Stefani, Walton.

Hindi: Wala.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang mga argumentong pabor at laban sa panukalang-batas na ito. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.



Argumento ng May-Panukala na Pabor sa Proposisyon G

Bumoto ng OO sa Proposisyon G upang maprotektahan ang mga essential worker (nagtatrabaho sa industriyang mahalaga sa pagpapatuloy ng kritikal na mga gawain) at ang pampublikong kalusugan

Naipakita na ng COVID-19 ang malalawak na agwat sa pagprotekta sa mga essential worker, at ang taon-taon na lumalalang panahon ng sunog, na nagdudulot ng mas maraming araw kung saan masama sa kalusugan ang kalidad ng hangin.

Tutugunan ng Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan o Public Health Emergency Leave ang pagiging malala ng mga bantag ito, sa pamamagitan ng dalawang karagdagang linggo ng may bayad na pagliban sa daan-daang libong manggagawa sa San Francisco sa panahon ng emergency — may bayad na pagliban na pumoprotekta sa ating lahat.

Awtomatikong maaaring magamit ang Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan sa panahon ng anumang emergency sa pampublikong kalusugan kung may sakit kayo, kailangang magkuwarantenas, kailangang mag-alaga ng miyembro ng pamilya, o hindi makapagtrabaho nang dahil dito.

Maaaring agad na magamit ang Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan nang hindi na kailangang maipon pa, at sinasakop nito ang lahat ng empleyado ng pribadong kompanya na may 100 o higit pang empleyado sa kabuuan ng mundo, at mga empleyado ng Lungsod.

Sa mga araw na masama sa kalusugan ang kalidad ng hangin, magkakaroon ng Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan ang mga manggagawang nagtatrabaho sa labas ng gusali at may hika o iba pang kondisyon na sensitibo sa hangin na mababa ang kalidad.

Ang pagprotekta sa mga nagtatrabaho ay pagprotekta sa pampublikong kalusugan.

Naipakita na sa atin ng pandemya na malusog lamang tayo kung malusog din ang ating mga kapitbahay. Walang sinumang indibidwal ang dapat pumili sa pagitan ng pagbabayad ng upa o pagpasok sa trabaho habang may nakahahawa at maaaring nakamamatay na sakit. Walang magulang na dapat pumili sa pagitan ng pagsuweldo at paghahatid sa may sakit na anak sa paaralan. Sa pamamagitan ng pagpapahaba sa bisa ng Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan para sa mga emergency sa kasalukuyan at sa hinaharap, ginagamit natin ang mga leksiyong mula sa pandemyang ito, at mas magiging handa na tayo para sa susunod.

Binibigyang-lakas ng polisiyang ito, na nakabatay sa sentido komun, ang mga nagtatrabaho upang maprotektahan nila ang sarili at tayong lahat. Pinamunuan ng San Francisco ang bansa sa pamamagitan ng pagpasa sa may bayad na pagliban nang dahil sa sakit noong 2006. Mamuno tayong muli at ipasa ang Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pampublikong Kalusugan sa 2022.

Samahan kami sa pagboto ng OO sa Proposisyon G.

Superbisor Gordon Mar
Superbisor Connie Chan
Superbisor Hillary Ronen
Superbisor Dean Preston

Walang Isinumiteng Sagot o Argumento ng Katunggali Laban sa Proposisyon G

Ang mga argumento ay opinyon ng mga awtor at hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya para sa kawastuhan. Inilimbag ang mga argumento ayon sa pagkakasumite. Hindi iwinasto ang maling spelling o grammar.

Be a Poll Worker!

Earn \$\$\$ while serving your community!
Bilingual speakers are encouraged to apply!



Apply online at sfelections.org/PWA
or call (415) 554-4395



**SAN FRANCISCO
ELECTIONS**

(415) 554-4395 City Hall, Room 48

pollworker.communication@sfgov.org



H

Panukala ukol sa Recall (Pagpapaalis sa Katungkulan) ni Chesa Boudin

Dapat bang paalisin (tanggalin) si Chesa Boudin mula sa Office of District Attorney (Opisina ng Abugado ng Distrito)?

OO



HINDI



Buod ng Ballot Simplification Committee (Komite para Gawing mas Simple ang Balota)

Kung Ano Ito Ngayon: Noong Nobyembre 5, 2019, inihalal ng mga botante ng San Francisco si Chesa Boudin upang maging Abugado ng Distrito para sa apat na taong termino na magtatapos sa Enero 8, 2024.

Ang Abugado ng Distrito ang may responsibilidad para sa pag-iimbestiga at pag-uusig sa mga paglabag ng pang-estado at lokal na mga batas kriminal.

Kapag na-recall ang Abugado ng Distrito, pahihintulutan ng Tsarter ng Lungsod ang Mayor na magtatalaga ng kapalit, na maaaring tumakbo para sa katungkulang Abugado ng Distrito sa susunod na eleksyon.

Tandaan: Maaaring mabago ng mungkahing pag-amyenda sa Tsarter ng Lungsod (Proposisyon C: Iskedyul ng mga Gawain para sa Recall at Pagtatalaga para sa Nabakanteng mga Katungkulan) sa balotang ito ang proseso ng pagtatalaga ng kapalit sa katungkulan.

Ang Mungkahi: Ang Proposisyon H ay panukala ukol sa recall na magtatanggal kay Chesa Boudin mula sa Office of District Attorney. Kung aaprubahan ng mga botante ang panukalang recall, matatanggal si Boudin sa katungkulan 10 araw matapos maideklara ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor) ang mga resulta ng eleksyon, at magtatalaga ang Mayor ng kapalit sa katungkulan. Magdaraos ang Lungsod ng eleksyon para sa Abugado ng Distrito, na pinakamaaga nang magagawa, bilang bahagi ng regular na eleksyon, sa Nobyembre 8, 2022.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "OO": Kapag bumoto kayo ng "oo," gusto ninyong tanggalin si Chesa Boudin bilang Abugado ng Distrito ng San Francisco.

Ang Ibig Sabihin ng Botong "HINDI": Kapag bumoto kayo ng "hindi," gusto ninyong manatili si Chesa Boudin bilang Abugado ng Distrito ng San Francisco.

Pahayag ng Controller (Tagapamahala ng Pinansiya) Tungkol sa "H"

Naglabas na ang Controller ng Lungsod na si Ben Rosenfield ng sumusunod na pahayag tungkol sa magiging epekto sa pinansiya ng Proposisyon H:

Sa aking opinyon, kapag inaprubahan ang mungkahing ordinansa ng mga botante, hindi ito magkakaroon ng epekto sa gastusin ng gobyerno.

Kung Paano Napunta sa Balota ang "H"

Noong Nobyembre 9, 2021, pinagtibay ng Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon, Department) na naglalaman ng sapat na bilang ng may bisang mga lagda ang petisyon upang ma-recall ang Abugado ng Distrito na si Chesa Boudin, upang maging kuwalipikado ang panukala ukol sa recall para sa balota.

Ang kabuuang bilang ng mga lagda sa petisyon ay 83,484. Nirepaso ng Departamento ang 4,174 na ala-suwerteng napili na mga lagda (5% ng kabuuang isinumite), na nagpapakita na naglalaman ang petisyon ng bilang ng may bisang lagda na mas malaki kaysa sa kinakailangang 51,325 lagda upang maituring na matagumpay ang petisyon.

Kailangan ng panukalang-batas na ito ng 50%+1 botong oo para maipasa.

Ang pahayag sa itaas ay walang-kinikilingang pagsusuri nitong panukalang-batas. Susunod kaagad ang Pahayag ng mga Dahilan ng mga May-Panukala ng Recall at ang Sagot ng Abugado ng Distrito sa Pahayag. Para kumuha ng kopya ng mga may bayad na mga argumento na kaugnay sa proposisyong ito, tingnan ang sfelections.org o tawagan ang (415) 554-4310. Ang ilan sa mga salitang ginamit sa digest ng mga proposisyong nasa balota ay ipinaliliwanag simula sa pahina 36.

Pahayag ng mga Dahilan ng mga May-Panukala para sa Recall (Pagpapaalis sa Katungkulan) at ang Sagot ng Abugado ng Distrito

Pahayag ng mga Dahilan ng mga May-Panukala

KAY KAGALANG-GALANG NA CHESA BOUDIN: Alinsunod sa Seksiyon 11020 ng California Elections Code (Kodigo sa Eleksyon) at sa Seksiyon 14.103 ng Tsarter ng San Francisco, ang nakalagda na rehistrado at kuwalipikadong mga botante ng Lungsod at County ng San Francisco, na nasa Estado ng California ay nagbibigay ng abiso na kami ang may-panukala ng petisyon para sa recall, at na may layunin kaming hilingin ang recall at ang pagkakatanggal ninyo mula sa opisina ng Abugado ng Distrito, sa San Francisco, California at hilingin na magtalaga ang Mayor ng indibidwal upang mapunan ang malilikhang bakanteng posisyon ng recall.

Ang mga sumusunod ang mga dahilan para sa recall: Sumasang-ayon tayong lahat na kailangan natin ng tunay na reporma sa pagpapatupad sa criminal justice (kodigo penal) at pagpapanagot sa pulisya. Hindi naisasagawa ni Chesa Boudin ang alin man sa dalawang prayoridad na ito — at magmula noong manungkulan siya, nasa antas na ng krisis ang pagnanakaw, panloloob ng sasakyan, pagpaslang, at kamatayang may kinalaman sa pang-aabuso sa droga. Hindi napananatiling ligtas ni Boudin ang San Francisco. Tumatangi siya na sapat na maisakdal ang mga kriminal at nabibigo na seryosong maharap ang krisis sa droga. Hindi niya pinananagot ang serial offenders (paulit-ulit sa paggawa ng krimen), hinahayaan ang pagpapalabas sa kanila sa kustodiya ng mga awtoridad, at ang kanyang tugon sa mga biktima ay ang “paghangad na sana” maging mas kaunti na ang panloloob sa tahanan. Sinabi ni Boudin na hindi niya isasakdal ang paglabag sa batas ukol sa DUI kung “walang biktima,” at nabigo siyang isakdal ang lumabag na sa batas noon pa man, at pagkatapos ay nakapatay ng dalawang naglalakad sa kalye noong bisperas ng Bagong Taon habang nagmamaneho nang lasing sa ninakaw na kotse. Mali ang mga prayoridad ni Boudin. Nangako siyang seseryosohin ang mga kaso ng seksuwal na pag-atake. Sa halip, hiniling ni Boudin sa mga nakaranas ng seksuwal na pag-atake na makipagkasundo sa mga indibidwal na mismong umatake sa kanila. Ni hindi man lang tinupad ni Boudin ang kanyang pangako ukol sa mga reporma. Tatlong tao ang namatay sa pakikipag-interaksyon sa pulisya, at nabigo si Boudin na isakdal ang sinumang nasangkot na opisyal. Hindi dapat maging kaswal ang pagtingin sa recalls, pero hindi na makapaghihintay pa ng dalawang taon ang San Francisco upang mapaghusay ang pampublikong kaligtasan at maayos ang ating sistema ng pagpapanagot sa kodigo penal. Kailangang mapaalis na sa katungkulan si Chesa Boudin — ngayon.

Ang mga sumusunod ang mga pangalan ng mga may-panukala: *Mary Jung, Ditka Reiner, Caryl Ito, Sandy Mori, Sonia Melara, Matthew Rhoa, Margaret O’Sullivan, Kevin O’Shea, Liam F. Frost, Michele Bell, Lanier Coles, Liam Reidy, Vanita Louie, Leanna Louie, David Troup, Chao Tung Lin, Elizabeth Farrell, Leigh Frazier, Dena Aslanian-Williams, Austin Louie, Stephanie Lehman, Mark Dietrich, Emily Reichman, Courtland Reichman, Marguerite Hutchinson, Emily Murase, Nicole Wilke, Lisa Pinckney, Randall Wong, at Karina Velasquez.*

MAY PETSANG: Abril 28, 2021

Sagot ng Abugado ng Distrito sa Pahayag

Isa na naman itong recall na nakabatay sa HINDI TOTOO AT NAPATUNAYAN NANG WALANG BASEHAN na dahilan ng mga REPUBLIKANO, kung saan sinusubukang mapawalang-saysay ang pag-unlad at dalhin tayo nang paurong. Hindi politikal na kasangkapan ang mga recall para sa mga indibidwal na natatalo sa eleksyon. Pinag-isipang mabuti at maingat na inihalal ng mga botante si DA Boudin dahil sinusupportahan nila ang kanyang mga gawain upang mareporma ang walang katarungang sistema, na napakadalang nang ginagawang krimen ang kahirapan, adiksiyon, at sakit sa pag-iisip; nabigong papanagutin ang mararahas na pulis, at tinatarget ang mga taong may kulay. Hindi tayo ginawang mas ligtas ng dating mga gawi - ipinagwalang-bahala ng mga ito ang ugat na dahilan ng krimen at itinaguyod ang pagpapakulong sa marami. Sa kanyang unang taon, nakipaglaban si DA Boudin upang: 1) Lubos na mapalawak ang suportang para sa mga biktima ng krimen; 2) Mapanagot ang mga pulis kapag nagsasagawa sila ng hindi kinakailangang karahasan; 3) Makalikha ng independiyenteng innocence commission (nagrerepaso ng kaso matapos ang paghatol); 4) Makapagtatag ng unit para sa mga krimeng may kinalaman sa ekonomiya, at nang maprotektahan ang karapatan ng mga manggagawa. Pinasimulan ni DA Boudin ang mahigit sa 5,000 bagong kaso upang mapanagot ang mga kriminal. Tanggihan ang Republikanong retorika ng recall na ito — huwag ibigay ang inyong lagda, pera, o personal na impormasyon. Pang-aabuso ng proseso ang pagsasamantala sa mga recall- hindi nito iginagalang ang pasya ng mga botante, at ginagastos ang milyon-milyong dolyar na mula sa mga nagbabayad ng buwis. May PANANAGUTAN SA PAMPUBLIKONG KALIGTASAN si DA Boudin at sa pagrereporma sa sistema ng criminal justice, at sa gayon, ay makapagkaloob ng kaligtasan, katarungan, at pantay na pagturing sa lahat ng taga-San Francisco.

Chesa Boudin

Kagalang-galang na Chesa Boudin, Abugado ng Distrito ng San Francisco, 350 Rhode Island, 400 North, San Francisco, CA 94103

INIHAİN: Mayo 5, 2021



Impormasyon Ukol sa mga Ipinagbabawal na Gawain sa Eleksyon

Babala: Ipinagbabawal ang pangangampanya!

Pwedeng magresulta sa mga multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

Sa lugar malapit sa taong nakapila para bumoto sa kanyang balota o sa loob ng 100 talampakan mula sa pasukan ng lugar ng botohan, curbside voting, o drop box, ang mga sumusunod na aktibidad ay ipinagbabawal:

- *HUWAG* utusan ang isang tao na iboto o hindi iboto ang sinumang kandidato o anumang panukala sa balota.
- *HUWAG* ipakita ang pangalan, larawan, o logo ng isang kandidato.
- *HUWAG* harangan ang daanan papunta sa o tumambay sa anumang drop box ng balota.
- *HUWAG* magbigay ng anumang materyales o naririnig na impormasyon na nasa panig ng o laban sa sinumang kandidato o anumang panukala sa balota malapit saanmang lugar ng botohan, vote center, o drop box ng balota.
- *HUWAG* magpakalat ng anumang petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referendum, recall, o nominasyon ng kandidato.
- *HUWAG* mamahagi, magpakita, o magsuot ng anumang damit (mga sumbrero, damit, sign, butones, sticker) na may pangalan, larawan, logo ng isang kandidato, at/o suportahan o kalabanin ang sinumang kandidato o panukala sa balota.
- *HUWAG* magpakita ng impormasyon o kumausap ng botante tungkol sa pagiging kwalipikado ng botante na bumoto.

Ang mga pagbabawal sa pangangampanya na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Artikulo 7 ng Kabanata 4 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

Babala: Ipinagbabawal ang pandaraya sa proseso ng botohan!

Pwedeng magresulta sa multa at/o pagkakakulong ang mga paglabag.

Ano ang mga aktibidad na ipinagbabawal:

- *HUWAG* gumawa o subukang gumawa ng panloloko sa halalan.
- *HUWAG* magbigay ng anumang uri ng bayad o suhol, sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, para hikayatin o subukang hikayatin ang isang taong bumoto o hindi bumoto.
- *HUWAG* bumoto nang ilegal.
- *HUWAG* subukang bumoto o tumulong sa iba na bumoto kapag hindi siya kwalipikadong bumoto.
- *HUWAG* lumahok sa pangangampanya; kunan ng litrato o i-record ang isang botanteng papasok o palabas sa lugar ng botohan; o harangan ang pasukan, labasan, o paradahan.
- *HUWAG* pigilan ang karapatan ng isang tao na bumoto o pigilan ang mga botante na bumoto; iantala ang proseso ng botohan; o mapanlokong abisuhan ang sinumang tao na hindi siya kwalipikadong bumoto o hindi siya rehistradong bumoto.
- *HUWAG* subukang alamin kung bumoto ang isang botante sa kanyang balota.
- *HUWAG* magdala o sabihan ang isang tao na magdala ng baril sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.



- *HUWAG* pumunta o sabihan ang isang tao na pumunta nang nakasuot ng uniporme ng peace officer, guwardiya, o security personnel sa lugar malapit sa lugar ng botohan na may ilang pagbubukod.
- *HUWAG* pakialaman o gambalain ang anumang bahagi ng sistema ng botohan.
- *HUWAG* i-forge, pekein, o pakialaman ang mga return sa isang halalan.
- *HUWAG* baguhin ang mga return sa isang halalan.
- *HUWAG* pakialaman, sirain, o baguhin ang anumang poll list, opisyal na balota, o lalagyan ng balota.
- *HUWAG* magpakita ng anumang hindi opisyal na lalagyan para sa koleksyon ng balota na posibleng manlinlang ng botante na maniwalang isa itong opisyal na kahon para sa koleksyon.
- *HUWAG* pakialaman ang kopya ng mga resulta ng mga pagboto.
- *HUWAG* manghikayat o manlinlang ng taong hindi kayang magbasa o nakatatanda na iboto o hindi iboto ang isang kandidato o panukala na kabaliktaran ng kanyang nilalayan.
- *HUWAG* kumilos bilang opisyal ng halalan kapag hindi ka ganoon.

HINDI pwedeng hilingin ng mga employer sa kanilang mga empleyado na dalhin ang kanilang balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa trabaho o hilingin sa kanilang empleyado na bumoto sa kanilang balota sa trabaho. Sa panahon ng pagpapasahod, hindi pwedeng magsama ang mga employer ng mga materyales na sumusubok na impluwensyahan ang mga opinyon o pagkilos sa pulitika ng kanilang empleyado.

HINDI pwedeng subukan ng mga miyembro ng lupon ng presinto na tukuyin kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota o, kung matutuklasan ang impormasyong iyon, ihayag kung paano bumoto ang isang botante sa kanyang balota.

Ang mga pagbabawal sa aktibidad na nauugnay sa pandaraya sa proseso ng botohan na nakabuod sa itaas ay nakasaad sa Kabanata 6 ng Dibisyon 18 ng Elections Code ng California.

Ang isinalin na nilalaman ay ibinigay ng Tanggapan ng Kalihim ng Estado.



Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod

Sinimulang gamitin ng mga botante ng San Francisco ang kasalukuyang sistema ng pagboto noong 2019. Maaaring makatulong ang mga sumusunod na impormasyon para sa mga botanteng gagamit ng sistemang ito sa unang pagkakataon:

- 1.** Upang markahan ang mga balota, pupunan ng mga botante ang mga oval sa tabi ng kanilang mga napili.
- 2.** Magkakaroon ng mga ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota) at accessible na ballot-marking device (aparatang pang-marka ng balota) ang lahat ng lugar ng botohan. Ilan sa mga katangian ng aparatang pang-marka ng balota ay:
 - Audio at touchscreen na format ng mga balota (mayroong headphones at keypad na may nakaumbok na braille)
 - Akma sa mga aparatang nakatutulong tulad ng mga sip-and-puff (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga) at head pointer (aparatang pangpindot na nakalagay sa ulo)
 - Seguridad sa lihim na balota at bilangan ng boto. Hindi nag-iimbak ng mga pinagpilian ng mga botante ang mga ballot-marking device; pagkatapos markahan ang balota, kailangang i-print ng mga botante ang kanilang balota at i-scan ito gamit ang ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota).
- 3.** Bago ang bawat eleksyon, sinusuri ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng kagamitan sa pagboto ng Lungsod upang matiyak na ang mga kagamitang ito ay gumagana at nagbibigay ng mga lohikal at tiyak na mga resulta. Bukas sa pampublikong obserbasyon ang pagsusuring ito; sa personal o sa pamamagitan ng livestream sa sfelections.org/observe.
- 4.** Walang anumang bahagi ng sistema ng pagboto ng Lungsod ang kumokonekta sa internet o tumatanggap o nagpapadala ng datos sa pamamagitan ng anumang panlabas na network ng komunikasyon. Sa pagsisikap na makapagbigay ng lubusang transparency (pagiging bukas sa pagsisiyasat), ipinopost ng Departamento ng mga Eleksyon sa website nito ang mga imahe ng mga binotohang balota, kabilang na ang impormasyon kung paano binasa at binilang ang mga marka sa bawat balota.



Panatilihing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante!

Mahalagang suriin ninyo ang impormasyon sa inyong rehistrasyon bilang botante bago ang bawat eleksyon. Kung naglalaman ang inyong rekord ng hindi napapanahong impormasyon tulad ng maling address na pang-koreo, maaaring hindi ninyo matanggap ang mga opisyal na pang-eleksyong materyales, kasama na ang inyong balotang vote-by-mail. Maaari ninyong suriin ang impormasyon sa inyong rehistrasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa voterstatus.sos.ca.gov o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

Para i-update ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon, (muling) magparehistro sa registertovote.ca.gov, o makipag-ugnayan sa Departamento upang humiling ng papel na form ng rehistrasyon.

Sa Mayo 23, 2022 ang deadline sa (muling) pagpaparehistro online o sa pamamagitan ng koreo para sa Hunyo 7, 2022 na eleksyon. Matapos ang nasabing petsa, kailangan ninyong i-update nang personal ang inyong impormasyon sa sentro ng botohan o lugar ng botohan.

Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante

Ginagamit ng opisyal ng eleksyon ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon upang mapadalhan kayo ng mga opisyal na mga pang-eleksyong materyales. Ipinagbabawal ng batas at isang misdemeanor ang komersiyal na paggamit ng impormasyong nasa rehistrasyon ng botante. Maaaring ibigay ang impormasyon tungkol sa botante, kapag ito'y hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, politikal, o mga layunin ng pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Ang ilang impormasyon tulad ng lisensya sa pagmamaneho, mga numero ng social security at mga pirma sa rekord ay hindi maaaring maisiwalat para sa mga layuning ito. Kung kayo'y mayroong anumang katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung nais ninyong magreport ng pinaghihinalaang maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado, walang bayad sa: (800) 345-VOTE (8683).

Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Ang Safe at Home ay programa para sa kumpidensyal na address na pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ng California. Maaaring maging kuwalipikado ang ilang botante, na humaharap sa mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay, para sa status na kumpidensyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Safe at Home program ng Kalihim ng Estado sa walang bayad (877) 322-5227, o bumisita sa sos.ca.gov.



Worksheet ng Balota: Hunyo 7, 2022 na Eleksyon

Para makatipid sa oras at makaiwas na makagawa ng mga pagkakamali sa inyong opisyal na balota, gamitin ang worksheet na ito tulad ng sumusunod:

1. Gawing reperensiya ang halimbawang balota na makikita sa pangunahing Ingles na bersiyon ng Pamplet na ito, o makukuha online sa sfelections.org/voterportal.
2. Para sa bawat labanan, suriin ang mga kandidato sa inyong halimbawang balota pati na rin ang isinusulat-lamang na mga kandidato sa sfelections.org/writein.
3. Isulat ang (mga) pangalan ng inyong mga piniling (mga) kandidato o markahan ang "Oo" o "Hindi" para sa mga panukalang-batas sa balota gamit ang itinalagang espasyo.
4. Kopyahin ang inyong mga pinili mula sa ballot worksheet na ito sa inyong opisyal na balota.

MGA KATUNGKULAN

MGA KATUNGKULANG PANG-ESTADO AT PAMPEDERAL *(Bumoto ng isa)*

Gobernador	
Tenyente Gobernador	
Kalihim ng Estado	
Kontroler	
Ingat-Yaman	
Pangkalahatang Abugado	
Komisyonado ng Seguro	
Miyembro ng Lupon ng Tagasingil ng Buwis, Distrito 2	
Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo	
Senador ng Estados Unidos (Buong Termino) <i>Para sa buong 6 na taong termino na matatapos sa Enero 3, 2029 ang labanang ito.</i>	
Senador ng Estados Unidos (Natitirang Bahagi ng Termino) <i>Para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na matatapos sa Enero 3, 2023 ang labanang ito.</i>	
Kinatawan ng Estados Unidos sa Kongreso, Distrito 11 o 15	
Miyembro ng Asembleya ng Estado, Distrito 17 o 19	

KATUNGKULAN SA LUNGSOD AT COUNTY *(ibinoboto gamit ang ranked-choice voting)*


Abugado ng Lungsod	
---------------------------	--

MGA PANUKALA SA BALOTA

MGA PROPOSISYON SA LUNGSOD AT COUNTY		OO	HINDI
A	Bond (utang ng gobyerno) para sa Pagiging Maaasahan ng Muni at Kaligtasan sa mga Kalye		
B	Building Inspection Commission (Komisyon sa Pag-iinspeksiyon ng mga Gusali)		
C	Iskedyul ng mga Gawain para sa Recall (Pagpapaalis sa Katungkulan) at Pagtatalaga para sa Nabakanteng mga Katungkulan		
D	Office of Victim and Witness Rights (Opisina para sa mga Karapatan ng mga Biktima at Saksi); Serbisyo Legal para sa mga Biktima ng Karahasan sa Tahanan		
E	Behested Payments (Perang Hinihiling ng Pamublikong Opisyal para sa Layuning Lehislatibo, para sa Gobyerno, o Pangkawanggawa)		
F	Pangongolekta at Pagtatapon sa Basura		
G	Pagliban nang Dahil sa Emergency sa Pamublikong Kalusugan		
H	Panukala ukol sa Recall (Pagpapaalis sa Katungkulan) ni Chesa Boudin		



May mga Tanong ba Kayo?



Makakausap ang aming Voter Support team sa isang tawag o click lamang...

Makakausap ang mga operator ng telepono na nagsasalita ng iba't ibang wika, mula Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., at sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon, Hunyo 7, (Mayo 28–29 at Hunyo 4–5), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m. Sa Araw ng Eleksyon, bukas ang aming mga linya mula 6:30 a.m. hanggang 8 p.m.

Maaari din ninyong ipadala anumang oras ang inyong mga katanungan sa pamamagitan ng koreo o email.



English: (415) 554-4375
Español: (415) 554-4366
中文: (415) 554-4367
Filipino: (415) 554-4310
TTY: (415) 554-4386



sfvote@sfgov.org



Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

O subukang gamitin ang isa sa mga nakatutulong na online na kasangkapan para sa botante:

- Tingnan ang inyong rehistrasyon, subaybayan ang inyong balota, humiling ng pamalit na balota, at iba pa sa sfelections.org/voterportal
- Alamin kung nagbago na ang inyong pinagbobotohang distrito sa sfelections.org/myvotingdistrict
- Mag-sign up para sa mga email, text, o tawag na notipikasyon ukol sa pagsubaybay sa balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov
- Planuhin kung paano kayo boboto sa Hunyo 7 na eleksyon sa sfelections.org/myelectionnavigator
- Hanapin ang lokasyon ng mga hulugan ng balota sa sfelections.org/balotdropoff
- Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan at i-check ang oras ng paghihintay sa sfelections.org/myvotinglocation
- Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon sa registertovote.ca.gov

DEPARTMENT OF ELECTIONS

City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4386
sfelections.org



NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

Notice: If the person below is not at this address, please help keep the voter rolls current and save taxpayer dollars by returning this pamphlet to your mail carrier.

Address ng inyong botohan:


Address na Pang-koreo / Mailing Address:

Blank area for entering the address of the voter and the mailing address.



Accessible ba ang pasukan at ang lugar ng botohan?

Mahalagang Paalala!



I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail.

Maaaring piliin ng sinumang rehistradong botante na bumoto sa balotang matatanggap nila sa koreo sa unang bahagi ng Mayo o bumoto nang personal sa Hunyo 7, 2022 na eleksyon.



Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon.

Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay kailangang mai-postmark bago o sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7. Nabayaran na ang selyo ng pambalik na sobre ng balota na kalakip ng inyong paketeng vote-by-mail.

Ang mga balotang ibabalik nang personal ay kailangang ihatid sa opisyal na kahon na hulugan ng balota, sa Sentro ng Botohan sa City Hall, o sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Hunyo 7.



Subaybayan ang inyong balota.

Bisitahin ang sfelections.org/voterportal para i-check kung ang inyong balota ay natanggap at nabilang. Maaari din kayong mag-sign up para sa mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa pagsubaybay sa balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang loob ng pamplet na ito, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 o sa sfvote@sfgov.org, o bisitahin ang sfelections.org.